

# BAKIT HINDI TAYO ISANG DENOMINASYON?



Isang pribilehiyo na makadako sa pulpito muli, pagkatapos ng halos, sa palagay ko, halos tatlong buwan din na wala ako rito. Ang mga squirrel po'y nahirapan, ganoon din po ako. Oh, pero nakapagpahinga ako nang mahaba, opo, ngayon, at 'yung pakiramdam mo'y mas parang gustung-gusto mong makabalik na agad. At may inaasahan tayo ngayon simula sa parating na sanlinggong ito, itong parating na pong Miyerkules ng gabi, na isang—isang rebaybal dito sa tabernakulo. At kung loobin ng Diyos, ako'y may parang. . . Ang Panginoon ay nangako sa akin ng iba't bagong uri ng ministryo. At kung kaluguran Niya na gawin 'yun, umaasa ako na masimulan na 'yang—'yang bagong uri ng gawain sa parating na sanlinggo, dito sa tabernakulo, na ito ang maging unang lugar.

<sup>2</sup> At heto, wala po akong naka-iskedyul na mga pagtitipon, 'yung Australia at New Zealand lang, sa parating na Enero. At heto rin na tinawagan ako ni Kapatid na Osborn para sa isang sama-samang pagtitipon na medyo nakapangako ako sa kanya rito di pa katagalan, sa Tulsa, pero medyo matagal pa, haya't di pa rin kami sigurado dun.

<sup>3</sup> Napaka inam nga, Kapatid na Jeffreys, na makamayan ka diyana sa likod, at pati ang mapakinggan ang anak mong lalaki na inawit niya 'yung awiting 'yun, at ikaw ang tumugtog nun. Gusto ko nga 'yang ganyan, tatay at anak niyang lalaki. Hindi po ba't gusto n'yo rin 'yun? “Palakihin mo ang bata sa daan na dapat niyang lakaran.” Tama, G. Guenther, alam n'yo—alam n'yo na tama 'yun, kayong dalawa. “Palakihin mo ang bata sa daan na dapat niyang lakaran, at pagka tumanda siya'y di nito hihiwalayan.” At totoo po 'yun. Siguro'y may mga pagkakataon na hihiwalay siya mula roon, pero hindang-hindi ito hihiwalay mula sa kanya. Kita n'yo? Ito'y—ito'y mananatili sa kanya. Yan ngang pagsasanay sa kanya habang bata pa lang at kung ano pa na ginawang pagpapalaki sa kanya na dapat niyang gawin, ito'y—ito'y mananatili't mananatili sa kanya. Ngayon, ito'y. . .

<sup>4</sup> Nagkita kami ni Kapatid na Jeffreys doon, tapos sabi ko, “Kapatid na Jeffreys. . .” Sa isip-isip ko, alam n'yo, haya't lagi talaga akong nagagalak na makita ang sinuman sa mga kapatid na bumibisita, lalo na sa isang gabi na ito na ang bumibisitang kapatid ay naparito! Ito'y gabi na pawang mga taga-rito lang ang kadalasang nakadadalo sa tabernakulo, bago ang rebaybal na ito. Ito po 'yung gabi na 'yun. . . Gusto nating talakayin sa

gabing ito, at bukas ng umaga, at bukas ng gabi, ang bagay na sinasampalatayanan natin dito sa tabernakulo, na—na saysayin ang mga 'yun muli. Mayroon tayong mga paniniwala na ang dating ng mga 'yun ay kakaiba, may pagkakatwa, pero sa kabila nun ay natatagpuan natin ang mga 'yun sa Bibliang ito. Nandun nga ang mga 'yun.

<sup>5</sup> At ngayon, kung may mga mga kapatid na lalaki o kapatid na babae tayo rito na mga di taga-rito, na kabilang sa isang denominasyon, o—o hindi sumasang-ayon, na mauupo sila sa gabing ito, gusto naming ipaalam sa inyo na lubos-lubos namin kayong tinatanggap. Kita n'yo, kayo po'y tanggap na tanggap dito. Pero ngayon sana po. . . At kung sakali mang dumating sa punto na medyo maging mariin ito. Na kung dumating sa punto na di kayo sang-ayon dun, buweno, ngayon, gawin n'yo lang po 'yung ginagawa ko kapag kumakain ako ng cherry pie. Haya't kapag ako'y kumakain ng cherry pie, na paborito ko, lagi nga akong, kapag ako po'y. . . Kapag kumakain ako ng pie, kapag nararamdaman ko na 'yung buto, di po 'yung pie ang tinatapon ko. Ang—ang tinatapon ko ay 'yung buto at patuloy ko lang na kinakain ang pie. Parang, o tulad na lang po kapag kumakain ng manok. Ngayon, lahat kayo'y gustung-gusto ng manok, kita n'yo. At kapag dumarating kayo dun sa buto, di kayo umaayaw na lang agad, ang ginagawa n'yo nga'y 'yung paligid ng buto ang kinakainan n'yo at tuluy-tuloy lang kayo sa pagkain ng manok. Buweno, 'yan ang gawin n'yo sa gabing ito, haya't ang sinasabi ko rito, inyong. . . kapag dumating kayo sa isang bagay na ganoon, sabihin n'yo, “Ngayon, di ko—di ko yata. . . Sige't mauupo lang ako rito, dahil mga munting Turo't Aral sa iglesya ang tatalakayin nila, sa magkakasunod na tatlong pagtitipon na ito. Parang ang ginagawa nila'y sinasaysay lang nila uli ang kanilang—ang kanilang paniniwala, at tinutugaygay lang ang mga 'yun uli.”

<sup>6</sup> At ang tanging bagay na magagawa mong mapaniwala ang isang tao Rito, ay ang tugaygayin 'yun nang mariin hanggang sa mabatid nila na Yun pala ang bagay na katotohanan. Yun lang ang paraan para maibunsod mo na mapatimo 'yun. Tulad na lang sa isang kaibigan ko, si G. Wood na matagal-tagal ko na ring nakakasama; haya't kung 'yung pagkakabaon n'yo ng pako ay kalahatian lang, tapos 'yung tabla'y di masyadong nakakabit, habangin ito at makakalas. Haya't kinakailangan n'yo ngang mapabaon 'yun, para kumapit nang husto. Kaya naman ngayon kung makapagsabi ako ng talagang nakakasakit sa ilan pong mga bahagi, at sa inyo na mga bisitang nakaupo ngayong gabi, hindi ko—hindi ko pakay na kayo'y siraan. Ang sinisikap ko lang dito'y mapatimo nang husto sa iglesyang ito ang amin ngang sinasampalatayanan. Sige po't lahat ng talagang nakakaunawa, magsabi ng, “Amen.” [Sinabing kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Mainam po. Talagang—talagang mainam 'yan. At ngayon para

maibahagi ko na ito mula sa aking mga kamay. At heto—heto po. . . Nirerekord nila ito, at siyanga, para sa paglaon, kung gusto ng mga taong malaman kung ano mismo ang kinatatayuan namin, at kung anong mga batayan ang pinagbabasehan namin, ang mga rekording na ito ang makapagsasabi. At heto po na lagi namin itong ginagawa, dahil may mga baguhan sa tuwina na mga dumadalo at—at tinutugaygay namin 'yun. At ngayon di po natin magagawang talakayin ang lahat ng mga Turo't Aral ng iglesya, pero siguro'y ilan lang na gusto nating—nating ipangusap. At ngayon, Miyerkules ng gabi, siyanga, ang simula ng. . .

<sup>7</sup> Ngayon, Lunes at Martes, may pupuntahan ako, para ako'y makapanalangin, makapaghanda para sa gawain na ukol sa pagpapagaling. At sige lang po't tumawag kayo sa telepono, o kung anumang paraan n'yo, at makapagsama rito ng kahit sino na gusto n'yo, para sa parating na rebaybal. Tapos banggitin n'yo na rin na 'yung pagpunta nila rito ay di madalian, na di pupunta rito, na magsasabi, "Buweno, ngayon pupunta lang ako roon at para maipanalangin, ngayong gabi. At bukas ng gabi, tatal ano lang 'yun. . ." Huwag pong ganun. Magpunta kayo rito at makinig nang kaunti, dahil gusto naming maglaan ng sapat na panahon at ilatag mismo ang Salita nang latag na latag mismo na ang diyablo'y wala siyang kahit isang tuldok man na espasyo para makakilos. At hayan po na kapag pinairal n'yo ang inyong pananampalataya na tumugaygay hanggang sa makarating sa kadulu-duluhan nito, hanggang sa unti-unti na kayong manampalataya, hayaan n'yong ang pangalawahing kamalayan n'yo ang kumilos, at pagkatapos ay itataguyod 'yan ng pananampalataya ng Diyos. Pagkatapos dun pa lang kayo makapagpapatuloy. Kita n'yo?

Dahil, walang masyadong ibubunsod ang pananampalataya n'yo. Yang pangalawahing kamalayan n'yo ay doon tutungo't tutungo sa direksyon na pinupuntahan ng pananampalataya n'yo, at pagkatapos kikilos ang pananampalataya ng Diyos na aalalay ito sa likod at ipagtitibay ang buong 'yan. Kita n'yo? Dahil, kung sabi ng pananampalataya mo, "Oh, oo, kamit ko na ito ngayon!" Tapos 'yung pangalawahing kamalayan mo, ay umuurong, nagsasabi, "Pinagtatakanan ko kung gagana kaya ito sa akin?" Wala pong mabuting maidudulot, kung ganoon. Kita n'yo? Kaya ang mithi nati'y maging isang tunay na gawain ng pagpapagaling ito. At bago ako magpapasok ng sinuman sa mga silid diyan, at iba pa, para sa pagpapagaling, o sa bagong mga gawain na ito, ang gusto ko nga'y naiintindihan nila nang lubos kung ano ang ipinunta nila roon. Kaya tandaan n'yo, at magpunta't bisitahin kami, at ikagagalak namin na maparito kayo sa amin.

<sup>8</sup> Ngayon alalahanin n'yo, ngayon, sa umaga, ipagpapatuloy natin ang pagtalakay sa Turo't Aral ng iglesya. At bukas ng

gabi ay ganoon din uli. Ngayon kayo'y tanggap na tanggap na maparito, at kahit sino'y puwede pong dumalo. Ikinagagalak namin na makita ang kahit sino. Pero ngayon ito, sa gabing ito, ang pinag-uukulan po nito'y ang mga taga-rito sa tabernakulo, na—na pinalaki sa Turo't Aral na ito. Dahil, sa labas, sa labas sa pagi-ebanghelyo, ang tinatalakay namin dun ay 'yung mga unang simulaing aral, mga ebanghelikal na Turo't Aral ng mga Kasulatan. Pero dito sa tabernakulo, mayroon kaming sariling mga kaisipan at sariling mga paniniwala, bilang isang—bilang isang—bilang isang iglesya, at 'yun ang sasaysayin namin, sa gabing ito.

<sup>9</sup> At bago natin buklatin ang Kanyang pinagpalang Salita, maaari bang iyuko natin ang ating mga ulo para sa kaunting sandali na pananalangin?

<sup>10</sup> Pinaka makapangyarihan sa lahat at makapangyarihang Diyos, Na, bago pa uminog ang mundo sa pinaka unang atom, Ika'y Diyos na. Hindi Ka nagbago ni katiting. At sa pagdating ng sandali na wala ng mga atom para panatilihin ito, at wala nang mundo para panatilihin, Ika'y nananatili pa ring Diyos. Ika'y sumasa walang hanggan, at mula sa walang hanggan. Ikaw mismo ang Diyos. Wala Kang pasimula ng panahon, ni kawakasan man ng buhay. Mananatili Kang ganoon sa tuwina. At, Ama, sa Iyong pagiging walang katapusan, at kami sa amin pong pagiging may katapusan, heto po na humihiling kami ng Makalangit Mong awa, Diyos, sa pagkakatanto na ang espiritu naming ito ay lalakip tungo sa Walang Hanggan, palabas mula sa mga elementong ito ng oras, patungo sa Walang Hanggan. Kaya naman, Panginoon, naparito kami para siyasatin ang aming pagkaligtas, para makita namin kung papaano ang tayo namin sa harapan ng Iyong Salita, at para makita namin kung papaano ang pagkakatayo namin sa aming mga karanasan. Na kami ba'y namumuhay na kalugud-lugod sa Iyo? Ang amin bang espiritu'y nagpapatotoo na kalakip ang Iyong Espiritu? At kung ang turo ba nami'y nagpapatotoong kalakip ang Bibliang ito? At, Ama, nawa'y masiyasat namin ang dalawang ito, nang mainam, sa magkakasunod na tatlong parating na mga gawain na ito. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon.

<sup>11</sup> Iyo pong pagpalain ang pastor rito, ang mga diyakono, ang mga katiwala, at ang lahat ng mga miyembro, ang mga taong nagpupunta rito sa simbahan. Mula nung una kong mga araw rito, Panginoon, napaka rami't, marami po ang di ko kakilala sa kanilang pangalan, o kung taga-saan sila, pero nakatitiyak ako na Iyo pong nalalaman ang lahat-lahat tungkol sa kanila. At naparito po kami para sa isang layunin na 'yun, sa gabing ito, Panginoon, ang makapagbuklod sa palibot ng nakasulat na Salita. At Iyo pong ipagkaloob sa amin ang Espiritu Santo sa aming mga buhay, na kami'y makaupo nang payapa, at may pananatili, at nang may takot sa Diyos, at masiyasat namin ang

aming mga buhay sa pamamagitan ng Kanyang Salita. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon.

<sup>12</sup> At sa gusaling ito, ngayong gabi, Panginoon, narito ang mga kapatiran ko na nasa iba't ibang yugto sa—sa iglesia. At, Panginoon, ikinagagalak ko nang lubos na sila'y naparito para sumamba. Marahil kami'y di sang-ayon sa isa't isa sa maliliit na mga panuntunan ng mga Doktrina. Pero sa isang dakila't mahalagang panuntunan na 'yun, kami nga'y nakatayo bilang magkakapatid na nagkakaisa sa unahang hanay. Na, Oh Diyos, nawa'y mapagtibay nito ang aming—aming mga pagsasama-sama, at ang aming... at ang mga bigkis ng biyaya ng Diyos at nawa'y ang pag-ibig ay manangan sa amin nang masagana. Ngayon, akin ngang napagtatanto, Panginoon, na masyadong mabigat ang trabahong ito para sa isang tao na gawin, dahil kami'y narito na isinasaalang-alang namin, sa gabing ito, ang patutunguhan ng mga kaluluwang tungo sa Walang Hanggan. Kaya aming dalangin na ang Espiritu Santo'y lumagak mismo sa Salita, at ilatag Ito at ipaliwanag Ito sa Kanyang Sariling paraan, sa amin, ang mga bagay na ninanais Niyang malaman namin. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon. At kapag ang tatlo... na mga oras ng gawain ay tapos na, kami nawa'y humayo bilang isang kinasihan ng kalakasan na iglesia, bilang isang nagkakaisang pagbubuklod, na mailagay namin ang aming mga puso't aming mithi nang magkakalakip, kasama ang kapwa namin na mga mamamayan sa Kaharian ng Diyos, at sumulong nang higit sa dati.

<sup>13</sup> Nais ko pong pasalamat Ka, Panginoon, dito sa piling ng iglesia at—at ng mga taong naparito, sa ipinagkaloob Mo sa akin na ilang sanlinggo ng mainam na pahinga. Napakasarap ng pakiramdam ko ngayong gabi dahil sa Iyong Presensya at sa Iyong pagpapala. Oh Diyos, idinadalangin namin ang aming kapatid na lalaki rito, ang kapatid naming tutungo sa ibayong-dagat, doon sa ibayo na madilim, na masalimuot na mga bansa, na ang sarili niya mismong buhay ay maaaring mapahamak. Oh Panginoon, Iyo pong pagpalain si Kapatid na Jeffreys sa kanya pong paghayo, at ang kanyang anak na lalaki, ang kanyang maybahay, at pagkalooban Mo po siya ng higit na paglago. Siya nawa'y makapagbukas ng mga siwang sa kadiliman hanggang ang Ebanghelyong Liwanag ay suminag mismo nang malayo't malawak ang abot. Iyo pong dinggin kami, Ama, sapagkat hinihiling namin ang hiling na ito sa Pangalan ng Panginoong Jesus, na Iyong Anak. Amen.

<sup>14</sup> Ngayon, sa gabing ito, magbabasa po ako sa maliit kong Bibliang Scofield. Kalalampas ko lang po ng edad dalawampu't lima, nito-nito lang. At nakababasa pa naman ako, pero medyo malabo na. Kaya nagsusuo't ako ng pares ng salaming pambasa kapag nag-aaral ako, at ngayon ay titingnan ko kung uubra ito ngayong gabi, bilang unang beses ko.

Ngayon may mga paksa ako, na parang ganito, na, “Ang Iglesia ba’y dapat na . . .” Oh, napakarami po nito, sana nga’y makadako tayo sa mga ito. Ang isa rito, “Bakit tayo tinatawag na Iglesia? Bakit hindi tayo isang denominasyon? Bakit—bakit tayo naniniwala sa Walang Hanggang seguridad ng kaluluwa ng mananampalataya? Bakit ba natin kinokondena ang mga babaing mangangaral? Bakit nga ba tayo nagbabautismo sa pamamagitan ng paglulubog? At ang Iglesia ba’y dadaan dun sa Kapighatian?” At marami po akong mga paksa rito, siguro’y may labing-apat o labing-walo ako rito, para sa mga susunod na ilang gabi.

<sup>15</sup> Heto nga na iniisip ko, ngayong gabi, na mag-umpisa, na magsimula sa, haya’t mistula ngang inilalagay ng Panginoon sa puso ko ang isang paksang ito, na . . . *Bakit Hindi Tayo Isang Denominasyon?* Ang dahilan kung bakit . . . Ngayon, wala po tayong anumang pagtutol sa mga tao na denominasyon. Wala po tayong anumang pagtutol sa kanila, pero gusto ko lang pong ipaliwanag kung bakit hindi tayo nakikisama sa anumang denominasyon. Haya’t ako po’y naordenahan sa isang munting Baptist na iglesia, gaya ng nalalaman n’yo. At ang Baptist ay di pa isang denominasyon noon, hindi pa noon, ngayon na lang, at hayan nga’t nagiging denominasyon na denominasyon na ito gaya ng iba pa. Pero, ang dahilan kung bakit di tayo nagiging denominasyon . . .

<sup>16</sup> Ngayon, tayo po’y isang organisasyon. Tayo po’y isang organisasyon, nakalista tayo rito sa—sa mga korte, bilang isang organisasyon, isang grupo ng mga tao na inorganisa na sama-samang sumasamba kay Cristo, pero hindi tayo denominasyon. Wala ngang kahit sino ang maaaring mag-denomina sa ibabaw natin, kita n’yo. Hindi ito denominasyon. Isa—isa lang itong organisasyon, isang pagbubuklod ng mga mananampalatayang Cristiano. Dumadalo ang mga tao rito sa simbahan. At ito po ang nagiging tahanan nila para sa mananamba kung nagnanais silang dumalo, habambuhay.

<sup>17</sup> At marahil may pagkakataon na nagpupunta sila rito at di sila sang-ayon sa lahat ng ipinangaral natin dito. Ayos lang ’yan. Kayo pa rin, basta’t isa kayong Cristiano, mayroon kayo ritong pakikipagbuklod, at nakikipagkamayan gaya ng iba pa. Kita n’yo? Kung halimbawa’t sabihin ko na naniniwala ako sa pagbabautismo sa pamamagitan ng paglulubog sa tubig, at ikaw nama’y naniniwala sa pawisik-wisik, at nananatili roon, ganoon pa rin ang pakikitungo namin sa inyo na parang nagkakasundo pa rin tayo sa paniniwala. Marahil di tayo sang-ayon sa isa’t isa nang mata-sa-mata, na magkatulad talaga. Pero basta’t isa kang Cristianong kapatid na lalaki o kapatid na babae, lubos na malugod kayong tinatanggap, kita n’yo, lahat po.

<sup>18</sup> Kaya wala tayong denominasyon, dahil sa tingin ko itong denominasyon ang sanhi talaga ng pagkakawatak-watak ng

pagkakapatiran. May iba sa kanila na magsasabi, “Buweno, wala kaming pakialam sa rebaybal na ’yan. Rebaybal kasi ’yan ng mga Methodist.” “Buweno, Baptist kasi ’yang mga ’yan. Wala kaming . . . Mga Methodist kami. Wala kaming kinalaman diyan.” Kapatid, basta’t si Cristo’y naroon, dapat lang—dapat lang na may kinalaman tayo roon. Kinakailangan natin mismo na maisantabi ang ating . . . Ito—ito ang Katawan ni Cristo na—na nagbabata ng dusa. Haya’t nakikita ko na talamak na ito sa buong bansa ngayon, ’yung kung papaanong tayo . . . Ngayon, kailanma’y di ginawa ni Cristo, kahit kailan, na mag-organisa ng kahit na anong denominasyong iglesya. Ngayon, mayroong matibay na katunayan ito.

<sup>19</sup> Ngayon, ngayon, tatanungin ko kayo bukas ng gabi, kung may ilan man sa mga bagay na ito ang gusto n’yong malaman, ’yung tungkol man sa kasaysayan na binabanggit ko, o kung ano pa mang iba. Wala lang po akong oras para isa-isahin ’yan nang husto, baka di ako makausad sa ibang mga paksa, dahil puwede ka ngang umabot nang ilang linggo sa pagtugaygay sa isang paksa. Pero kung may bahagi kayo na gustong malaman, kung ano man, tanungin n’yo lang ako, at ilapag n’yo lang dito sa ibabaw—sa ibabaw ng pulpito, at sasagutin ko para sa inyo.

<sup>20</sup> Ngayon, ang pinaka matandang denominasyon, at ang unang denominasyong iglesya mismo na mayroon tayo, ay ang iglesyang Katoliko. At naorganisa ’yun ng tatlong daan at ilang mga taon pagkatapos ng kamatayan ng pinaka huling alagad. At ’yun po ang totoo. Makikita n’yo ’yun sa sinaunang Nicene Fathers, at makikita n’yo ’yun sa mga sulat ni Josephus, at, oh, sa maraming mga—mga kilalang mananalaysay ng kasaysayan. Kita n’yo? At sa hinaba-haba mismo ng—ng . . . alinman sa mga iglesyang kapanahunan, hanggang dun sa kamatayan ng huling alagad, at sa tatlong daang taon sa kabilang panig na ’yun sa panig ng mga alagad, wala roong mga iglesyang denominasyon. At ang Katoliko ang pinaka unang pagdedenominasyon ng iglesya.

<sup>21</sup> At ang mga Protestanteng iglesya ay mga denominasyon na hinatak palabas mula sa isang denominasyon. Ang unang repormasyon na dumating, ay si Luther; pagkatapos ni Luther ay dumating si Zwingli, pagkatapos ni Zwingli ay dumating si Calvin, at tuluy-tuloy pababa. At tumugaygay sa Wesleyan na Rebaybal, tapos tumugaygay kina Alexander Campbell, John Smith, at kung anu-ano pa, kita n’yo, pababa. At itong huling mga kilusan na mayroon tayo ngayon ay itong iba’t ibang yugto ng Pentecostal na kapanahunan.

<sup>22</sup> At naniniwala ako na ang Diyos ay nakikipag-ugnay sa bawat kapanahunan. Pero napansin n’yo ba ’yun, na sa tuwing ang isang iglesya’y bumabagsak, at sa punto na nagiging denominasyon sila ay doon ’yung umpisa ng pagbagsak nila? At kapag sila’y bumagsak na, hindi na iniaahon ng Diyos

ang iglesyang 'yun uli. Dumidiretso 'yun mismo sa binhi. Ngayon inyong . . . Kung gusto n'yong malaman ang kasaysayan tungkol diyan, sige't—sige't ilalabas natin, na—na walang iglesya talaga, maski isa sa kasaysayan ng kaiglesyahan, walang kahit isang denominasyon na bumagsak at pagkatapos nakaahon uli. Baptist, Methodist, Presbyterian, Lutheran, anupaman 'yan, kapag sila'y bumagsak, wala na sila. Ngayon, ganoon po 'yun. Ngayon, ito, sinasabi ko—sinasabi ko na sa inyo ngayon, higpitan n'yo ang gayak n'yo, dahil ididiin natin ito nang maigi. Kita n'yo? Wala pa kahit kailan, ni isang beses. Kapag ang isang tao'y hahayo na isang indibiduwal na't mag-oorganisa pa ng iglesya, dun nagsisimula.

<sup>23</sup> Ang Diyos ay nakikipag-ugnay sa mga indibiduwal, hindi sa denominasyon. Ang Diyos sa anupamang kapanahunan ay di nakipag-ugnay sa denominasyon. Lagi Siyang nakikipag-ugnay sa isang indibiduwal. Sa Lumang Tipan, nakipag-ugnay Siya sa indibiduwal. Sa Bagong Tipan, nakipag-ugnay Siya sa indibiduwal. Sa anupamang ibang kapanahunan, lagi Siyang nakikipag-ugnay sa mga indibiduwal, at di kailanman sa mga denominasyon. Kaya, kung ganoon pala, kung ang Diyos ay wala sa denominasyon, para sa ano pa na ako'y magkakaroon ng kaugnayan sa isang denominasyon? Ngayon, hindi po ang mga tao sa loob ng denominasyon ang tinutukoy ko, ang tinutukoy ko rito ay 'yung denominasyon mismo, dahil ang mga tao ng Diyos ay naroon pa sa lahat ng mga denominasyon na 'yun.

<sup>24</sup> Ngayon, hindi ipinapahintulot ng Diyos na mangyari ang isang bagay maliban na Siya'y magbigay muna ng babala ukol dito. Hindi ako naniniwala na walang . . .

<sup>25</sup> Ngayon, katulad na lang may mga lumalabas na usapin, sa mga kaiglesyahan, katulad na lang nung nabanggit natin nitonito lang tungkol dun sa dugo at langis, at iba pa. At alam n'yo 'yung “Minamahal na Kapatid na Branham” na mga liham, at kung ano pa. Pero ang dahilan nga kung bakit ako tumitindig na tutol diyan, ay dahil wala naman 'yun sa Salita. At 'yan ang dahilan kung bakit tutol ako sa denominasyon, dahil wala 'yun sa Salita. At kinakailangan na may bagay na pinagsasaligan tayo ng pananampalataya natin. At di puwedeng basta na lang nakasaligan sa anumang denominasyon, haya't kinakailangan na maisaligan natin 'yun sa Salita ng Diyos. Dahil Yun lamang ang tanging saligan, ang Salita ng Diyos.

<sup>26</sup> At kaya naman kung ang Salita ng Diyos ay di nagsasalita na sang-ayon sa denominasyon, bagkus nagsasalita na laban sa denominasyon, kung ganoon ay kinakailangan nating magsalita na nakabatay sa Salita. Kahit na ano pa ang sabi-sabihin ng obispo, ng kahit sino, anupaman ang isip-isipin ng kung sinu-sino, anuman ang sabihin ng isang mabuting tao, anuman ang sabihin ng kung anu-ano, kung di 'yun ayon sa Salita ng Diyos, mali 'yun. Kita n'yo? Ganoon 'yun, ang Salita kasi ang dapat



na panghuling salita. Ang Salita ng Diyos ang kinakailangan na huling amen.

<sup>27</sup> Ngayon alalahanin n'yo, di ko po ipinapalabas na hindi na Cristiano ang kung sino (nauunawaan n'yo naman 'yan) kayo na mga nasa denominasyon. Nasa sampung makailang libong kalugud-lugod na mga kaluluwa ang nandiyan sa lahat ng mga denominasyon na 'yan, na mga anak ng Diyos. Pero 'yung sila nga'y pagwatak-watakin at paglayo-layuin, diyan ako tutol. At ang Salita ng Diyos ay tutol diyan.

<sup>28</sup> At naniniwala ako na walang ismo sa lupa ngayon, wala ngang ismo na umiral sa lupa, na anupa't pauna nang sinabi ang tungkol sa pagdating nito, ng Salita ng Diyos. Naniniwala ako na ang Salita ng Diyos ay nagtutustos sa lahat-lahat ng kailangan natin, dito mismo sa Salita. Mula pa sa . . . pasimula natin hanggang sa wakas, matatagpuan at matatagpuan mismo sa Salita ng Diyos. At kaya naman naniniwala ako—naniniwala ako na kung 'yun ay nasa Salita ng Diyos, ay marapat lang sa atin na . . . Haya't pauna na Nitong sinasabi. At ang Salita ng Diyos ay isang babala.

<sup>29</sup> Ngayon, hindi n'yo binabasa ang Salita ng Diyos na parang nagbabasa lang kayo ng diyaryo. Binabasa n'yo ang Salita ng Diyos sa pamamagitan ng Espiritu Santo, kita n'yo, dahil ang Espiritu Santo Mismo ay nangungusap sa pamamagitan ni Cristo. Si Cristo nga'y pinasalamatang ang Diyos dahil Kanyang inilihim ang mga bagay na ito sa mga mata ng mga pantas at matatalino, at ipinapahayag ang mga ito sa mga sanggol upang sila ay matuto. Kaya, nakita n'yo, di kailanman naging paraan ang dapat edukado, di kailanman naging paraan ang magtayo ng denominasyon. May isang paraan lang para makamit mismo 'yung tumpak, at 'yun ay, ang mapangunahan ng Espiritu ng Diyos. At ang karanasan na 'yan ay dapat maglumapat mismo sa Salitang ito. Kita n'yo? Tapos makakamit n'yo na. Kita n'yo?

<sup>30</sup> Kagaya na lang ng pagdako natin dito't lumipas na ilang minuto ngayon, heto't nakikitungo tayo sa mga na—na . . . Ang ilan sa kanila ay radikal na mga Calvinist, ang ilan sa kanila ay radikal na Arminian, at—at iba-iba ang pamamaraan. Ngayon, sa tuwina, ika nga'y kahit na gaano pang kanipis ang paghiwamo rito, may dalawang panig lagi riyon. Ganoon nga. At 'yang dalawa na 'yan ay may punto na pinagtatalunan. Pero, ang dapat na pagtuunan ay, saan ba nakalagak ang Katotohanan nito? Diyan po tayo padako, kung saan ba sa iniisip namin, sa biyaya ng Diyos, ay ipakita namin sa inyo ang Katotohanan nito. Ngayon kunin lang natin dito sa . . . at dito ko po kinukuha ang ilang mga turo't aral ng iglesya na nasusulat dito.

<sup>31</sup> Sige't bukatin natin sa inyong mga Biblia, pansumandali, lahat po kayo ngayon. At dumako tayo sa Apocalipsis, sa unang kabanata; o sa Apocalipsis, sa ika-17 kabanata, dun tayo mag-

umpisa. At sige po't simulan nating basahin at alamin ngayon kung saan nagsimula ang mga kaiglesyahang ito, at kung ano—ano ang nagpasimula rito. Ngayon, ang Biblia nga'y paunang nagbababala sa lahat ng bagay. Pauna nga Itong nagbababala patungkol sa mga araw na ating—ating kinabubuhayan. At ngayon, sa Apocalipsis, sa ika-17 kabanata, kung mamarapatin n'yo. Ika-13 po yata ang nabanggit ko, pasensya na po, sa ano pa 'yan. . . Dadako tayo riyan maya-maya, rin, sa propesiya na 'yan patungkol sa Estados Unidos. Pero heto't pakinggan n'yo na itong maigi ngayon.

*At dumating sa akin ang isa sa pitong anghel na may pitong mangkok, at nagsalita sa akin, na nagsasabi. . . Pumarito ka; at ipakikita ko. . . sa iyo ang hatol sa bantog na patutot na nakaupo sa maraming tubig;*

<sup>32</sup> Ngayon alalahanin, mahiwaga nga ito sa pandinig. Ngayon ang babaing ito na bantog dahil sa nakahihiyang reputasyon, ngayon, kung ituturo natin ito, kinakailangan na malaman n'yo muna ang ibig sabihin ng mga simbolo rito. Ngayon, ang isang *babae*, sa Biblia, ay sumasagisag sa “iglesya.” Ilan po ang nakakaalam n'yan, na tayo'y Nobya? Ang Iglesya ay Nobya.

<sup>33</sup> “Pumarito ka at ipakikita ko sa iyo ang hatol.” Ngayon, magkakaroon ng hatol na ipinahayag na ipapataw sa bantog na patotot, ang babaing marumi na nakaupo sa maraming mga tubig. Ngayon, ang sinisimbolo ng *babae* ay ang “iglesya,” at ang sinisimbolo naman ng *tubig* ay “mga bayan.” Ngayon, kung mapapansin n'yo, masdan, sa ika-15 talata habang nandiyan kayo, sa ika-15 talata, sa parehong kabanata.

*At sinabi niya sa akin, Ang tubig na iyong nakita, na kinauupuan ng patutot, ay mga bayan, . . . mga karamihan, . . . mga bansa, at wika. (Kita n'yo?)*

<sup>34</sup> Ngayon, itong bantog na iglesya, bantog na babae, ngayon alalahanin n'yo na siya'y babaing bantog dahil sa kahihiyang. At kung ang sinasagisag ng babae ay ang iglesya, (at ang Iglesya ni Cristo ay isang Nobya, isang banal na Nobya), hayan nga rito ang isang babae na di-banal. Kung ganoon ito'y di-banal, na nagpapanggap lang, na nobya. Kita n'yo? Ngayon, at ano raw ang ginagawa niya? “Nakaupo siya,” o kapag sinasabing nasa *ibabaw*, ibig sabihin, “magkaroon ng kapamahalaan sa ibabaw ng maraming mga tubig.” Sa madaling sabi, may taglay siyang kapangyarihan sa lahat ng mga bansa't mga wika't mga tao. Isa siyang bantog na tao, ang babae ngang ito.

*Ngayon, na siyang pinakiapiran ng mga hari sa lupa, . . .*

<sup>35</sup> “Na siyang pinakiapiran ng mga hari sa lupa,” mayayaman na tao, mga kilalang tao haya't 'yun ang ginawa nila. Papaano nga na magagawa mo, papaano magagawa ng isang hari, na makiapid sa isang iglesya? Ito nga'y espirituwal na pakikiapid.

Espirituwal! Ano ang pakikiapid? Ito’y, buweno, hayan nga’t ang isang babae ay namumuhay na di tapat sa kanyang asawa. Nakikisama siya sa ibang babae habang may asawa na siya. At ang iglesyang ito, hayan nga, ay—ay nagpapanggap na Nobya ni Cristo, habang nakikiapid siya sa mga hari ng mundo, dala ng kanyang maruming pamumuhay, maruming pagkukunwari. Oh, Ito nga’y malalim at Ito’y mayaman. Gustung-gusto ko nga ang Salita. Ngayon pansinin.

*. . . siyang pinakiapiran ng mga hari sa lupa, at ang mga nananahan sa lupa ay nalasing sa alak ng kaniyang pakikiapid.*

<sup>36</sup> Yang “alak” niya ang ipinamimigay niya, ’yung pampasigla niya, “Kami ang Iglesya! Kami ang nag-iisang nakakamit nito.” Kita n’yo? Ngayon, ilagak n’yo lang ’yan sa isip n’yo ngayon. Buweno. “At ako’y kanyang dina- . . .”

<sup>37</sup> Ngayon, ang sabi nung anghel kay Juan, “Ipakikita ko sa iyo ang hatol na parating sa bantog na iglesyang ito.” Ngayon masdan.

*At ako’y kaniyang dinalang nasa espiritu sa isang ilang: at nakita ko ang isang babae na nakasakay sa isang hayop na pula, . . .*

<sup>38</sup> Ang *pula*, sa Biblia, ay sumasagisag sa “pagka-maharlika.” Ang ibig sabihin ng kulay na *pula* ay “mapula.” Ang *hayop* nama’y sumasagisag sa “kapangyarihan.”

Napansin n’yo ba, na ’yung hayop ay umahon mula sa dagat, na nasa Apocalipsis, sa ika-13. At ’yang nakikita n’yong hayop na umaahon mula sa dagat, ang ibig sabihin n’yan ay itong kapangyarihan ay umaahon mula sa mga tao.

Pero dun sa Apocalipsis 13, noong lumitaw ang kordero, sa lupa siya lumitaw, di galing sa mga tao, ang Estados Unidos. Pero kalaunan, heto, nagkaroon siya ng dalawang maliliit na sungay, ang sibil at eklesiyastikal na mga kapangyarihan. At kalaunan tumanggap siya ng kapangyarihan, at nakapagsalita siya na tulad ng ginawa ng dragon na nauna sa kanya. Haya’t markahan n’yo lang, tayo nga’y papalapit na sa isang pag-uusig ukol sa relihiyon na may kalakip na siya ring mga bagay na ginawa ng paganong Roma maraming taon na ang nakalilipas, dahil ito’y GANITO ANG SABI NG PANGINOON.

Ngayon masdan n’yo. “Nakaupo sa ibabaw ng hayop, isang kapangyarihan.”

<sup>39</sup> Napansin n’yo ba si Rebekah? Nung matagpuan siya ni Eliezer, gabi noon, at pinag-igiban niya ng tubig ang kamelyo. Heto nga, na sinabi ni Eliezer, “Ang binibini na darating at iigiban ng tubig ang kamelyong ito, siya ang . . . at bibigyan ako ng mainom na tubig, siya na ang pinili Mo, Panginoon, para maging nobya ng Iyong lingkod, na si Isaac.” At habang nasa

pananalangin pa siya, dumating si Rebekah at umigib ng tubig at binigyan siya ng maininom, at inigiban ng tubig ang kamelyo. Pansinin n'yo, ang kamelyo ay isang hayop. At 'yung mismong kamelyo na inigiban niya ng tubig, ay 'yun ding isinakay siya sa likod para dalhin siya sa mapapangasawa niya, na si Isaac.

<sup>40</sup> At, ngayon, ang kapangyarihan ng Espiritu Santo, na pinag-iigiban at sinasamba ng Iglesia, ay ang siya ring Bagay na magdadala Rito paalis sa lupang ito, para katagpuin ang Mapapangasawa. Hayan nga, naroon sa bukid si Isaac, nung gabi na 'yun. Hindi natin kakatagpuin ang Panginoon doon sa Kaluwalhatian. Mga Taga-Efeso, sa ika-5 kabanata, sinasabi dun na kakatagpuin natin Siya sa alapaap. Oh, maibubunsod nga n'yan na ang Methodist ay humudyat na sumigaw. Pagka-isipin n'yo 'yun! Kita n'yo? Ang Panginoon . . .

Lumabas si Isaac mula sa tahanan ng kanyang ama, at siya nga'y nasa bukid nung makita niya si Rebekah na dumarating na nakasakay sa kamelyo. At ganoon na lang ang pag-ibig ng binibining ito dun sa binata, pag-ibig sa unang tingin, at siya'y tumalon mula sa kamelyo at tumakbo para salubungin ang binata. Ganoon nga. Ganoon natin katatagpuin ang Panginoon. At haya't ang mismong kamelyo na pinag-igiban niya ng tubig, ang nagdala sa kanya sa kanyang asawang lalaki.

At ang mismong Kapangyarihan na sinasamba ng Iglesia, na binabansagan ng mundo na panatisismo, na sinasamba ng Iglesia, ay ang magiging siya ring Kapangyarihang magdadala sa Iglesia doon sa alapaap, "Para katagpuin ang Panginoon sa alapaap." Ang Espiritu Santo! Kita n'yo? May . . .

At, tingnan n'yo, si Rebekah ay isang birhen.

<sup>41</sup> At itong babae naman dito'y isang patotot, itong isa rito na ipinapangusap natin. Ngayon, nakukuha n'yo na ba ang ibig sabihin ng kapangyarihan ngayon? Ang—ang kapangyarihan, ang ibig sabihin nun, ay, ang hayop. Nakaupo siya sa ibabaw ng pula. Ngayon, anong klaseng hayop nga 'yun? *Pula*, 'yun nga'y "mayamang" kapangyarihan. Kaya anong uri ng iglesya itong kahihinatnanan niya ngayon? Siya'y mayamang iglesya nga, at siya'y bantog na iglesya, at siya'y makapangyarihang iglesya, at ang impluwensya niya'y kumakalat sa karamihan at sa mga tao. At ang mga hari ng mundo'y nakagawa ng espirituwal na pakikiapid sa kanya, ito ngang mga bantog na kalalakhian ng lupa. Ngayon tutuklasin natin kung sino ito, sa ilang saglit, at tutuklasin ang tungkol sa mga denominasyon na ito.

*At nararamtan ang babae ng kulay-ube (maharlika), . . . nararamtan ng kulay-ube at ng pula na mga kulay, . . . nahihiyasan ng ginto at ng mga mahalagang bato . . . mga perlas, na sa kaniyang kamay ay may isang sarong ginto na puno ng kasuklam-suklam at ng mga bagay na marurumi ng kaniyang pakikiapid:*

42 Ano 'yung naroon sa kamay niya? Ang doktrina niya, 'yun ang tangan-tangan niya sa mga tao, "Kami ang Iglesya. Kami 'yung *ganito*." At ibinunsod niya na ang mga hari ng lupa na malasing kasama niya, na maging katulad. "Kami 'yung *ganito*. Kami 'yung bantog na kapangyarihan! Laganap kami sa bawat bansa. Kami ang pinaka dakilang iglesya kahit saan. Halikayo, inumin n'yo itong aming . . .Heto, magbuhos ka ng kahit kaunti nito. Tunggain *mo* ito. Tunggain *mo* ito." Hayan nga, kita n'yo. At dun sa kamay niya ay may isang saro. Masdan.

*At nararamtan ang babae ng kulay-ube at ng pula na mga kulay, . . .nahihiyasan ng ginto at ng mga mahalagang bato at mga perlas, na sa kaniyang kamay ay may isang sarong ginto na puno ng kasuklam-suklam at ng mga bagay na marurumi ng kaniyang pakikiapid:*

43 Ngayon, mga kaibigan, di lang simpleng arawang diyaryo ang binabasa natin dito. Ang binabasa natin dito'y ang Walang Hanggan at pinagpalang Salita ng Diyos. Buong kalangitan at lupa'y lilipas, ngunit ang Salita na 'yun ay mananatili. Tama.

*At sa kaniyang ulo ay nakasulat ang isang pangalan, nakasulat ang pangalan, pala, HIWAGA, DAKILANG BABILONIA, INA NG MGA PATUTOT AT NG MGA KASUKLAM SUKLAM SA LUPA.*

44 Ngayon, dito di pa katagalan, sa palagay ko ay di yata rito sa iglesya, pero nangaral ako noon patungkol sa isang paksang, *Sulat Kamay Sa Pader*, at inilahad ko ang naging bahagi ng Babilonia sa kasaysayan. Ngayon, bawat ismo na sumusulpot, bawat relihiyon at bawat ismo na mayroon sa mundo ngayon, 'yun ay nagsimula sa Genesis. Ngayon, kung babasahin n'yo 'yung *Two Babylons* ni Hislop, kung gusto n'yong tugaygayin ito dun sa kasaysayan, o dun man sa ilang maiinam na mga libro, haya't makikita't makikita n'yo dun ang bawat ismo na gusto n'yong hanapin. Sige't ibabaling ko kayo pabalik dun ng ilang mga minuto, patungkol sa mga babaing mangangaral, kita n'yo, at ipapakita sa inyo kung saan 'yun nagmula, kita n'yo, pabalik sa Genesis. At lahat na ng iba pang mga bagay na ito, hayan nga't doon sila nagmula sa Genesis. Ang ibig sabihin ng *Genesis* ay "ang panimula." Ilan ang nakakaalam na tama 'yun? Genesis ang pasimula. Kaya, lahat ng lumitaw, ay kinakailangan na may pasimula.

45 Kapag tumitingin ako sa isang punongkahoy . . .Kagagaling ko lang sa kakahuyan ng dalawa, tatlo, mga dalawang buwan na. Makakakita ako ng isang puno, kung gaanong kainam nun. Makikita ko 'yun, matumba man 'yun; may isa na tutubo sa lugar nun, tuluy-tuloy na buhay. At napapaisip ako nun. Hayan nga't sa kung saan man ang puno na 'yun ay may panimula. Marapat lamang na may pasimula 'yun. At ang tanging paraan para matalaga 'yun na maging puno, o maging ensina, o puno ng

haya, o alamo, o palmera, o anupaman, kinakailangan na may dalubhasang Kaisipan sa likod nun. O kung nagsimula kasi 'yun sa isa, na isang puno ng ensina, lahat sana sa buong mundo ay puno na ng ensina lahat. Pero may Isa, na dakilang, dalubhasang Kaisipan, na inilatag 'yun sa kaayusan.

Purihin ang Banal Niyang Pangalan! Siya ang Isa na Iyon na nagtakda sa buwan at mga bituwin sa kalawakan. Siya ang nagtakda ng lahat ng mga bagay sa kaayusan. At Kanyang itatakda ang Iglesya Niya sa kaayusan. Iinog at iinog Ito sa paraan na Kanyang ninais na Ito'y uminog; silangan, kanluran, hilaga, o timog, o anumang Kanyang ninanais. Kung magagawa lang nating iwaksi ang mga maka-denominasyong ideya palayo sa ating mga isipan at isuko natin nang buong-buo ang ating mga sarili sa Kalbaryo. Kanya ngang isasaayos ito, kung tayo lamang ay magiging mapagpasakop gaya ng mga punongkahoy at ng iba pa Niyang nilikha. Di mo nga makikita ang buwan na nagsasabi, "Di ako magliliwanag ngayong gabi. Kayo na lang na mga bituwin ang magliwanag sa puwesto ko." Pero tayo, oh, grabeng iba tayo, kita n'yo.

<sup>46</sup> Ngayon, ang Babilonia, masdan n'yo kung paano lumitaw ang Babilonia. Lumitaw 'yun sa umpisa ng Biblia. Lumitaw 'yun sa gitna ng Biblia. At lumitaw 'yun sa hulihan ng Biblia. Ngayon, may kung anong bagay rito. Ngayon, nagpasimula ito kay Nimrod. Itinatag ni Nimrod ang Babilonia sa Lambak ng Shinar, malapit sa pagitan ng Ilog Tigris at Eufrates. At 'yung Eufrates nga'y dumadaloy sa gitna nito. At—at heto nga na ang bawat kalsada, sa buong bansa, ay dumidiretso sa Babilonia. At bawat isa sa mga pintuang-bayan na ito ay halos dalawang-daang talampakan ang lapad, na ang mga pintuang-bayan na 'yan ay gawa sa tanso. At kung papasok ka sa loob ng siyudad ng Babilonia, bawat lansangan ay tumutugaygay sa trono roon.

<sup>47</sup> Ngayon, kung pupunta kayo sa Roma, ngayon, haya't ang bawat kalsada'y tumutugaygay patungong Roma. At mayroon dung maliliit na Birheng Mariang nakatayo sa bawat kanto, na may paslit na Cristo sa kamay nito, itinuturo ang daan papunta sa Roma. Kita n'yo? Lumitaw 'yun sa simula, sa Biblia; lumitaw sa gitna ng Biblia; at heto nga ito sa hulihan ng Biblia.

Ngayon gusto ko lang ipagpatuloy ang pagbabasa, nang ilang minuto, para makita n'yo ang pambungad na tagpo nito. Kita n'yo? Buweno. "At nakita ko ang isang babae," ngayon masdan, "ang iglesya." Sa tuwing makikita n'yo 'yung *babae*, ilagay n'yo sa isip n'yo na "iglesya." Kita n'yo?

...nakita ko ang babae na lasing sa dugo ng mga banal,...

<sup>48</sup> Ngayon, saan po galing ang salitang *banal*? Nanggaling ang salitang *banal* mula sa "isa na banal," o "isa na pinagpapaging banal," pinagging banal. Buweno.

. . . nakita ko siya na lasing sa *dugo ng mga banal*, . . .

<sup>49</sup> Ngayon, kung ang babaing ito ang iglesya, haya't inusig nga niya ang mga banal. At siya ang pinaka bantog na iglesya. May kapangyarihan siya na sakop ang buong mundo. Siya'y nasa ibabaw pa nga ng maraming mga tubig. At siya'y. . . Ang mga hari ng lupa'y nakiapid sa kanya. Buweno, sino kaya siya? Medyo misteryoso. Ngayon ang Espiritu nga'y. . . Alam n'yo ito, na may siyam na espirituwal na mga kaloob sa iglesya; para sa karunungan, at may isa para sa kaunawaan, at may isa para sa pagpapagalang, at may isa para sa *iba pa*.

. . . *at sa dugo ng mga martir ni Jesus*: . . .

<sup>50</sup> Mistula ngang wala silang pakialam sa sinabi ni Jesus. Sa kung ano ang sinabi ng iglesya sila nakatuon. Ganoon nga. At 'yun ang katotohanan, din.

. . . *at nang aking makita siya, ay nanggilalas ako ng malaking panggigilalas*.

<sup>51</sup> “Nanggilalas ako ng panggigilalas. Ako'y. . . Haya't may kung anong—anong—anong nakakagilalas na bagay sa kanya, na anupa't ako'y nanggilalas na kanyang. . .” Ngayon ilalagay ko lang ang sarili ko sa puwesto ni Juan at sisikapin ko pong buksan ito nang unti-unti, kita n'yo. Sabi ni Juan, “Doon siya nakaupo. Ang pakilala niya ay isa siyang Cristianong iglesya. May daan siya sa lahat ng salapi ng mundo. Ang mga hari ng lupa'y nasa paanan niya. Mayaman siya't makulay, at papaano siyang naging lasing sa dugo ng mga martir ni Jesus? Papaano niya naaatim na usigin ang mga banal? Papaano niya naaatim na patayin ang mga martir na 'yun ni Jesus? At heto na inaangkin niyang isa siyang Cristiano, raw, isang Cristianong iglesya raw.” Ngayon masdan.

*At sinabi sa akin ng anghel, Bakit ka nanggilalas? Sasabihin ko sa iyo ang hiwaga ng babae, at ng hayop na sinasakyan niya, at na may. . . pitong ulo at sangpung sungay.*

<sup>52</sup> Ngayon, ito pong kasunod ay pangkaraniwang pagbabasa lang ngayon. Kunin n'yo ito. Magiging madali lang po ito.

*At ang hayop na nakita mo ay naging siya, at wala na; at malapit ng lumabas sa. . . umahon sa kalaliman, at patungo sa kapahamakan: at silang mga nananahan sa lupa ay manggigilalas, na ang kanilang pangalan ay hindi nakasulat sa aklat ng buhay mula nang itatag ang sanglibutan, pagkakita nila. . . nila—pagkakita nila sa hayop kung paano naging siya, at wala na, at darating.*

<sup>53</sup> Ngayon, ngayon kukurot po ito nang husto, heto na kasi ito. Sabi niya, ngayon pansinin, na, “Kapag ang lahat,” hindi nga sinabi na kakaunti lang, kundi, “lahat ng nananahan sa lupa ay manggigilalas.” Lahat sila'y manggigilalas. Ang buong mundo

ay manggigilalas mismo sa babae na ito. Isang grupo lang ang di manggigilalas dito, at sila 'yung ang mga pangalan ay nasa Aklat ng Buhay ng Cordero.

<sup>54</sup> Ngayon, isisingit ko lang ito rito, dahil sa ilang minuto ay dadako na tayo roon. Kita n'yo? Kailan nailagay ang kanilang mga pangalan sa Aklat ng Buhay ng Cordero? Mula ba (Kailan?) nung huling rebaybal na dinaluhan nila? nung gabi ba na dumulog sila sa altar? nung gabi ba na umanib sila sa iglesya? Di ko po pakay na saktan kayo. Pero, heto na sinasabi ko, ang Biblia ang nagsabi, "Ang mga pangalan nila'y nailagay sa Aklat ng Buhay ng Cordero mula pa ng itatag ang mundo." Siyanga! Nung ang Diyos, sa pasimula'y, nakita na Kanyang isusugo ang Kanyang Anak, at ang Anak ay hahalili sa lugar ng makasalan, nung ang Dugo ng Anak ng Diyos ay mabubo. Ang sabi ng Biblia'y ang Kanyang Dugo ay nabubo na bago pa ang pagtatag ng sanlibutan. Ilan po ang nakakaalam na sinabi 'yan ng Biblia, na, "Ang Dugo ni Cristo ay nabubo bago ang pagkakatag ng sanlibutan"? Nung ang Dugo na 'yun ay nabubo, bawat bahagi ng Katawan, na ang mga pangalan ay nasusulat gamit ang Dugo na 'yun, sa Aklat ng Buhay ng Cordero, sa pagkakatag pa lang ng sanlibutan. Ano pa bang ipinangangamba n'yo? Oh, kapatid! Sadya ngang kinalagan nito ang pagkakapinid ng mga pinto, di po ba?

<sup>55</sup> Buweno, ngayon basahin na lang natin ito mula rito, at tingnan natin kung 'yun bang nabanggit ay tama. Kita n'yo? "At sinabi sa akin ng anghel, 'Bakit ka . . .'" Sa palagay ko ay sa ika-8 talata, "At ang hayop na nakita mo . . ." Buweno. Ito na po 'yun.

*At ang hayop na nakita mo ay naging siya, at wala na;  
at malapit ng umahon sa kalaliman, . . .*

Ngayon, babalikan natin 'yan, pero dito muna tayo sa isang ito rito, dahil ito muna ang gusto nating talakayin.

*. . .at patutungo sa kapahamakan: at silang mga nananahan sa lupa ay manggigilalas, na ang kanilang pangalan ay hindi nakasulat sa aklat ng buhay mula nang itatag ang sanglibutan, . . .*

<sup>56</sup> "May ilan na karamihan sa lupa," sa madaling sabi, "na madadaya," dahil kanyang dinaya sila. At may isang grupo lang na hindi madadaya, at ito 'yung ang kanilang pangalan ay naroon sa Aklat ng Buhay mula pa ng itatag ang sanlibutan. Dadako tayo ryan maya-maya.

<sup>57</sup> Ngayon pansinin ang babae, ang iglesya, siya ang "*Hiwaga, Babilonia*." Nakita natin na lumitaw siya sa pamamagitan ni Nimrod. Ano ang pakay ni Nimrod? Nagtatag ng siyudad si Nimrod at pinuwersa ang lahat ng iba pang bayan na magbigay ng tributo sa siyudad na ito. Nakikita ba natin ang ganyan na nangyayari sa panahon ngayon? May ganyan bang lugar sa panahon ngayon? May ganyan bang iglesya na may ganoong



pangingibabaw sa bawat bansa ng mundo? Mayroon nga. May lugar ba sa panahon ngayon na ibinubunsod na ang bawat bansa'y magbigay ng tributo rito? May ganyan bang lugar?

Sige po't umusad na tayo at basahin ang iba pa nito, nang kaunti, para makita n'yo ang buong kabuonan nito. Sige.

*. . .na sa pagkakita nila sa hayop na kung paano naging, . . .wala na, at darating.*

*At narito ang pagiiisip na may karunungan.*

<sup>58</sup> Ngayon, ilan ang nakakaalam na ang karunungan ay isa sa mga kaloob ng Espiritu? Ngayon, anong klaseng grupo ang tinutukoy Niya rito, kung ganoon? Haya't ang tinutukoy Niya rito ay isang grupo ng mga tao na may—may mga kaloob ng Espiritu na umiiral sa Iglesya na ito.

*. . .narito ang pagiiisip na may karunungan.*

<sup>59</sup> Ngayon, huminto kayo, hagilapin n'yo 'yun sa buong mga kapanahunan ng iglesya rito. Isa-isahin ito, 'yung ang Espiritu Santo'y nangusap, kung papaano bang ang mga kaloob na 'yun ay kumikilos sa huling araw. Ngayon, mayroon tayong mga kaloob ng pagpapagaling na umiiral. Oh, tunay namang 'yan —'yan ay mainam. Buweno, kapatid, mayroon pang ibang mga kaloob. Isa lang 'yan dun. Munting menor na bagay nga lang 'yan kung tutuusin. Buweno, heto ang isang higit na mas dakila mismong kaloob dito. Na siyang pinaka mainam, ang kaloob ng Espiritu Santo ng karunungan, na paglalakipin ang Salita ng Diyos at ipakikita ang Iglesya kung saan tayo nakatayo, kaysa sa mapagaling lang ang isang tao? Lahat naman tayo'y gusto nating maging mainam ang lagay. Pero mas gugustuhin ko na ang kaluluwa ko ang mainam mismo ang kalagayan, kaysa sa lagay ng katawan ko, anumang oras. Oh, grabe!

Pakinggan n'yo ang Espiritu Santo na nangungusap kay Juan, sa Patmos, ang sabi, "Narito ang sa karunungan. Ibunsod na siya'y mapakinggan Ito." Ngayon papalapit na tayo na ang buong larawan nito'y mailatag na. "Narito ang. . ."

*At narito ang pagiiisip na may karunungan. Ang pitong ulo ay pitong bundok, na kinauupuan ng babae:*

<sup>60</sup> May isang siyudad lamang, na nalalaman ko, sa buong mundo. . . May dalawang siyudad, na nalalaman ko, na may pito o ilang mga bundok sa loob nun. Cincinnati ang isa dun, na hango sa isang kathang-kuwento patungkol sa Cincinnati. Yung tungkol dun sa nanay-lobo, alam n'yo 'yun, na. . . at para pong ganoon. Pero mas higit pa riyang ang kuwento nito. Heto rin na walang iglesya na nangingibabaw sa Cincinnati.

May isang lugar lang sa buong mundo, na may iglesya na nakapuwesto sa ibabaw ng pitong burol, na nangingibabaw sa buong mundo. Ngayon, kagagaling ko lang sa lugar na 'yun. Lahat ng mga bagay na 'yun.

At nakita ko dun 'yung binabanggit, "At dito'y mayroong karunungan." Apocalipsis 13. "Ang may pagkaunawa ay bilangin ang bilang ng hayop, sapagkat ito'y bilang ng isang tao." Hindi grupo ng kalalakihan, o grupo man ng kalalakihan, bagkus "isang" lalaki. "At ang kanyang bilang ay anim na raan at animnapu't anim."

<sup>61</sup> Sa tuwina nga'y naririnig ko, na, doon sa luklukan ng papa sa Roma, nakasulat dun, "VICARIVS FILII DEI." Binubulay ko nga lagi kung totoo ba. Gumuhit ka ng isang linya, at isulat mo 'yung mga letra isa-isa, sa numerikong Romano, at tingnan n'yo kung tama ba. Ganoon ang kalalabasan. Nasubukan ko nang tumayo nang *ganoong* kalapit sa tatlong-patong na korona ng papa, na nasa loob ng salamin, "hurisdiksyon sa impyerno, langit, at purgatoryo." Kita n'yo? Kaya, 'yung mga bagay na 'yun, ako nga'y kagagaling ko lang dun, kagagaling ko lang sa Roma at nalaman ko na totoo 'yun. Ngayon alam natin na 'yun mismo ang pagkakalarawan.

*At heto sila'y pitong hari: ang lima ay nanga buwal (na tumutukoy sa panahong una noon), ang isa'y narito (ito po 'yung isa na tinutukoy na dumating sa panahon noon, si Caesar), ang isa pa ay hindi pa dumarating (si Herodes, na binansagang malupit); . . .*

<sup>62</sup> Ngayon masdan. Masdan n'yo kung gaano ngang kaeksakto nun.

*. . .at pagdating niya, ay dapat magtagal nang sangdaling panahon.*

<sup>63</sup> Mayroon ba ritong nakakaalam kung gaanong katagal ang paghahari ni Herodes? Anim na buwan. Kinaladkad ang nanay niya sa kalsada, habang nakatali sa istrukturang hila-hila ng kabayo. Tapos sinunog ang siyudad; at sa mga Cristiano niya ibinunton ang sisi. Tapos patugtug-tugtug lang ng instrumento sa gilid ng burol habang ang mga tao. . . habang nasusunog ang siyudad. Anim—anim na buwan. Haya't tingnan n'yo, "At ang hayop. . ." Ngayon masdan, tingnan n'yo ang katampalasan niya. Kita n'yo? Ngayon masdan.

*At ang hayop na naging siya, at wala na, ay. . . siya ring ikawalo at siya'y sa ikapito (ang kalikasan ng ikapito), at siya'y patungo sa kapahamakan.*

<sup>64</sup> Alam ng kahit sino na ang ibig sabihin ng *kapahamakan*, ay "impyerno." At tingnan n'yo kung saan siya umahon mula, "impyerno." Ano 'yun? Kalalimang mga hukay. Wala ngang pundasyon ang doktrinang Katoliko. Walang Biblia na lalapat sa doktrinang Katoliko. Wala ngang kahit na ano na Biblia man na lalapat sa doktrinang Katoliko, wala nga. Maging sila man ay di nila inaangking ganoon. May pari nga na nagpunta roon, ito pong munting pari sa may iglesya ng Sacred Heart na nagpunta roon. Sabi niya, "Oh, siya. . ." Binabanggit ko kasi

sa kanya 'yung tungkol sa pagbabautismo kay Mary Elizabeth Frazier. Sabi niya, "Oh, binautismuhan mo pala siya sa paraan ng pagbabautismo ng sinaunang iglesyang Katoliko."

Sabi ko, "Kailan 'yun?"

Sabi niya, "Noon sa Biblia, sa iyong Biblia."

<sup>65</sup> Sabi ko, "Nagbautismo ba nang ganoon ang Katoliko? Yun ba ang turo ng iglesyang Katoliko?"

"Oo."

<sup>66</sup> Sabi ko, "Kung di nagkakamali ang iglesyang Katoliko, bakit nabago 'yun nang husto?" Kita n'yo?

<sup>67</sup> Sabi niya, "Buweno, kita mo, lahat kayo'y naniniwala sa Biblia. Ang iglesya ang pinaniniwalaan namin." Kita n'yo? "Di namin alintana ang sinasabi ng Biblia. Ang pinagtutuunan namin ay 'yung kung ano ang sabihin ng iglesya." Ganoon daw. Kapag may nakakaharap kayo na ganoon, nalagay sa ganoon, subukan n'yo, kita n'yo. Hindi nga nila alintana ang sinasabi ng Biblia; wala 'yun para sa kanila. Ang pinagtutuunan nila ay kung ano ang sabihin ng iglesya. Kita n'yo?

<sup>68</sup> Pero tayo'y hindi natin alintana anuman ang sabi-sabihin ng iglesya. Ang sinasabi ng Diyos ang sinasampalatayanan natin. Amen. Dahil ang Biblia mismo, nasusulat dun, "Ibunsod na ang bawat salita ng tao'y kasinungalingan, at ang Akin ang Katotohanan." Yan ang dahilan kaya di tayo denominasyon.

<sup>69</sup> Ngayon masdan. Pakinggan n'yo lamang ito, pansumandali. "Limang hari noon, na nangabuwal, limang hari." Kung gusto n'yong makita 'yun sa kasaysayan, ipakikita ko sa inyo. "At ang isa'y narito, at ang isa'y di pa dumarating."

Ngayon masdan, "ang hayop." Ngayon, 'yung hayop ay di ito isang hari. Siya itong "isa na naging siya, at wala na; at heto siya, at wala na naman; heto siya, at wala na naman." Ano 'yun? Yun ay pumapatungkol sa paghalili ng mga papa, isang kapangyarihan, yaong pamumuno ng hayop. Hayan nga 'yung panahon na ang paganong Roma ay naging papal na Roma. Tumanggap ng Cristianismo ang paganong Roma, at napasa ilalim ito ng papa, na, papa na ang mayroon sila sa halip na hari, at ang papa raw ay espirituwal na hari. Yan ang dahilan kung bakit siya nakokoronahan, bilang espirituwal na hari, na nag-aangkin na siya'y kahalili raw ni Jesus Cristo. Hayan nga. Ngayon pansinin.

<sup>70</sup> At heto nga na ilalantad natin ang doktrinang Katoliko at ipakikita sa inyo kung papaano ito patuloy na gumagapang sa mga kaiglesyahang Protestante, kita n'yo, kung papaanong dala-dala ito mismo ng kaiglesyahang Protestante, ng marami nun. Salungat, mismo, sa Biblia, lubos na salungat. Ngayon, "Isang hayop na naging siya, at wala na." Ngayon alalahanin, "Lahat sila'y madadaya, na mga nasa lupa, na ang pangalan

ay di nakasulat mula ng itatag ang sanlibutan.” Sige po’t tingnan natin.

*At ang hayop na naging siya, at wala na, (ika-11 talata) ay siya ring ikawalo, at...sa ika-pito, at siya’y patungo sa kapahamakan. (Magtutuluy-tuloy siya hanggang sa makadako siya sa kalalimang mga hukay sa dulo ng daan.)*

*At ang sangpung sungay na iyong nakita ay sangpung hari, . . .*

Ngayon tutukan n’yo lang itong maigi. Kung gusto n’yong makakita ng isang bagay na kapansin-pansin talaga, masdan n’yo ito.

*. . .ay sangpung hari, na hindi pa nagsisitanggap ng kaharian; datapuwa’t magsisitanggap sila ng kapamahalaang paghahari na isang oras na kasama ng hayop.*

<sup>71</sup> Hindi sila mga aktuwal na haring nakokoronahan; sila’y mga diktador. Ngayon, hindi nga sila nakokorohanahang mga hari, pero tumanggap sila ng kapangyarihan bilang mga hari, na isang oras, sa paghahari ng hayop. Yan nga’y dito sa munti’t madilim na panahon kung saan may lumitaw na mga diktador. Kita n’yo? “Nagsisitanggap ng kapamahalaan na gaya ng hari, na isang oras kasama ang hayop.” Ngayon, buweno.

*Ang mga ito ay may isang kaisipan, at ibinibigay nila ang kanilang kapangyarihan at kapamahalaan sa hayop.*

*Makikipagbaka ang mga ito laban sa Cordero, at sila’y dadaigin ng Cordero: (Maluwalhati!) sapagka’t siya’y Panginoon ng panginoon, at Hari ng mga hari; at ng mga kasama niya na mga tinawag, na mga pili, at mga tapat ay nananaig din.*

<sup>72</sup> Kung puwede ko lang ipangaral ang isang pangangaral ngayon tungkol diyan, “Ang mga pinili, bago ang pagkatatag ng sanlibutan, at nananatiling tapat sa kanilang pagkatawag.” Hallelujah! Yun nga ’yun. “Sila’y tinawag, na mga pinili, at ang mga tapat.” Yun at ay may karugtong, kita n’yo, “Ang mga pinili, at ang mga tapat.” Mananaig sila sa kanya. Kahit na gaano pang kalakas ang abutin ng mga kalaban.

<sup>73</sup> At itong talamak na komunismo, kilusang komunismo na mayroon tayo ngayon, huwag n’yo’yung ipangamba. Yun nga’y gumaganap nang sakto sa mga kamay ng Diyos. Puwede kong patunayan ’yan sa inyo sa Bibliang ito. Kanyang ibubunsod na siya’y magdusa sa bawat martir na kanyang pinatay. Siyanga, po. Antabayanan n’yo ang mga haring ito na lahat ay sasangayon na sama-sama, at kamumuhian nila siya. At ang buong bansa, ang buong mundo, lalaganap ang komunismo. Haya’t,

pagkilos 'yan ng Diyos, para parusahan ito. Sasabihin n'yo, "Sandali lang, Kapatid na Branham. Ang komunismo, isang pagkilos ng Diyos?" Tunay, siyanga, isang pagkilos ng Diyos. Yan ang sinasabi ng Biblia. Pero kumikilos ito para magpataw ng paghatol sa mga walang Diyos at mga walang kahihiyang mga ilehitimong mga tao. Ano nang natitira sa mundong ito? Ano nang mayroon tayo? Dito lang nung isang araw . . .

<sup>74</sup> Hihinto lang muna ako sa paksa ko, kung mamarapatin n'yo. May binabasa akong bahagi ng Kasulatan kung saan ang isang ilehitimong anak ay di makapapasok sa kongregasyon ng Panginoon ng labing-apat na henerasyon. Ilan ang nakakaalam n'yan? Ganoon nga, Deuteronomio 23; tungkol sa ilehitimong anak. Kung ang isang babae'y naabutan sa bukid, na, malayo sa pagtatanggol ng isang lalaki, at may lalaki na pupuwersahin ang babae na 'yun, ang lalaking ito'y dapat niyang pakasalan ang babae. At maski maging patotot pa ang babae, ang lalaki nga'y dapat na makisama sa babaing ito hanggang sa ang lalaki ay mamatay. At kung pakakasalan ng babae ang lalaking 'yun, na sinasabing siya'y birhen, at di naman pala, ang babae nga'y puwedeng patayin dahil dito. At kung ang isang lalaki at isang babae na kasal, at magkakaroon sila ng anak sa labas, haya't, sa kongregasyon ng Panginoon ay di puwedeng makapasok ang bata, hanggang sa labing-apat na henerasyon. At ang isang henerasyon ay apatnapung taon. Apat na raang taon nga ang gugugulin hanggang sa ang kasalanan na 'yun ay mawaglit sa Israel.

<sup>75</sup> Ganoong katindi ang pagkapoot ng Diyos sa kasalanan! Papaano mo nga maaasahan na isasantabi mo ang Banal na Dugo ng Panginoong Jesus, nang dahil sa kaanib ka sa isang denominasyon, tapos aasa-asa ka na makakapasok? Kayo nga'y makalalapit lamang ayon sa dapat na panuntunan ng Diyos o kung hindi'y hinding-hindi kayo makakapasok kahit kailan. Siyanga. Diyakono, mangangaral, anuman tayo, wala tayong magagawa. Kinakailangan na kayo'y papasok ayon sa dapat na itinakdang panuntunan ng Diyos.

<sup>76</sup> Labing-apat na henerasyon. Yung tao po'y nakaupo riyang ngayon na tinatalakay niya ang bagay na 'yun sa akin. Sabi, "Paano natin malalaman kung sinu-sino ang maliligtas kung ganoon?"

<sup>77</sup> Sabi ko, "Diyang mo nga dapat gamitin ang pagiging isang mainam mong Calvinist." Ang pangalan mo'y nakalagay na sa Aklat bago pa itatag ang sanlibutan. Ang tinitingnan ng Diyos ay 'yung dugo na 'yun na dumadaloy. Siya ang nakakaalam. Kita n'yo?

"Pero ano ang magiging . . ."

<sup>78</sup> Pakinggan n'yo. Kayo na mga kabataan, ngayon, hindi ko alintana kung dumadalo man kayo sa simbahang ito, o kung

saan man kayo nagpupunta, kayo na mga kabataang lalaki't mga babae. Napagtatanto n'yo ba, ang mga bagay na ginagawa n'yo, kung may panibagong henerasyon na darating, ang mga anak n'yo ay hahatulan sa mga bagay na pinaggagagawa n'yo? Wala ba kayong pagpipitagan sa kalinisang-budhi? Kayo na mga kababaihan na lumalabas diyan na ang suot ay 'yang aba't maiiksing shorts at ganoong mga bagay, alam n'yo, na 'yan ay maipapasa n'yo sa mga anak n'yong babae. Alam mo ba na ang lola mo'y isang—isang nagrebelde, at ang nanay mo ay isang mang-aawit at mananayaw, at 'yan ang dahilan kung bakit ka nagpapakita ng katawan mo ngayon? Ganoon nga. Ano ngang mangyayari sa mga anak n'yo? Siyanga, po. Sinabi ng Diyos na Kanyang dadalawin ang kasamaan ng mga magulang sa mga anak at sa magiging anak ng mga ito, hanggang tatlo at apat na henerasyon.

<sup>79</sup> At napapansin mo ba, kapatid ko, na sa tuwing mabuti ang gagawin mo, 'yan nga'y idadalaw sa inyong mga anak?

<sup>80</sup> Tingnan n'yo rito, kunin lang natin ang Mga Hebreo, sa ika-7 kabanata. Ang sabi ng Biblia, noong—noong katagpuin ni Melquisedec si Abraham na pabalik noon mula sa paglilipol sa hari, at pinagpala siya, at sabi Rito, ngayon, “Si Levi. . .” Heto nga't tinutukoy Niya rito ang tungkol sa pagbibigay ng ikapu. Sabi, “Si Levi. . .” ay “. . . may atas mula sa Panginoon na siya nga'y tatanggap ng ikapu mula sa kanyang mga kapatid.” At si Levi na tumanggap ng ikapu, ay nagbayad na ng ikapu, gayong siya'y nasa balakang pa ni Abraham nung makatagpo niya si Melquisedec. At si Abraham ay ang kanyang lolo sa tuhod. Si Abraham ay nagka-anak na si Isaac, si Isaac ay nagka-anak na si Jacob, si Jacob ay nagka-anak na si Levi; si Levi, ang tatay, ang lolo, ang lolo sa tuhod. At nung si Levi ay naroon pa sa balakang ni Abraham, sinabi ng Biblia na siya'y nagbayad ng ikapu kay Melquisedec. Hallelujah!

<sup>81</sup> Huwag n'yong hahayaan na may magsabi sa inyo na may kung anong klaseng pagkilos sa mundo na makasasagabal sa dakilang ruweda ng Diyos. Siya'y tuluy-tuloy ang pag-ikot! Naiplano na 'yun sa pasimula pa lang. Walang kahit anumang diyablo o sapat na dami ng mga diyablo ang makagagambala sa Kanyang programa.

<sup>82</sup> Ngayon, di sinabi ng Biblia na “potensyal” ang pagbabayad niya rito. Ang sabi ng Biblia, “Nagbayad siya ng ikapu,” noong naroon pa siya sa balakang ng lolo niya sa tuhod. Maluwalhati! Yan ang aking Panginoon. Oh, talastas na Niya, kahit noong, bago pa mabuo ang mundo. Alam na Niya ang lahat ng mga bagay. At noong naroon pa siya kay Abraham, nagbayad siya ng ikapu.

<sup>83</sup> At kapatid na babae, kapatid na lalaki, papaanong namimihasa kayo sa ganito, at ang takbo ng buhay ng mga tao

ay nakikipag-relasyon sa asawa ng ibang lalaki, at winawasak ng mga asawang babae ang kanilang mga tahanan, at ganyang klase ang pamumuhay n'yo, ano pa nga ba ang aasahan n'yo sa kasunod na henerasyon? Heto nga ito. Ito nga'y wala nang iba kundi tumpok na lang ng pagka-ilehitimo, mga ipinanganak sa kaguluhan, kumpol ng pagkasalaula. At isang bagay na lang ang natitira rito, at 'yun ang panahon ngayon ng atomika na kinabubuhayan natin. Ganoon nga mismo. Narito na tayo sa wakas ng panahon.

<sup>84</sup> Nakaupo sa umagang ito, sa ibayo sa mga bulubundukin ng Kentucky, may isang maliit na batang paslit dun, na di mo nga magagawang magpakalalim sa kanya ni sampung talampakan, na aasahan mong makapaghahalo ka ng malapot na batad at di malabnaw. Di niya marahil alam ang pinagkaiba ng kanang kamay sa kaliwa. Nung maulinigan niya . . . Nakapasok ako dun sa mga lupang may karatulang huwag pumasok. Di ko kasi alam kung saan ako napadpad. Nakarating ako sa parang talibis. At paakyat ako noon para mangaso ng squirrel. At nung maupo ako roon, nakipag-usap ako sa kanya. At ang sabi ng paslit siya raw ay papasok sa pagkasundalo. At di na namin namalayan, nag-uusap na kami tungkol sa Panginoon, tapos sabi niya, "Mangangaral, hindi po ba't naniniwala ka na narito na tayo sa huling kapanahunan?" Naroon nga kami noon sa liblib sa bundok.

<sup>85</sup> Sabi ko, "Oo, narito na tayo. Oo, iho, narito na tayo sa huling kapanahunan."

<sup>86</sup> Narito na tayo. Ito na mismong oras na kinabubuhayan natin, kapatid. Narito na tayo sa kalagayang ito. Hindi n'yo ba nakikita kung ano noon sina nanay, at tatay, ang pamumuhay nila, at sina lolo at lola? Di n'yo ba nakikita 'yung kalidad ng pamumuhay noon nila tatay at nanay? Di na maikakatwang narito na tayo sa kabaluktutan ngayon. Di na nakapagtataka, na kahit mangaral ka pa ngayon na halos sumambulat ang ulo mo; ang mga tao'y magsisipag-suot pa rin ng mga shorts ano't anuman, at duduraan ka pa sa mukha. Hihitit sila ng sigarilyo at ibubuga pa ang usok sa iyo, at magsasabi, "Aba'y sarili mo ang pakialamanan mo." Bakit? Dahil 'yun kasi ang lipi na pinanggalingan nila. Dadako ako dun, na ilalantad ko 'yun sa, *Ang Binhi Ng Serpiyente*. Mabibisto natin dun kung saan ang galawan niya, makikita natin kung bakit ganun sila umasta. Sila kasi'y mga anak ng diyablo mula pa nung itatag ang mundo. Tama. At wala na tayong anupaman, na natitira roon, tanging paghatol na lang ang natitira. Wala na ngang aasahan pa kundi paghatol. Hahagupitin at hahagupitin ng Diyos ang kabuoan nun. At tao mismo ang nagbunsod nun sa sarili nila. Hindi naman nais ng Diyos na magkaganoon, pero alam Niya mismo na magkagaganoon. Yan ang dahilan kung bakit sinabi Niya, "Madadaya ang lahat ng nabuhay sa ibabaw ng lupa, maliban

sa kanila na ang mga pangalan ay naroon sa Aklat ng Buhay ng Cordero bago itatag ang sanlibutan.”

<sup>87</sup> Sige't tingnan natin. Magbasa tayo nang kaunti pa ngayon. Ngayon, ngayon sa palagay ko'y nasa ika-12 na tayo.

*At ang sangpung sungay na iyong nakita ay sangpung hari, na hindi pa nagsisitanggap ng kaharian; datapuwa't magsisitanggap sila ng kapamahalaang paghahari na isang oras na kasama ng hayop.*

*Ang mga ito ay magkakaroon ng isang kaisipan, at ibinibigay nila ang kanilang kapangyarihan at kapamahalaan sa hayop.*

*At makikipagbaka ang mga ito laban sa Cordero, at sila'y dadaigin ng Cordero: sapagka't siya'y Panginoon ng panginoon, at Hari ng mga hari: at ng mga kasama niya na mga—mga tinawag, ang mga pili, at mga tapat ay nananaig din.*

*At sinabi niya sa akin, Ang tubig na iyong nakita, na kinauupuan ng patutot, ay mga bayan, . . . mga karamihan, . . . mga bansa, at mga wika.*

*. . . ang sangpung sungay na iyong nakita sa hayop, ay siyang nangapopoot sa patutot, . . .*

<sup>88</sup> Masdan n'yo ngayon, itong “sampung mga sungay,” itong sampung mga kaharian. Kita n'yo, doon mismo sumasakto, sa kung ano ba ang mga diktador na ito. Masdan n'yo kung paano kumiling ang mga diktador. Saan ba sila nakakiling? Sige't—sige't sabihin n'yo sa akin kung may diktador na di nakakiling sa komunismo. Kita n'yo? At ang gagawin nga nila ay (ano?) kapopootan “ang patotot,” ang babae, ang iglesia. Tapos ano? Masdan n'yo kung anong gagawin.

*. . . ay siyang nangapopoot sa patutot, at siya'y pababayaang at huhubaran, at kakanin ang kaniyang laman, at siya'y lubos na susupukin ng apoy.*

<sup>89</sup> Buburahin nila ito sa mapa, singtiyak 'yan ng pagkakatayo ko rito. Nagkaroon tayo ng oras noon na talakayin ang paksa na 'yan tungkol sa iglesia na 'yan, at tinugaygay natin 'yun sa Kasulatan, kung saan sinasabi Roon, nakasulat, “Lahat ng mga hari sa lupang ito, at lahat ng pinunong daong, at lahat, sila'y mapapahiyaw, dahil kinatagpo ng dakilang Babilonia ang kanyang pagkabagsak sa isang oras na 'yun.” Isang oras, ang kanyang takdang oras ay darating! At, oh, hayun nga na sinabi Nito, “Magalak, kayo na mga banal, at lahat kayo na mga banal na propeta, dahil ipinaghiganti na ng Diyos ang dugo ng mga banal at ang inyong mga kapatid laban sa babae.” Kita n'yo, ganon nga. Tunay, ang komunismo nga'y gumaganap sa mga kamay ng Diyos. Tulad na lang ni Haring Nabucodonosor na



siya'y may dapat na ganapin sa mga kamay, na sumalakay para kubkubin ang mga Judio, nung sila'y tumalikod! . . . ? . . .

<sup>90</sup> At ang kasalanan nga'y magpapatuloy sa pagkabulok, na 'yung matuwid na binhi ay mananatili sa loob nun at ang binhi ay magpapatuloy sa pagkabulok, at pagkabulok at pagkabulok hanggang sa paglaon ay wala nang matira. Dumarating nga sa puntong 'yun, dahil ang kanilang nanay at tatay at iba pa'y ganoon ang pamumuhay noon bago tayo, at sa pagpapatuloy nun, ay wala nang natira para sa atin. At alam n'yo ba kung ano ang sinabi ni Jesus? Na kung di Niya puputulin ang gawa, walang laman na maliligtas.

<sup>91</sup> Nakikita n'yo ba? Nakikita n'yo ba kung bakit ganito ang napala natin (Hindi po ako namumuna.) Mga Arthur Godfrey at lahat sila, alam n'yo, kita n'yo, at mga Elvis Presley, at—at nakababa sa balakang, ang mga overall, at 'yung buhok ay abot-abot hanggang sa leeg, at lahat ng ito na asta ng mga kabataang disi ang edad? Ano ang nagbunsod nun? Ano 'yun? Dahil bunga't galing ito sa kumpol noon ng pagpapakasasa't, ilehitimong mga tao. Wala na ngang natira! Oh, sila man ay tumayo at magsiawit ng, "Nearer, my God, to Thee," na ginagaya-gaya si Ernie na maralitang taga-pitas ng gisantes at lahat sila roon na mga dukha, makiki-awit ng ilang himno, at kung ano pang gaya nun. Kapatid, alam n'yo ba kung ano 'yun? Yun, 'yun nga'y hindi maikakatwang pagka-ipokrito. Siyanga, ginoo.

<sup>92</sup> Walang karapatan ang isang lalaki na tumayo sa pulpitong ito na naglilimayon at nakiki rock-and-roll at nakiki boogie-woogie at lahat na ng mga ganoong bagay. Wala nga siyang maski kudlit man na karapatan na tumayo rito. Ito po'y laan sa pagkasaserdote, sa mga tinawag ng Diyos. Ang mga tinawag ng Diyos na mga ministro ang siyang para lang dito sa pulpitong ito. At may mga di talaga para rito na mga naglilimayon doon sa mga bagay na 'yun. Yan nga ang problema rito sa panahon ngayon, ginawa na lang nilang bahay-kapisanan ang iglesya. Walang problema sa kapisanan, kung gusto n'yong may ganoon kayo, nasa sa inyo 'yan. Pero hayaan n'yong sabihin ko sa inyo, napakalaki ng pagkakaiba't sa ano pa lang . . . sa pagitan ng kapisanan at ng iglesya. Siyanga, po. Sige't ano pa man ang mga bagay na 'yan na gusto n'yong gawin sa loob ng kapisanan, at sige't kahit na magkasiyahan kayo at magdiwang-diwang, nasa sa inyo na 'yan. Pero, kapatid, ang iglesya nga'y dapat na malinisang maigi mula sa pulpito hanggang sa pinakatagong silid sa ilalim. Ganoon nga. Di ko ibig sabihin na malinisan ay 'yung babaguhin ang mga bintana't kung ano pa. Ang ibig kong sabihin ay gamit ang makalumang, rebaybal na ipinadala ng Diyos na magpapatuloy nun mula sa isang panig patungong kabila. Siyanga, po. Gaya ng pagbubukas ng ilaw, ng elektrikal na ilaw na itututok sa mga ipis na nagkukumpulan sa pastel na

mansanas. Siyanga, po, magpupulasan sila kapag nasinagan ng liwanag.

<sup>93</sup> Ngayon masdan, “Nagkaroon sila ng isang kaisipan, ibinigay ang kanilang kapangyarihan.” Narito na po ako sa ibaba n’yan ngayon. “Sampung sungay.” Sige, ngayon.

*Sapagka’t inilagay ng Dios sa kanilang mga puso na gawin ang kaniyang kaisipan, (hayan nga), at mangagkaisa ng kaisipan, at ibigay ang kanilang mga kaharian sa hayop, hanggang sa maganap ang mga salita ng Dios.*

*Ngayon, at ang babae na iyong nakita ay ang dakilang bayan, na naghahari sa lahat ng mga hari sa lupa.*

<sup>94</sup> Ngayon, di natin kailangang itago-tago pa, alam natin na tinutukoy rito ang herarkiya ng Katoliko. Di na kailangan ng kung sinu-sino pa na . . . Ako’y—ako’y naniniwala riyan nang may kasiguraduhan gaya ng naniniwala ako na tinanggap ko ang Espiritu Santo. Naniniwala ako nang may kasiguraduhan gaya nga ng naniniwala ako na isa akong Cristianong nakatayo rito ngayon, na ang herarkiya ng Katoliko ay ang—ang . . . Ang Siyudad ng Vatican ang—ang siyudad na nakapuwesto roon sa ibabaw ng pitong burol. Ang herarkiya mismo ng simbahan ang hayop na siyang noon, at wala na. Siya ang Babilonia. Saktong mismo ang pagkakarawan, saktong-saktong mismo sa buong mga Kasulatan. Ang Iglesyang Katoliko’yun.

<sup>95</sup> Ngayon, ngayon heto na ang isang nakakagulat na punto. Sasabihin n’yo, “Hindi naman ako natatamaan n’yan, Kapatid na Branham.” Pero hayaan n’yong magtanong ako sa inyo ng isang bagay. Sige’t balikan natin ngayon’yung ika-5 talata.

*At sa kaniyang ulo ay . . . nakasulat, HIWAGA, DAKILANG BABILONIA, INA NG MGA KASUKLAM SUKLAM. . . INA NG MGA PATUTOT AT NG MGA KASUKLAM SUKLAM SA LUPA.*

<sup>96</sup> Ano raw siya? P-a-t-o-t-o-t. At isa siyang i-n-a. Ano? I-n-a. Mayroon siyang inianak. Ina nga ba ng mga anak na lalaki? Ng mga patotot! Ano ang patotot? Katulad’yun ng isang—isang bayarang babae, imoral na babae. Ano ang nagpapaging imoral sa kanya? Doktrina niya. Nagpapanggap siya na Cristianong iglesya, pero ang itinuturo ay gawang-taong dogma. At dito’y sinasabi niya na may . . . Yamang siya ang unang organisasyon, kung ganoon ay may ilang mga organisasyon na nanggaling sa kanya. Siya ang ina ng mga patotot. Tama po ba? Ina ng mga patotot. Hindi nga maaaring maging nanay, siya, ng mga anak na lalaki. Hindi maaaring maging nanay . . . Ang sinabi nga’y ina ng mga kababaihan. At kung ang mga ito’y babae, sila’y mga iglesya. Ngayon sumpungan natin. Ano ba ang lumabas mula sa . . .

<sup>97</sup> Ano ang unang organisasyon? Iglesyang Katoliko. Ano ang ikalawang organisasyon? Luther. Ano ang ikatlong organisasyon? Zwingli. Ano ang sumunod dun? Calvin. Tapos lumitaw ang Anglican, at pagkatapos ng Anglican ay lumitaw ang Methodist. Ang Methodist, anong ibinunga ng Methodist? Doo'y lumitaw ang Alexander Campbell. Mula sa Alexander Campbell lumitaw ang John Smith. Mula sa . . . ang Alexander Campbell ay Cristianong iglesya; pagkatapos, nagkaroon sila ng apat o lima, church of Christ at lahat ng mga iba pang mga maliliit na ismo na nagsilitawan. Tapos hetong dumating ang iglesyang Baptist, marami 'yung nahatak. At mula sa iglesyang Methodist ay dumating . . . mula roon sa iglesyang Methodist, ay dumating, unang dumating ang Wesleyan Methodist, tapos nun may paghihiwalay nang apat o limang beses. Tapos dumating sa iba na namang uri ng Methodist, tapos umusbong uli, tapos humantong sa Free Methodist. At—at pagkatapos nanggaling sila dun hanggang sa mapunta sa Nazarene. Tapos mula sa Nazarene ay tumugaygay sa Pilgrim Holiness, at mula Pilgrim Holiness ay may sumunod pang mga umusbong. Hayan nga ang maliliit na mga ismo na gumagapang nang ganun, tuluy-tuloy na nagsasanga-sanga, bawat isa sa kanila'y may munting—munting pinagmulan dun na patuloy na umusbong. At ano mismo ang ginawa ng bawat isa sa kanila? Haya't tumugaygay mismo sa Pentecostal.

<sup>98</sup> Pagkatapos anong ginawa ng Pentecostal? Aba'y ang siya ring ginawa ng kanilang nanay, bumaling sila't nag-organisa. At anong kinahinatnan nila? Isang—isang denominasyon. Sige't subukan mong pumasok sa isa, bungad na bungad agad, “Ano ang doktrina mo?” Aba, animo'y sinusuklay ka nila ng suyod na maninipis ang ipin, kita n'yo, para malaman nila kung ano ka, kung ano ang pinaniniwalaan mo. At kung hindi ka umaakma sa kanila, naku kapatid, ititiwalag ka nila agad-agad. At ganun nga 'yun.

<sup>99</sup> At kaya huwag mong iisipin na dahil lang sa Pentecostal kayo ay ligtas na kayo. Kapatid, kung ano ang idinami ng mga Pentecostal na nasa landas ay ganon din karami ang wala sa landas, sigurado ako. Kita n'yo?

<sup>100</sup> Ngayon, lahat ng mga organisasyon na 'yun, kung hinayaan na lang sana nila ang pagpapala ng Pentecostal na malaya, at di 'yun inorganisa, pinanatili na lang sana ang pagkakapatiran at hinayaang ang Espiritu Santo ang gumawa ng pagbubukod. Ang Espiritu Santo ang nagbubukod. Pumasok sina Ananias at Safira noon isang beses, sinabi 'yung *ganito-at-ganoon*; tapos sinabi ng Espiritu Santo, “Bakit kayo nagsisinungaling?”

<sup>101</sup> Pero tayo nga'y nagsasabi, “Ngayon, si Kapatid na Jones 'yan, huwag kang magsabi ng anumang masama tungkol sa kanya, siya ang pinaka malaking magbigay sa simbahan. Alam ko na may Espiritu Santo siya; napakinggan ko na nga siya noon

na nakapagsalita siya ng iba't ibang wika, tapos nakita ko na rin siyang nakasigaw sa Espiritu.” Wala ngang ibig sabihin 'yun haya't parang nagbubuhos ka lang ng gisantes sa tuyong balat ng baka. Kita n'yo? Wala ngang kinalaman 'yun dun. Ang Diyos ang may pasya. Siya ang magpapasya't magsasabi kung siya ba'y ayos o hindi. Tunay nga. “Pero isinasangguni namin 'yun sa denominasyon namin. Buweno, ano naman kung sipain namin siya palabas ng—ng Assemblies, pupulutin siya ng mga Oneness.” Siguro'y kukupkupin siya ng Oneness ng kaunting panahon, at pagkatapos sisipain din nila siya. Mangyari ngang, pananatilihin nila siya roon nang kaunti, tapos kukupkupin ng Jesus Only. Pananatilihin siya ng Jesus Only nang kaunti, tapos 'yung sunod na kukupkop sa kanya ay 'yung church of God, kukupkupin siya. Haya't kukupkupin siya ng church of God of Prophecy, at pagkatapos ang kukuha sa kanya na kasunod ay 'yung kilusan ng Tomlison. Oh, naku! Kapatid, kung hindi ba't di tayo matapos-tapos! Sa Pentecostal na mismo ito, na huling rebaybal. Tapos ngayon may Blue Flame na naman sila, at nariyan ang mga mananamba nila hinggil sa langis, at 'yung—'yung may dugo-dugo sa mukha. At, oh, kahabagan nga, di ko na alam kung saan na sila humantong ngayon.

<sup>102</sup> Isang bagay lang ang ibig sabihin n'yan, ang buong bagay ay bumunsod na sa kabulukan. Alam n'yo ba na sinabi mismo ng Biblia na mabubunsod ito sa kabulukan? Alam n'yo ba na ipinapangusap ng—ng Biblia ang panahong ito, na sasapit sa ganito, na anupa't ang mga dulang ng Panginoon ay mapupuno ng suka? At sinabi, “Kanino Ako magtuturo ng turo't aral? Kanino Ko ipatatalastas ang Sarili Ko? Sapagkat utos sa utos, sa utos, bilin sa bilin.” Kanino Siya makapagtuturo ng turo't aral? Sa kanila na mga inawat sa paggagatas, sa nanay. Kita n'yo?

<sup>103</sup> Ngayon, walang—walang babae, walang masamang babae sa bayan na ito na di makapagluluwal ng isang birhen na anak na babae. Marahil birhen ang bata nung isinilang siya, ngayon, at makagagawa ng mabuti. Pero kung di n'yo mababantayan ang bata, dahil sa nanay niya na may ganoong kalikasan, ang batang babae na 'yun, maka-siyam na beses sa sampu, siya'y aakto na tulad mismo ng gawain ng kanyang nanay. Ngayon, alam n'yo na totoo 'yan. Ang isang nakatatandang babae na magpapalakad sa isang tahanan ng masamang reputasyon, kapag makapagluwal ng isang kalugud-lugod na batang babae. Aabutin siya hanggang labing-anim na taong gulang, na haya't malinis at may moralidad na gaya ng kahit anong bulaklak na liryo, pero, kung siya'y makakapanatili sa ganoon. Pero, ang nangyayari nga, sumasadlak siya pabalik at umaakto na gaya ng kanyang nanay.

<sup>104</sup> Ngayon, ang iglesyang Katoliko ang unang matandang patotot na nagpalitaw ng mga doktrina na gawa-gawa niya, na mga pamahiin, na, sinabi na mismo ng Biblia, “Umahon siya

mula sa kalalimang mga hukay at tutungo sa kapahamakan.” Yan ang sinabi ng Biblia. Ngayon, kung ituturo nila ’yun, mali ’yun. Mali ’yun, batay sa Salita ng Diyos. At pagkatapos heto ang pagdating ng iglesyang Methodist, na isinilang mula sa kanya, isang maganda’t batang binibini, pero ano ang ginawa niya? Bumaling nga siya pabalik at ginawa ang siya ring mga bagay na ginagawa ng nanay niya. Hinahayaan ang kanyang kongregasyon na magsuot ng mga shorts. Hinahayaan sila na manigarilyo. Hinahayaan silang magpatuloy lang at umakto ng gaya ng kinagawian nila. Wala man lang sinasabi para ituwid ’yun. Hayan nga ang munti nilang dati nang hilaw na pastor sa likuran, sa may pulpito, na takot na baka di na siya sumuweldo isang araw, o mawalan ng rasyon ng biskuwit.

<sup>105</sup> Sinasabi ko nga mismo sa inyo, kapatid, mas pipiliin kong ipangaral ang Ebanghelyo, at kumain ng soda kraker at uminom ng tubig sa gripo, at basta’t ang sasabihin ay ang Katotohanan tungkol dun. Kahit na ang bawat isa sa kongregasyon ko’y magsitayuan at lalakad paalis, sasabihin at sasabihin ko pa rin ang Katotohanan tungkol dun. Siyanga’t, ganoon nga.

<sup>106</sup> Ano bang problema? Oh, dahil may panustos ng pagkain kasi. “Buweno, alam mo, ako ang pastor ng pinakamalaking simbahan dito sa siyudad.” Kayo na mga Baptist at mga Methodist anupa’t kayo nga’y nakikinig sa bulaang propeta. Ngayon, masakit ’yun, pero anupamang iba na nagtuturo nang salungat sa Biblia ay bulaang propeta. Di ko alintana gaano pang kakintab ’yan, bulaang propesiya ’yan. Ganoon nga.

<sup>107</sup> “Oh, ayos lang ang lahat basta’t nakalista ang pangalan mo rito sa aklat.” Kahit na sandosena pang aklat ’yan na naroon ang pangalan mo. Kung hindi naroon sa Aklat ng Buhay, ika’y mapapahamak! Kahit na gaano ka pang kabuti, gaano ka pang katapat at malinis at mainam ang asal, wala ngang kinalaman ’yan dito.

<sup>108</sup> Si Esau nga’y dobleng beses na mas maginoo kumpara kay Jacob, pagdating sa pagiging maginoo, haya’t inaalagaan niya ang bulag niyang matandang tatay at lahat na ng kung ano ano pa. At samantalang si Jacob ay isang manloloko na animo’y laging hila-hila ang saya ng kanyang nanay, munting lalampalampa na paslit. Pero ang sabi ng Diyos, “Iniibig Ko si Jacob at tinatanggihan si Esau,” bago pa man ang isa sa mga batang lalaking ito’y mailuwal. Yan ang sinasabi ng Mga Taga-Roma 8. Ganoon nga.

<sup>109</sup> Natatalos ng Diyos ang nasa kaibuturan ng tao. At talos din Niya kung ano ang nasa kaibuturan ng iglesya, rin. Tayo’y nabubuhay sa pamamagitan ng Tinapay ng Buhay, ang Tinapay ng Salita ng Diyos. Ngayon, ’yan ang dahilan kung bakit hindi tayo isang denominasyon.

<sup>110</sup> Ngayon gusto ko pong bigyan kayo ng isa na naman uling munting . . . Gusto kong bigyan kayo ng munting ilustrasyon na isinulat ko rito. “Ang bantog . . .” Ngayon sa Apocalipsis, sa 19:2. May minarkahan lang ako rito. Gusto kong silipin ito’t tingnan kung ano ito ngayon.

*Sapagka’t tunay at matuwid ang iyong paghatol: sapagka’t hinatulan niya ang bantog na patutot, na siyang nagpasama sa lupa ng kaniyang mga pakikiapid, at iginanti niya ang dugo ng kaniyang mga alipin sa pamamagitan ng kaniyang kamay. (Yan nga ang katapusan ng iglesyang Katoliko.)*

<sup>111</sup> Ngayon, gusto nating mapansin n’yo, rin dito, na ang denominasyon—na ang denominasyon ay masusumpungan din sa mga Kasulatan dito, na ang . . . Haya’t hindi nangusap ang Biblia kahit kailan patungkol sa denominasyon. Nanggaling ang denominasyon sa iglesyang Katoliko. Siya ang unang ina ng denominasyon, at bawat denominasyon ay sunud-sunod na lumitaw. Ngayon, tiyak na kukurot ito nang kaunti. Haya’t mas kumukurot nang kumukurot sa paglaon, kita n’yo. Pero gusto kong—gusto kong makita n’yo na ang mga denominasyon ay di kailan man ipinanganak o itinalaga man ng Diyos. Diyablo ang nagtalaga rito.

<sup>112</sup> Ang Iglesya ng Diyos ay isang . . . Hindi tayo watak-watak, lahat tayo’y iisang katawan; iisang pag-asa at doktrina, iisa sa pag-ibig. Yan nga ang Iglesya ng buhay na Diyos. Kahit na ano pa sila, ang mga bagay nila, tayo’y isa nga’t naglalakip-lakip! Tama. Siya man ay Methodist, o Baptist, kapatid, kung siya ay ipinanganak na muli at puspos ng Espiritu Santo, siya’y aking kapatid. Balikat sa balikat ang ating paglakad. Tama. Ganoon, nga. Walang pagkakaiba-iba.

<sup>113</sup> Si Moises. Minsan nga’y napapatingin ako sa paligid at may nagsasabi, “Kakilala mo ba ’yang grupo ng mga panatikong Pentecostal, Kapatid na Branham, bakit ka nakikisama sa mga taong gaya nila’t para saan?” Alam n’yo ba? Tumanaw noon si Moises sa mga anak ni Israel. Tumanaw siya sa labas sa siya ring bintana na tinatanawan ni Faraon. Ang tingin ni Faraon sa kanila ay sangkumpol ng mga tagatupal ng putik, pero ang tingin ni Moises sa kanila’y mga pinili ng Diyos. Batid niya na nasa mga taong ito ang pangako. Bakit? Nabatid niya ’yun sa pamamagitan ng Salita. At sa pananampalataya . . . Gayong isang hakbang na lang siya sa luklukan, para maging Faraon, na haya’t ang buong mundo’y malalatatag sa paanan niya, tapos mauupo roon at magbubuhos ng alak sa kanyang bibig, at ang mga naggagandahang mga babae’y papaypayan siya, bilang emperador, o diktador, o hari ng sanlibutan, hayan nga ang kabataang si Moises, sa edad na apatnapu, ’yun ang mapapasa kamay niya. Tumanaw siya sa labas sa kumpulang ’yun ng mga tagatupal ng putik, pero alam nga niya na isa siya sa kanila.

Hallelujah! Ganoon nga. Alam niya na isa siya sa kanila. At sa pamamagitan ng pananampalataya, lamang, pinili niya!

114 Ang bawat isa’y magpapasya’t magpapasya. Magpapasya’t magpapasya ka. Magpapasya ka para sa oras na ito ngayon. Magpapasya ka para sa umaga. Magpapasya ka para sa bukas ng gabi, kung mabuhay ka pa. Magpapasya’t magpapasya ka para sa partikular na oras. Kapatid, matagal na panahon na ang nakararaan haya’t ako po’y pumili. Ang Biblia na ito ang aking naging diksyunaryo. Ang Biblia na ito ang Aklat ko ng Buhay. Ang Biblia na ito ang Salita ng Diyos. Ang Biblia ang aking ipinamumuhay. Itong Biblia na ito ang tinatayuan ko.

115 Kaya naman, tumanaw si Moises sa mga anak ni Israel. At di lang niya sinabi, “Oh, kalugud-lugod silang mga tao. Wala akong anumang pagtutol sa kanila. Oh, wala, wala nga akong masasabi na anumang laban sa kanila.” Ganyan na ganyan ang ginagawa lang ng maraming tao sa panahon ngayon. “Oh, ang mga Pentecostal na ’yun at ang mga tao na ’yun na may kamit ng Espiritu Santo, at ang mga tao na ’yun na naniniwala sa Makalangit na pagpapagaling, oh, wala akong—wala akong—wala akong anumang pagtutol sa kanila.” Pero di lang basta ganun si Moises. Tinalikuran niya mismo ang Egipto at naging isa sa kanila. Nagtungo siya roon sa kalagitnaan ng kanyang mga kapatid. Siya’y isa sa kanila.

116 Kapatid, ’yan nga ang tatahakin ko. Tatahakin ko ang daan kasama ng mga ilan na kinamuhian dahil sa Panginoon, sila man ay sandakot, gaano man silang kakaunti. May kamit silang pangako, at nakikita ko ang kanilang mga pangalan na naroon sa Aklat ng Buhay ng Cordero. Sila’y mga kapatid ko. Tama. Pumili ka’t tumayo roon sa tabi nila. Tama o mali, tumayo ka roon ano’t anuman. Kung mali man sila, tulungan mo silang makapunta sa tama. Tama. Di mo nga sila mapabubuti kung sisipa-sipain mo lang sila. Kita n’yo, sikapin n’yong hanguin sila.

117 Si Charlie, gaya ng sinasabi-sabi nila tungkol kay Kapatid na Allen, tungkol dun sa apoy na kanilang. . . ’yung dugo raw sa mga kamay. Sabi ko, “Di kailanman, di ko kailanman binalewala si A. A. Allen.” Sabi ko, “Kung nakapapangaral nga lang ako na katulad ni A. A. Allen, baka di na ako magdaos ng gawain para sa pagpapagaling.” Ngayon, pagdating dun sa di pagsang-ayon sa dugo bilang katibayan ng Espiritu Santo, na dapat ay nasa kamay mo raw ’yun, di ako sang-ayon dun. Pero pagdating sa pakikipag kapatiran, siya’y kapatid ko. Ako nga’y tatayo nang balikat sa balikat sa tabi niya sa pakikibaka. Ganoon nga. Kung mali siya, sisikapin kong tulungan siya. At kung di siya mali, kung ako ang mali, nanaisin ko na tulungan niya ako. At sa ganung paraan kami magkaka—magkakasundo. Ngayon masdan n’yo rito.

...*siya'y HIWAGA, BABILONIA...INA NG MGA PATUTOT...*

118 Ngayon nakikita n'yo na ba ang kalagayan ng iglesia sa panahon ngayon, mga kaibigan, nakikita n'yo na ba kung papaanong ang mga kaiglesyahan sa panahon ngayon ay basta na lang namumuhay sa paraan na gusto nilang mamuhay? "Aayos lang 'yan, ituloy n'yo lang," barako sa barako, huwag n'yong pansinin. "Naku, di naman masama kung gagawin ko 'yan. Naku, iginigiit mo lang na maging makaluma." Ngayon bantayan n'yo ang doktrina nila. Ngayon gusto kong... Ngayon masdan n'yo. Yan ang kinagawian nila. Nakikita n'yo ba, na mga ilang taon ang nakararaan, ang iglesia'y Katoliko lang ang tanging pinapayagan na manood ng pelikulang sine? Ang iglesia ngang Methodist ay di nila lubos-maiisip na gawin ang ganoon. Lahat nga ng mga denominasyon, "Hindi! Gawa 'yan ng diyablo." Nagtataka nga ako kung anong nangyari. Siyanga, po.

119 At alam n'yo, pansinin n'yo 'yung mga kabataang babae na Katoliko, lumalabas sila na suot 'yung mumunting... (Ngayon, ang ilan sa inyo na mga nakatatandang kalalakihan na kasing edad ko)... lumalabas at mapapansin n'yo 'yung maiiksing 'yun na sobrang taas na abot tuhod. Yung lalaki na 'yun, sa tingin ko, ay nasa impyerno, ngayong gabi. Di ko alam. Hindi ako ang tagahatol niya. Pero nung ipalabas niya 'yung mahalay na awiting 'yun na naipuslit sa radyo, na di man lang sinasala, 'yung, "Itaas mo pa, nene, itaas mo pa; itaas mo pa't ipakita ang nakakaakit mong tuhod." Ilan sa inyo ang nakakaalala dun nung unang pinarinig 'yun, mga ilang taon na ang nagdaan? Yun ang unang pagpupuslit. Ganoon nga. At nung umpisahan 'yun ng lalaking 'yun mula sa Texas, at pinalalabas ang mga kababaihan at ang pinasusuot sa kanila'y pang-ilalim na damit para pagmukhain silang isang bagay na di naman sila dapat ganoon, at kung anu-ano pa, at hinahayaan silang makalampas sa ganoon. At ngayon anong ibinunsod nun? Kumalat na nga mismo. Isa kasi 'yung espiritu.

120 May lalaki na kinausap ako, nung isang araw. Sabi niya, "Di ko na alam ang gagawin ko. Mayroon akong mabait, na tapat na anak na lalaki, at kaso ang anak kong 'yun ay basta na lang kumukuha ng anumang bagay na mahawakan niya sa kamay niya."

Sabi ko, "Bakit?"

"Nakikisama kasi siya sa isang magnanakaw."

121 Kapag sumasama ka sa isang magnanakaw, ika'y nagiging magnanakaw na rin mismo. Laging sinasabi ng matanda kong tubong-Kentucky na nanay, "Kapag humiga ka sa tabi ng isang aso na puro galis, gagalisin ka na rin, kalaunan." Kumuha ka ng isang-kumuha ka ng isang babae na walang pagpipitagan, at hayaan mong ang dalagita... at isama mo sa isang-isang



mainam na disenteng binata, at malalaman mo na lang na ang binata'y naging masama't gaya na ng tuta. Ganoon din kahit baligtarin mo. Makikilala't makikilala ka sa mga sinasamahan mo. Ibukod n'yo ang sarili n'yo! "Magsialis kayo mula sa kanila," ang sabi ng Biblia, "ihiwalay n'yo ang sarili n'yo!" Ganoon nga.

<sup>122</sup> Kung ang mga denominasyon nila'y nagsibalikan sa ganung kabulukan na hinahayaan nila ang mga tao nila. . . Buweno, sa dako rito lang nung isang araw, sa isang malaking mainam na iglesyang Baptist, nagbibigay sila ng breyk sa gitna ng gawain. Yung lalaki kasi'y dalawampung minuto lang ang kayang pangangaral, dahil siya, dahil 'yung pastor ay kailangan niya pang manigarilyo. Ang buong kongregasyon nga'y lalabas din. Lahat sila'y pumupwesto dun sa labas na tabi-tabi sila roon na naninigarilyo, tapos babalik sa loob, ang pastor at lahat sila. Nagpunta ako sa isang Congregationalist na iglesya, nandun ang isang lalaking nakatayo, nakasuot ng malaki't mahabang balabal, nakatayo roon, sabi, humilig sa pulpito nang *paganito*, may sinasabi siya patungkol sa isang uri ng bulaklak na nakita niya sa itaas ng burol. Yun lang ang kabuoan ng pangangaral niya, tapos lumabas na. Haya't 'yung mismong daliri niya ay naninilaw dahil sa usok ng sigarilyo. Siyanga. Tapos nabanggit ang mga kababaihan, na ang mga kalalakihan ay maglalaro raw. . . Ano nga uli 'yung Alemang laro na 'yun na nilalaro nila, na parang may itataya kayong-kayong mga baraha, alam n'yo? May. . . Oh, sa tingin ko naalala ko na. Pinochle, maglalaro raw sila ng larong pinochle. Sa palagay ko 'yun nga. Oo, 'yun 'yung may itinataya kayo. Gamit 'yung regular na mga baraha. Pinochle na laro, dun sa basement! Naku, grave! Ganoon ang pinagsasaligan. Hindi na nakapagtataka! Ano? Ginagawa nila ang bagay na 'yun, tapos sisigaw laban sa iglesyang Katoliko rito sa mga lugar ng Rotary tapos naglo-lotto. Aba't, kayong mga Protestante'y kasing lala rin nila, kaya anong masasabi n'yo roon? Di puwedeng tawagin ng palayok ang takure na "marumi." Hindi maaari. Ginagawa n'yo rin 'yung bagay na 'yun, pagkatapos sasabihin n'yo, "Buweno, ako'y Presbyterian. Ako'y Methodist." Wala nga kayong kabuluhan hanggan sa maisilang kayong muli muna. Ganoon nga. At kapag nangyari 'yan sa inyo, may kabatiran na kayo. May kung anong bagay na magpapaalala sa inyo na ang mga bagay na 'yun ay mali, at lalayuan n'yo 'yun na kung hindi'y manliliit kayo na parang itik na hanggang tuhod lang ang taas. Batid n'yo kasi na 'yun ang Katotohanan. Tunay. Ganoon, nga. Yung bagay na 'yun ay nakapasok dun. Bakit?

. . . INA NG MGA PATUTOT . . .

<sup>123</sup> Isa sa mga araw na ito, sasabihin ng nakatatandang nanay, "Alam n'yo? Kung tutuusin, iha, pareho lang naman tayong dalawa." At alam n'yo ba kung saan 'yung hahantong? Ang Kompederasyon ng mga Kaiglesyahan ay magkakaisa na sama-

sama gaya ng kung paano sila ngayon. At alam n'yo ba kung anong mangyayari sa maliit na grupo gaya nito? Kayo nga'y pagbabayaran, mga kasamahan. Ganoon mismo.

<sup>124</sup> Pero huwag kayong mag-alala, gagapiin siya ng Cordero. Dahil Siya ang Panginoon ng panginoon, at Hari ng mga hari, at ang Diyos ay kikilos para pangunahan ang Kanyang Iglesya, sa halip na isang denominasyon. Ibubuhos Niya ang ginintuang Langis ng Espiritu Santo sa Iglesya. Kapatid, bababa ang Apoy mula sa Langit, at magkakaroon ng mga tanda't kababalaghan, gaya ng di n'yo pa nakikita kailanman. Ganoon, nga. "Huwag kayong matakot, maliit na kawan, ito'y mabuting kalooban ng inyong Ama na ipagkaloob sa inyo ang Kaharian." Ganoon, nga. "Ang manatili hanggang wakas!" Hayan nga. Manatili lang kayo sa daan. Ituon n'yo ang ulo n'yo tungo sa Kalbaryo. Ang Biblia ay tama. Huwag kayong mangamba.

<sup>125</sup> Ngayon masdan. Hayan nga ang ilan sa mga kinagagawian nila. Ganyan ang moralidad na mayroon sila. Magpatuloy lang tayo. Malalaman mo na lang, tumagas na 'yun patungo sa mga iglesyang Protestante. Tapos ang mga kababaihang Katoliko'y unti-unti nilang. . .Aba, wala raw kaso kung magsuot sila ng maiiksing mga shorts, basta't nagpupunta sila ng simbahan at naglalambong ng panyolito sa ulo nila. Kaunting tradisyon, "Bawal kumain ng karne kapag Biyernes." At, oh, saan n'yo nga makikita 'yung kailangang naglalambong ng panyolito sa ulo n'yo para makapasok ng simbahan? Gusto kong ipakita n'yo sa akin sa Kasulatan. Huwad na propesiya 'yan. Saan dito sa simbahan na kailangan nating magsuot ng sumbrero sa loob ng simbahan? Kapag nagsusuot kayo ng sumbrero sa inyong ulo, niwawalang puri n'yo si Cristo, siyanga; mga kalalakihan, sa inyo ko ito ipinararating. Mga kababaihan, kinakailangan nga na may nakalambong, pero hinahamon ko nga ang sinuman na ipakita sa akin na ang tinutukoy ay sumbrero o anumang panyolito. Ang buhok n'yo ang tinutukoy rito! At hayan nga na pinutol n'yo 'yan. Ngayon anong masasabi n'yo? Oh, sasabihin nila, "Napaka makaluma naman 'yan." Makaluma man, pero ito nga'y ang Biblia! At ang Salita ng Diyos ang tama.

<sup>126</sup> Ipinangusap ko na 'yun dito, di pa katagalan, 'yung tungkol sa babaing hinugasan ang mga paa ni Jesus, at ginamit ang kanya mismong buhok, alam n'yo, at—at 'yun ang ipinampunas dun. Sabi ko, "Ang tanging paraan para magawa 'yan ng isang babae sa panahon ngayon, ay tumayo gamit ang kanilang ulo para may sapat na buhok na maipanghuhugas sa Kanyang mga paa, maipampupunas." Ganun nga. Oh, 'yun, 'yun ay kasiraang puri na makita na ganoon ang. . .Dito nga, mangangatal ka na sa klima, sa paglalakad mo suot-suot ang munting makapal na balabal nang paganoon, at sila nama'y nakalantad mismo ang katawan na ipinapakita pa.

127 Ngayon may magsasabi, “Bakit mo laging pinagsasalitaan ang mga kababaihan?” Kinakailangan n’yo kasing pagsalitaan.

128 At kayo na mga kalalakihan na hinahayaan ang inyong mga kababaihan na gawin ’yan, kapatid, di ko—di ko nga alam kung anong iisipin ko tungkol sa inyo. Ngayon, ganoon ’yun.

129 At kayo na mga pastor, di ko lang sigurado kung mayroong ganyan dito. Pero kung may makita kayong ganyan, sabihin n’yo sa kanila na pumunta, magsabi lang, kung gusto n’yong makipagkita sa akin. Kita n’yo? Kung wala na siyang sapat na paggalang kay Cristo na anupa’t hahayaan ang kongregasyon niya na magpatuloy sa ganoon nang di man lang. . . Ngayon siya. . . Siguro ginagawa nila ’yun sa likod niya, pero kung di niya sasabihin ang tungkol dun sa kanila, hindi siya karapat-dapat na maging lingkod ni Jesus Cristo. Ganoon nga mismo. Hindi siya karapat-dapat na maging lingkod ni Cristo. Kinakailangan na ang isang lingkod ni Cristo’y buo ang loob kung ang kapakanan ay galing mismo sa Biblia. Tunay. Pero hayan nga sila, lalabas at ginagawa pa rin nila ano’t anuman.

130 Tapos malalaman mo na lang, nakukuha na ’yun ng mga Protestante. Kayo na maiinam na Methodist, at kayo na mga Baptist, at kayo na mga Presbyterian, o Nazarene, Pilgrim Holiness, at lahat kayo, pare-pareho lang, ang kinalabasan, pareho lang ’yung anim na piraso n’yo riyon, at ’yung pagiging kalahating dosena nung kabila. Hayan nga, “Ina ng mga patotot.” Yang denominasyon n’yo, “Nanggagaling naman ito sa punong himpilan, ano nga ba ang dipirensya?” Kita n’yo? Malaki nga ang dipirensya. Hindi kasi ’yan nagbuhat doon, sa Punong Himpilan. Siguro nanggaling ’yan sa mga punong himpilan n’yo rito sa ibaba, pero hindi dun sa Isa na ’yun Doon sa itaas. Nakasalalay kung saan ang pinanggagalingan n’yo. Tootoo ’yun.

131 Ngayon, sa tingin ko wala na tayong oras para pasadahan ang isang ito rito, siguro’y tatalakayin ko na lang sa umaga. Buweno, siguro’y itong isang maikli na lang dito. Heto nga, rito, “ang pagbabautismo sa tubig.” Mayroon din tayo ritong “predestinasyon,” at, oh, marami-rami pa. Kaya siguro’y kunin na lang natin ito, itong munti’t, maiksing paksa tungkol sa “mga babaing mangangaral,” at talakayin natin ito.

132 Ngayon, ngayon, babaing mangangaral, di ko po gustong saktan ang damdamin n’yo, pero nais kong sabihin sa inyo ang isang bagay. Wala kayong kahit katiting lang ng Kasulatan, wala nga ni isa sa Biblia n’yo. Oo, alam ko kung saan n’yo ’yun dadalhin, at alam ko na ’yang lahat n’yo, na, “At ang mga anak ninyong lalaki’t anak na babae’y magsisihula ng propesiya.” Ngayon, kung ang pastor n’yo ay hindi niya alam ang katagang “magpropesiya” kung anong ibig sabihin nito, wala siyang—wala siyang kaalam-alam. Wala siyang karapatan na tumayo sa likod ng pulpito, na iginigiit niya ito sa inyo na kayo’y maging

mangangaral. Kita n'yo? Dahil ito'y, ganap, na kinokondena mula Genesis hanggang Apocalipsis. Ngayon hayaan n'yong ipakita ko ito sa inyo, kita n'yo.

<sup>133</sup> Ngayon gusto ko pong makibuklat kayo sa akin sa Unang Timoteo 2:11. Bumuklat lang kayo rito at matatagpuan natin ito ngayon, tapos dadako rin tayo rito, siyanga, sa inyong Mga Gawa 2. Sige. At sige't—sige't pakinggan lamang po rito ang sasabihin ng Kasulatan patungkol sa paksang ito.

<sup>134</sup> Ngayon, mayroong iba na iginigiit, “Buweno, Kapatid na Branham, isa ka naman kasing mapagmuhi sa babae.” Di po ako mapagmuhi sa babae. Ako'y . . . Di ko lang gustong makita na ang kababaiha'y kinukuha nila ang puwesto na di sila dapat doon.

Naalala n'yo ba 'yung Howard Shipyard dito, na isa sa pinaka matagumpay na pagawaan ng bapor sa Ilog ng Ohio? Nagtalaga sila ng babae para mamahala dun. Tingnan n'yo na tuloy ang nangyari.

Binigyan nila ang kababaihan ng karapatan para bumoto. Tingnan n'yo ang nangyari.

<sup>135</sup> Hayaan n'yong sabihin ko sa inyo. Hindi ito pagtatalop sa mga kababaihan. Gusto kong ipaunawa mismo na ang mga kalalakiha'y kasama rin dito. Haya't hayaan n'yong sabihin ko ang isang bagay sa inyo, kapatid. Ang bansa na ito'y bansa ng kababaihan. Patutunayan ko 'yan sa inyo, sa pamamagitan ng Kasulatan, anupaman 'yan na gusto n'yong mapatunayan ay dito mismo matatagpuan. Heto nga . . . Ano ba 'yung makikita n'yo sa pera natin? Isang babae. Saan siya matatagpuan? Diyan mismo sa Apocalipsis, diyan n'yo nga, matatagpuan. Siya ang bilang na labing-tatlo, rin, lahat ng pinagtatagan niya; labing-tatlong bituwin, labing-tatlong guhit, labing-tatlong kolonya. Labing-tatlo, ang lahat ay labing-tatlo, sa simula't sapul. Matatagpuan siya sa ika-13 kabanata ng Apocalipsis. Isang babae, bilang na labing-tatlo!

<sup>136</sup> Haya't nung 1933, nung ang Panginoon . . . Nung nagdadaos kami ng mga pagtitipon dito kung saan nakatayo ang church of Christ ngayon, 'yung lumang balay ng Mason, dumating sa akin ang pangitain ng Panginoon dito at inihula na “Aahon ang bansang Aleman at maglalagay dun ng Maginot Line.” Marami sa inyo ang naaalala pa 'yan. At kung papaanong patitibayin 'yun, at ang mga Amerikano'y madidikdik nang husto sa linya na 'yun. At maging 'yung sinabi na mangyayari, tungkol kay Roosevelt at lahat ng mga bagay na 'yun, 'yung pagtakbo niya't makaka-apat na termino siya. Ganap mismo, saktong-sakto sa kung ano ang nangyari. At sinabi rin 'yung kung papaanong ang mga kotse'y magiging mas itsurang hugis itlog, hanggang dumating ang huling mga araw na magiging hugis itlog na mismo. Tapos sabi ko, “Mangyayari na ang mga kotse na ito'y

di na kakailanganin ng manibela para patakbuhan. May ibang bagay na magpapatakbo sa kanila.” Hayan nga ang mga kotse ngayon na unti-unti na nilang pinapalabas ngayon, na mga de-remote kontrol, para raw ligtas. Siyanga. Di ka makakapasok ng siyudad. . . Tapos, sa loob ng dalawampung-milya na sona, dalawampung-milya lang ang bilis ng pagmamaneho mo. Di ka mababangga sa ibang kotse, dahil de-remote kontrol. Kita n’yo, ganoon ang mangyayari, at kahit ngayon na mismo. Tapos sabi ko, “Tandaan n’yo, sa araw na ’yun, bago dumating ang huling panahon, bago dumating ang huling panahon, may isang babae. . . Ngayon, isulat n’yo ito. Magkakaroon ng isang bantog, na makapangyarihang babae na aangat nang mataas, na magiging Pangulo marahil, o siguro’y diktador, o bantog na makapangyarihang babae sa Estados Unidos. At ang bansa’y lulubog, sa ilalim ng impluwensiya ng kababaihan. Ngayon, alalahanin n’yo ’yan, ’yan nga’y GANITO ANG SABI NG PANGINOON.” Kita n’yo?

<sup>137</sup> At ang babae’y mali. Haya’t sa ano niya naipamigay? Sige’t sasabihin ko sa inyo. Maging espirituwal po lamang. Ibunsod n’yo. . . Maging bukas kayo. Masdan. Bakit nun ginagawa ito? Para magbibigay puwang sa iglesyang Katoliko na makapuslit. Kita n’yo? Sinasamba n’yo itong mga artista ng pelikula’t lahat ng iba’t ibang bagay pa rito. Naalala n’yo ba ’yung pangangaral na naipangusap ko? Margie, naalala mo ito, maraming taon ang nakararaan, patungkol sa—sa pagsalakay sa Estados Unidos, para pabagsakin ang gobyernong Amerika. At kung papaanong nabanggit ko na ’yung lalaki’y galing sa Paris matapos na masagip natin sila mula sa mga kababaihan, alak at malalaking pagkakatuwana. At sumikat siya mismo sa Hollywood. Ngayon, sa halip na sumusulat tayo sa Paris para makakuha ng mga modelo roon, aba’y sila ang ang lumiliham para makakuha sila ng modelo mula rito. Anong ibinunsod nun? Nalipat. . . Haya’t di nga natin hinahayaan ang ating mga anak na magpunta sa mga pelikula’t sine, pero siya nama’y napunta sa telebisyon, lumipat mismo roon at sinalaula ang buong ’yun, pinarumi ito. At heto tayo ngayon, na lahat ng mga batang paslit na babae’t batang paslit na lalaki, lahat nga’y may ginagaya-gayang mga artista sa telebisyon. Ano ’yun? Nakahanap ng mapupuslit. Naku, maski isang babae lang dun na masama ang reputasyon ay haya’t makapag-aakay na ng mas maraming tao patungong impyerno kaysa sa lahat ng bahay-inuman na maipapatayo mo sa buong siyudad. Ganoon nga. Antabayanan n’yo na lang ’yung paglalakad niya sa kalsada na ang suot ay talagang lantad na lantad, wala ngang pinipiling lalaki, basta’t normal na malusog na lalaki siya, kapag titingin siya sa babaing ganun haya’t may mararamdaman at mararamdaman siya na kung ano sa kanya. Ngayon maging totoo lamang. Di ko alintana. . .

<sup>138</sup> Taglay ko ang Espiritu Santo nang maraming taon. Di mo

puwedeng tingnan ang isang babae't heto siya na halos hubad na . . . Ako—ako nga'y may munting krus na laging dala-dala sa loob ng sasakyan ko, marami sa inyo ang nakakita na dun. May nagtanong nga sa akin noon, "Katoliko po ba kayo?" Saan ba nakuha ng mga Katoliko na sila lang ang may karapatan sa krus? Ang ibig sabihin ng krus ay "Cristiano."

<sup>139</sup> Yung mga abubot nila ng matandang Santa Cecilia't ganun na mga bagay ang tanda ng Katolisismo. Yung sa ganoon tayo di naniniwala. Kay Cristo tayo naniniwala. Hayan sila na kay raming mga patay nang tao na sinasamba nila. Mataas na klase 'yun ng espirituwalismo. Yun nga 'yun, sinasamba ang mga patay. Walang ganung bagay, wala.

<sup>140</sup> May tinanong akong pari. Sabi ko, "Bakit ganoon, kung, ganoon nga . . . na si Pedro ang unang papa?"

Sabi niya, "Tama."

<sup>141</sup> Sabi ko, "Kung ganoon bakit sinabi ni Pedro, 'Wala nang ibang tagapamagitan sa Diyos at tao kundi ang Tao na 'yun na si Cristo Jesus'? At heto kayo na may limang libong patay na mga kababaihan, at lahat na, na ginagawa n'yo silang mga tagapamagitan. Ngayon anong nangyari?" Hayan nga. Wala silang maisagot dun. Ganoon nga.

<sup>142</sup> Ngayon ang ilan sa mga turo't aral na 'yan, na huwad na doktrina nila, hayan ang ilang huwad na Protestanteng propeta na lumitaw at 'yun ang itinuturo, at kayo na mga Protestante'y tinatanggap n'yo 'yan. Ganoon nga. Sari-saring denominasyon at mga rituwal ng pagbabautismo, at lahat na ng sari-saring mga seremonya't mga bagay-bagay na idinadaos n'yo, na ganap namang di batay sa Kasulatan. Laban pa nga ang mga ito Rito, sa Kasulatan, pero pinagsisiksikan n'yo. Yan nga ang totoo.

<sup>143</sup> Ngayon pakinggan n'yo itong tungkol sa mga babaing mangangaral. Buweno. Unang Timoteo, nais kong dalhin kayo rito sa Unang Timoteo 2:11. Ngayon pakinggan n'yo kung ano ang sinasabi Nito rito.

*Ang inyong kababaiha'y magaral na tumahimik na may buong pagkapasakop.*

*Nguni't hindi ko ipinahihintulot na ang babae ay magturo, ni magkaroon ng pamumuno sa lalake, kundi tumahimik.*

<sup>144</sup> Di ko reponsibilidad na ilagay 'yan diyan. Responsibilidad ko na sabihin sa inyo kung ano ang nakalagay riyang. Kita n'yo? Kita n'yo?

*Ang inyong kababaiha'y magaral na tumahimik at mapaging may buong pagkapasakop. (Kung nakapunta na kayo sa isang Orthodox na iglesya at maobserbahan n'yo sila, kita n'yo. Kita n'yo?)*

*Nguni't hindi ko ipinahihintulot na ang babae ay magturo, ni magkaroon ng pamumuno (ito ma'y pagiging pastor, diyakono, o anupamang tulad nun) sa lalake, kita n'yo, magkaroon ng pamumuno sa lalake, kundi tumahimik.*

*Sapagka't si Adan ay siyang unang nilalang, at saka si Eva.*

<sup>145</sup> Alam n'yo ba? Ngayon pakinggan, mga kababaihan. Kayo na mga mabubuti't, matuwid na mga Cristianong kababaihan ang pinaka mainam na maibibigay ng Diyos sa isang lalaki, o kung hindi'y nagbigay sana Siya sa lalaki ng iba. Siyanga, po. Kita n'yo? Ang babae nga'y wala sa orihinal na paglikha. Ang babae'y hindi nilikha bagkus produkto ng paglikha ng Diyos. Ang babae'y kakambal na likha mula sa orihinal na produkto na lalaki. Nilikha kasi ng Diyos ang tao, na magkalakip na lalaki't babae. Tapos pinaghiwalay Niya sila. At pagkatapos na ang tao'y matagal nang namumuhay sa lupa't pinangalanan na ang mga hayop, at matagal-tagal nang nabubuhay rito, tapos humugot Siya ng isang tadyang sa tagiliran ni Adan, bilang kakambal na likha mula sa orihinal na produkto, at tapos ginawa 'yung babae. "Si Adan ay siyang unang ipinorma, at saka si Eba." Ngayon masdan.

*At si Adan ay hindi nadaya, kundi ang babae nang madaya ay nahulog sa pagsalangsang.*

<sup>146</sup> Kinuha ng Diyos ang lalaki. Kinuha ng diyablo ang babae. Tingnan n'yong maigi, nasa harapan n'yo na ito, kung ano ang ginagawa nito sa panahon ngayon. Tingnan n'yo ang tunay na Iglesya ng Diyos, sinasabi, "Jesus!" Ang anticristo nama'y sinasabi, "Maria!" Bantayan n'yo ang mga espiritung 'yan. Kita n'yo? Hayan nga sila. "Aba ginoong Maria, ina ng Diyos, bukod kang pinagpala sa babaing lahat, at ipanalangin mo kaming makasalanan ngayon, at kung kami'y mamatay. Amen. Kay Maria, kami'y nananalangin!" Oh, naku, grabe! Kita n'yo, hayan nga, "babae," ang instrumento ng diyablo. Samantalang si Cristo, ang dapat na pag-ukulan ng pagsamba, at tanging Isa! Hayan nga. Hayan nga.

<sup>147</sup> "Si Adan ay siyang unang ipinorma, at saka si Eba." Hindi nadaya si Adan. At kaya paanong naaatim n'yo na magkaroon ng babaing pastor, diyakonesa? Si Adan ay di nadaya, bagkus ang babae ang nadaya. Ang babae nga sa totoo lang. . . Di niya iniisip na mali siya, pero mali siya. "Ang babae nang madaya ay nahulog sa pagsalangsang." Dahil, ang babae, sa tuwing may—may paglilibing na dumadaan sa kalsada, ang babae ang sanhi nun. Sa tuwing may sanggol na humihiyaw, ang babae ang may sanhi nun. Sa tuwing may namamatay, ang babae ang may sanhi nun. Bawat ubaning buhok, ang babae ang may sanhi nun. Lahat, at kamatayan, ang babae ang may sanhi nun. Lahat ng

mali, ang babae ang sanhi nun. At tapos ilalagay n'yo siya na pinaka ulo ng iglesya, pastor, oh, kung minsan pa nga'y obispo. Kahiya-hiya siya.

<sup>148</sup> Ngayon hayaan n'yong ibaling ko kayo rito, sa isa pa, sa ilang saglit. Kita n'yo? Ngayon bumuklat tayo sa Unang Mga Taga-Corinto 14:32 dito, at tingnan natin kung anong sinasabi ni Pablo rito, at pagkatapos tutungo tayo sa iba pa, sa ilang saglit. At heto nga na di namin gustong panatilihin kayo nang matagal, dahil mapapagod kayo nang husto't di na makabalik sa umaga. Buweno. Babasahin ko lang. Ilan ang naniniwala na si Pablo ay kinasihang tagapagturo? Ngayon, alalahanin n'yo, isinulat ni Pablo ito kay Timoteo rin. Kita n'yo? Itong, ngayon, Unang Mga Taga-Corinto 14:32. Ngayon simulan natin dito, at umpisahan nating basahin sa dako rito, sa 14:34, po pala.

*Ang mga babae ay magsitahimik sa mga iglesia: . . .*

<sup>149</sup> Narinig n'yo ba ang sinabi niya?

*Ang mga babae ay magsitahimik sa mga iglesia:  
sapagka't sila'y walang kapahintulutang mangagsalita;  
kundi sila'y pasakop, . . .*

<sup>150</sup> May marka ba kayo riyan sa pahina n'yo na mababasa sa gilid? Kung mayroon, tugaygayin n'yo at kung di kayo ibaling n'yan sa Genesis 3:16. Mangyaring sinabi ng Diyos kay Eba, dahil ang babae'y nakinig sa serpiyente sa halip na sa asawa niyang lalaki, na ang lalaki'y mamumuno sa babae sa buong buhay niya. Kaya papaanong darating ang isang babae't siya'y mamumuno sa kalalakihan, na magiging pastor o diyakonesa, yamang sinabi mismo ng Biblia na siya'y "pasakop," gaya dun sa pasimula? Yamang Siya. . . Ang Diyos—ang Diyos ay di nga kailanman nagbabago. Di nga uubra na mapabibigkas mo ang Salita *rito* ng isang bagay at iba naman *dito* sa isa. Di Nito gagawin 'yun. Pare-pareho Ito sa tuwina.

<sup>151</sup> Kaya, sa pasimula, doon nga, bago natin tapusin, kung may pagkakataon ako, gusto kong ilatag nang maigi ang *Pagkakasal At Pagdidiborsyo* na katayuan para sa inyo. Di ko pa nailalatag 'yun nang maigi dito sa iglesya. Pero masdan n'yo itong kambal na tipan na ito. Sa isa puwede raw siyang mag-asawa; sa isa naman di siya puwedeng mag-asawa; at sinasabi sa isa rito na *ganito*, *ganoon*, o kung *ano pa*. Humimpil kayo pansumandali't tingnan kung ano ba talaga ang sinasabi ng Biblia, sa pagdako natin dun. Kita n'yo? Buweno. Ngayon masdan n'yo muna ito.

*Ang mga babae ay magsitahimik sa mga iglesia: . . .  
sila'y wala ngang kapahintulutang mangagsalita; kundi  
sila'y pasakop, gaya naman ng sinasabi ng kautusan.*

<sup>152</sup> Kung ganoon pala, sa Lumang Tipan pa lang, hindi na sila pinahihintulutan na magsalita, haya't nabanggit dito ni Pablo na noon pa ma'y di na sila pinasasalita. Tama po ba? "Ang mga babae ay magsitahimik. Ito'y pagpapasakop." Ngayon kung



tutugaygayin n'yo 'yang markang mababasa sa gilid ng pahina n'yo, dadalhin kayo nito pabalik sa Genesis 3:16. Kita n'yo? Buweno. "Sa ilalim, gaya ng sinasabi ng kautusan."

*At kung . . . ibig nilang maalaman, magtanong sila . . . magtanong—magtanong sa kanilang asawa . . . sa bahay: sapagka't mahalay na ang isang babae ay magsalita sa iglesia.*

*Ano? . . .*

<sup>153</sup> Ngayon tingan n'yo 'yang tandang pananong na 'yan sa bawat isa sa kani-kanilang Biblia, 'yang, "Ano?" Ano ang nagbunsod kay Pablo na sabihin 'yan at kumilos nang ganoon? Ngayon, kung masisiyasat n'yo ang mga liham na isinulat ng mga taga-Corinto kay Pablo. Ngayon, matatagpuan n'yo 'yun sa mainam na mga silid-aklatan, kita n'yo, na sumulat ang mga taga-Corinto kay Pablo. Sumulat sila't sinabi sa kanya, na matapos na ang mga kababaiha'y maakay. . . May—may diyosa kasi sila dun noon, na ang tawag ay "Diana." At nandun din ito sa may Efeso, siyanga. At parehong sinasamba ito ng mga taga-Corinto, yamang paganong pagsamba 'yun. At mangyaring may natagpuan daw kasi silang bato sa isang bukid isang araw, at ang itsura nun ay hugis ng isang babae. Sabi nila, "Ang Diyos ay babae, at inihulog niya rito sa atin ang kanyang larawan." At 'yung templo nila'y higit daw kung tutuusin sa templo ni Solomon, ang sabi nila, ng mga manunulat ng kasaysayan. Oh, lantay na marmol 'yun, na may patong na ginto; samantalang, 'yung templo ni Solomon ay gawa sa cedro, na may patong na ginto. Kita n'yo? At talagang higit kung tutuusin. At hayan nga, kung ganoon, na kung ang Diyos ay—ay babae, aba, tunay, babae rin dapat kung ganun ang mga saserdote niya. Siyanga, kung ang Diyos ay babae, tama sana ang babaing mangangaral. Pero, ang Diyos ay Lalaki. Sinasabi ng Biblia na Siya'y Lalaki, at Siya ay Lalaki. Kita n'yo? At kung ang Diyos ay Lalaki, ay dapat lalaki talaga.

Ngayon pansinin n'yo rito, 'Ano?"

<sup>154</sup> Ngayon, ngayon ang mga babaing babaylan na 'yun, nung sila'y naakay mula paganismo patungong Cristianismo, inakala nila na mapapanatili nila ang katungkulan nila bilang isang mangangaral, na madadala nila 'yun dun. Na kung sila nga'y nakakapangaral dun patungkol kay Diana, sa paglipat nila rito ay makakapangaral sila patungkol kay Cristo.

<sup>155</sup> Sabi tuloy niya, "Ano? Lumabas бага sa inyo ang Salita ng Diyos. . ." Haya't pakinggan n'yo nga Ito. Kapatid, papaanong naaatim na gawin 'yan ng mga ministro? Ika-36 na talata.

*Ano? lumabas бага mula sa inyo ang salita ng Dios? o sa inyo lamang dumating?*

*Kung iniisip ninoman na siya'y propeta, o ayon sa espiritu (di kailangang maging propeta; kahit lalaki*

lang na espirituwal ang diwa), *ay kilalanin niya ang mga bagay na sa inyo'y isinusulat ko, na pawang utos ng Panginoon.* (Pinaniniwalaan n'yo ba ito?)

*Datapuwa't kung ang sinuman, kung ang sinuman ay mangmang, ay manatili siyang mangmang.*

<sup>156</sup> Ngayon, ito na ang pinaka tahasang paraan na mailalatag ko ito. Kita n'yo? Ang sabi niya, “Kung ang sinuman ay lalaki na ayon sa espiritu, o isang propeta, kikalalanin niya na ang isinulat ko rito ay Kautusan mismo ng Panginoon.” Pero sabi rin, “Kung siya—kung siya ay mangmang, ay manatili siyang mangmang.” Kita n'yo? Yun lang ang magagawa n'yo. Kung gusto nilang ipagpilitan talaga 'yun, pabayaan n'yo sila, dahil nakita na niya noon pa man na nagsimula na 'yun dun.

<sup>157</sup> Haya't may isang babae na nagsabi sa akin noon, sabi, “Oh, mapagmuhi kasi sa babae si Pablo.”

<sup>158</sup> Hindi siya mapagmuhi sa babae. Alam n'yo, si Pablo ang alagad, at para sa Iglesyang Gentil. Tingnan n'yo rito. Alam n'yo ba na si Pablo . . . Ilan ang naniniwala na 'yan mismo ang ipinangaral ni Pablo? Yan ba ang sinabi niya—sinabi niya rito? At sinabi ni Pablo . . .

<sup>159</sup> Sasabihin n'yo, “Buweno, sandali lang ngayon, Kapatid na Branham. Sandali lang! Ngayon, sinasabi kasi ng obispo namin na ayos lang 'yun. Yung punong tagapangasiwa, ng Assemblies, ang sabi'y ayos lang naman daw 'yun. Maski 'yung obispo ng Oneness ay sinasabing ayos lang daw.”

<sup>160</sup> Wala akong pakialam sa kung anumang sabi-sabihin nila. Huwad 'yan! Haya't binalaan ko na kayo na patitimuin natin ito nang husto. At ganyan naman talaga ang sasabi-sabihin ng mga bulaang propeta. Dahil sinabi ng Biblia, “Kung iniisip ng isang tao na ayon siya sa espiritu, o isa siyang propeta, ay kilalanin niya na ang sinasabi ko mismo'y mga Kautusan ng Panginoon.” At kung ang espiritu niya'y di nagpapatotoong lumalakip sa Salita, isa siyang bulaang propeta, sa simula't sapul. Mas pipiliin ko pang mapagmuhi ako sa babae kaysa sa magiliw sa babae, na makiki kompromiso ako sa bagay na gaya nun, na makiki kompromiso sa bagay na gaya nun sa loob ng Iglesya ng Diyos, na anupa't salungat naman sa mga ordinansa ng Diyos. At mangyaring sinabi mismo ni Pablo . . . Sige't sa Mga Taga-Galacia 1:8. Ang sabi ni Pablo, “Kung may Anghel mula sa Langit na mangangaral ng anumang ibang ebanghelyo kaysa sa aking naipangaral sa inyo, siya'y matakuwil.” Ngayon ano na ang gagawin n'yo sa bagay na Yan?

<sup>161</sup> Ngayon sasabihin n'yo, “Paano naman 'yung sinasabi Nito na, ‘Ang inyong mga anak na lalaki't anak na babae'y magsisi propesiya,’ diyan sa Joel, at—at sinipi pa nga 'yun ni Pedro nung Araw ng Pentecostes?” Aba'y tama po 'yun.

162 Alam n'yo ba, sa Lumang Tipan, na ang tanging paraan, at ang nag-iisang paraan, na ang sinuman ay makadulog sa tipan, na tutugaygay, ay sa pamamagitan ni . . . si Abraham ang pinagkalooban nung pangako, at ang—ang tatak ng pangako na 'yun ay sa pamamagitan ng pagtutuli. Ilan ang nakakaalam nun? Hayun nga ang Diyos dun na pinatutunayan 'yun.

163 Katulad ng isang Baptist na kapatiran, sabi niya, “Kapatid na Branham, haya't, kaming mga Baptist ay natanggap namin ang Espiritu Santo.”

Sabi ko, “Kailan n'yo Ito natanggap?”

Sabi, “Nung oras mismo na sumampalataya kami.”

164 Sabi ko, “Pero ang sabi ni Pablo, ‘Natanggap n'yo ba ang Espiritu Santo simula ng manampalataya kayo?’” Kita n'yo? Sabi ko, “Ngayon, haya't kayong mga Baptist ay may napulot na ilang bahagi Nun, at mapag-uusapan natin ang tungkol sa Walang Hanggang seguridad sa piling n'yo.” Sabi ko, “Pero, buweno, saan n'yo nakuha Iyon nang paganoon?” Kita n'yo?

165 Sabi ni Pablo, “Natanggap n'yo ba Ito *simula* nang kayo'y manampalataya?” Haya't mga mananampalataya sila roon, at nakasisigaw at nakapagbubunyi't lahat na. Pero hindi pa nila natatanggap ang Espiritu Santo noon. Sinabi ni Pablo na di pa nila natatanggap. Kita n'yo? “Natanggap n'yo ba ang Espiritu Santo simula nang manampalataya kayo?”

Sabi nila, “Di namin alam na may Espiritu Santo pala.”

Sabi, “Kung ganoon papaano kayo nabautismuhan?”

166 Sabi nila, “Nabautismuhan na kami.” Pero, mali, kita n'yo. Kaya kinakailangan nung tao na mabautismuhan, muli. Hayan nga.

167 Ngayon pansinin n'yo ito ngayon, hayan ang mga babaing mangangaral na ito, nung sila'y makapasok, inisip nila na madadala nila ang kanilang pamamahala. Pero ganap na di 'yun pinahihintulutan ng Diyos na gawin. At hinayaan . . . sige po't habang nandito tayo sa paksa na ito, ng mga kababaihan, kita n'yo. At heto, ngayon, sabi niya, “Kung mayroon man sa inyo, na sa espiritu, o isang propeta, kilalanin niya na ang isinusulat ko'y mga Kautusan ng Panginoon. Pero kung siya'y mangmang, ay manatili siyang mangmang.” At kaya ito ang dahilan . . . ang tabernakulong ito'y hindi pumapanig at nag-oordena ng mga babaing mangangaral, mga babaing diyakono, o anupaman na ang babae'y kukuha ng katungkulan sa iglesyang ito, ay dahil nakalatag mismo rito ang Kasulatan at lantad na lantad ito.

168 Ngayon, sinabi mismo ng Biblia, “Ang inyong mga anak na lalaki't anak na babe ay magsisi propesiya.” Ngayon, ano ba ang ibig sabihin ng salitang *magpropesiya*? Sige't tingnan n'yo. Ang ibig sabihin nga'y “mangusap ng isang bagay, sa ilalim ng

inspirasyon,” o “paunang magsabi patungkol sa isang bagay.” Tambalan ngang salita ito.

<sup>169</sup> Gaya nga na ang ibig sabihin ng *pagpapaging banal* ay “malinis, o maibukod para sa gawain.” Kita n’yo? O, haya’t isang tambalang salita, na may higit sa isa na ibig sabihin, gaya nga ng marami sa mga salita natin dito sa Ingles.

<sup>170</sup> Tulad na lang, na kapag sinasabi nating “board.” Buweno, ano bang ibig sabihin ng *board*? Sasabihin n’yo, “Buweno, ang ibig sabihi’y nagbayad siya ng upa ng kanyang *board*.” “Hindi, di ganoon. Ang ibig niyang sabihin nag-*bored* siya ng butas.” “Hindi, di rin ganoon. Ang ibig niyang sabihin ay nainip siya’t na-*bored* niya siya.” O, kita n’yo na, isang salita lang ’yan, pero kinakailangan na alam n’yo kung ano ang ibig n’yong sabihin. Kita n’yo?

<sup>171</sup> At ganoon nga ito sa tambalang salita na ito, kung saan, “Ang inyong mga anak na lalaki’t mga anak na babae’y magsisi propesiya.” Ngayon, ang tanging paraan na ang Diyos . . .

<sup>172</sup> Ang sabi nga ng Baptist na ito, “Buweno, natanggap namin ang Espiritu Santo.” Sabi ko . . . “Ito nga’y nung amin mismo itong sampalatayanan.” Sabi ko . . . Ngayon, kita n’yo, ang sabi niya, “Ipinagkaloob ng Diyos kay Abraham ang . . .” Sabi, “Si Abraham ay sumampalataya sa Diyos.” Ganoon ang pagkaka latag niya roon. Sabi niya, “Sinampalatayanan ni Abraham ang Diyos at ito’y ibinilang sa kanya sa katuwiran.” Ilan dito ang nakakaalam na katotohanan ’yan? Ngayon bantayan n’yo kung papaanong—kung papaanong madaling nailulusot ni Satanas ito sa kapatid. Kita n’yo, napakadali. Ngayon, Kasulatan din kasi ito.

<sup>173</sup> Kapatid, sinasabi ko nga sa inyo, kung kayo’y sasampa rito, kinakailangan na napahiran kayo bago kayo pumasok dito. Kinakailangan na makapasok kayo sa isang kubling dako at manalangin. Sinasabi ng mga tao, “Bakit wala ka sa labas at para makita mo ang mga tao?” Kapatid, kung mangungusap ka sa mga tao o magtuturo ka sa kanila, kinakailangan mong mapag-isa, sa piling ng Diyos, nang kaunting sandali, bago ka pumunta rito sa pulpito. Tunay, kita n’yo, dahil tuso si Satanas, napaka tuso.

<sup>174</sup> Sabi niya ngayon, pansinin, sabi niya, “Nanampalataya si Abraham sa Diyos, at ito’y ibinilang sa kanya na katuwiran.” Tama. Sabi niya, “Ngayon, ano pa bang higit na magagawa ni Abraham kundi ang manampalataya?”

Sabi ko, “Yun lang ang tanging magagawa niya.”

<sup>175</sup> Sabi niya, “Haya’t sige ikaw ano pa bang mas higit mong magagawa o magagawa ng iba pa kundi manampalataya?”

<sup>176</sup> Sabi ko, “Yan lang talaga ang tanging magagawa natin. Pero tingnan mo, kapatid, pagkatapos nga’y ipinagkasundo ng

Diyos, o kinilala ng Diyos ang pananampalataya ni Abraham. Nagkaloob nga Siya sa kanya ng tatak, ng tanda ng pagtutuli, bilang tatak ng tipan. Kita mo? Nagkaloob Siya sa kanya. Sabi Niya, ‘Ngayon, Abraham, kinikilala Ko ang pananampalataya mo, kaya pagkalooban Kita ng tanda ngayon na ika’y Akin nang tinatanggap.’”

<sup>177</sup> Pagkatapos tinuli Niya si Abraham, at ’yun ang tatak nung tipan. At ngayon sa panahon ngayon... Ngayon, ang isang babae’y di maaaring mapasa tipan na ’yun; maliban na lang kung siya’y kasal na babae. Saliksikin n’yo, hayan nga’t di kayo makapagtutuli ng babae; kaya, kinakailangan na sila ang papasok dun na magkalakip, yamang siya at ang asawa niyang lalaki ay iisa. Hindi na sila dalawa; isa na sila. Ilan sa inyo ang nakakaalam n’yan? Yan mismo ang sinasabi ng Kasulatan. Kaya, ang babae kapag kasal na siya, kung ganun siya’y—siya’y lalakip sa isa. At tugaygayin n’yo rin dito at bumaling kayo rito sa Timoteo, ganoon din ang sinasabi, sabi, “Ngunit ililigtas ang babae sa pamamagitan ng panganganak, kung magpapatuloy siya sa pananampalataya at kabanalan nang may hinahon.”

<sup>178</sup> Ngayon, pero, heto, ang pagtutuli sa Lumang Tipan ay ukol sa laman, pero sa Bagong Tipan, sabi ni Joel, “Ibubuhos Ko ang Aking Espiritu sa lahat ng laman, at ang inyong mga anak na lalaki’t mga anak na babae’y magsisi propesiya.” Ngayon, ang ibig sabihin ng *pagpropesiya* ay di ’yung pagtuturo. Ang ibig sabihin ng *pagpropesiya* ay alinman sa “maglahad ng karanasan, sa ilalim ng inspirasyon,” o “paunang magsaysay ng isang bagay na napipintong mangyari.” At alam natin na may mga propetisa sa Lumang Tipan. Di nga sila nagsasalita sa loob ng gusali, ni nangungusap man sa iglesya, ni sa kongregasyon, bilang isang guro. Pero siya, si Anna, at marami pa sa kanila na nasa templo, sila’y mga propetisa, at sila’y... Maging si Miriam noon ay isang propetisa, o parang ganun. Taglay niya ang Espiritu, totoo ’yan, pero may limitasyon ang kanyang puwesto. Ang mga kababaiha’y maaaring lumitaw na propetisa sa panahon ngayon, tunay naman; pero hindi tagapagturo, at iba pa, na pupuwesto rito sa likod ng entablado. Kapag ganyan ang ginagawa n’yo, ibinubunsod n’yo—ibinubunsod n’yo na ang Biblia’y sumasalungat sa Sarili Nito. Di maaaring magsalita ang Biblia ng isang bagay *rito*, at ibang bagay nga pagdating naman sa isang ito *rito*. Sasabihin at sasabihin Nito ang siya ring bagay sa tuwina o kung hindi’y hindi Ito ang Salita ng Diyos. Kita n’yo? Kaya, “Ang inyong mga anak na lalaki’t mga anak na babae’y magsisi propesiya,” ang ibig sabihin n’yan ay sila’y “paunang magsaysay” o kaya “magpapatotoo.” Ngayon, sige po’t saliksikin n’yo ’yun, at kumuha kayo ng diksyunaryong ukol sa Biblia at tingnan n’yo kung hindi ba’t tama ’yun. “Ang inyong mga anak na lalaki’t mga anak na babae’y magsisi propesiya.”

<sup>179</sup> Ngayon, may ipinapangusap din ang Biblia na isang babae na nagpapanggap sa sarili niya, na ganoon, o sinasabi-sabi niya na siya'y. . . Ito nga'y pumapatungkol sa Iglesyang Katoliko, at maaaring pumatungkol din sa. . . dito sa paksa na ipapangusap natin ngayon. Sige't bumuklat tayo sa may Aklat ng—ng Apocalipsis, at dumako tayo sa—sa ika-2 kabanata sa ika-20 talata, habang nandito na tayo sa malapit, nang sa gayon mapagtanto n'yo rito at makita kung gaano nang kasama ang bagay na 'yun, na ipinapangusap dito na sa huling mga araw ay mangyayari ito, kung papaanong ang. . . kung saan hahantong ang babaing ito. Alalahanin n'yo, ang Iglesyang Katoliko'y babae. Kababasa lang natin 'yan, hindi po ba? Pakinggan n'yo ito ngayon, kung paano ang pagkakasabi Nito. Apocalipsis 2:20, "Datapuwat mayroong. . ." Nangungusap Siya rito sa iglesyang Tiatira, kita n'yo, "Datapuwat mayroong. . ." Na ang tinutukoy ay iglesya ng medyebal na kapanahunan, na dumaan noon sa Madilim na Kapanahunan.

*Datapuwa't mayroon akong laban sa iyo, na pinahintulutan mo ang babaing si Jezebel, na nagpapanggap na propetisa; at siya'y nagtuturo at. . . humihikayat sa aking mga lingkod at nakikiapid, at kumain ng mga bagay na inihahain sa mga diosdiosan.*  
(Kita n'yo?)

<sup>180</sup> Ngayon, kung mapapansin n'yo, masdan n'yong maigi ang mga iglesyang kapanahunan na ito, tapos magtatapos na tayo. Tapos sa kinaumagahan itutuloy natin 'yung iba pang mga bagay rito. Masdan. Sa. . . Doon sa—sa kandelero ng ginto ng tabernakulong Judio, sa loob nun, na may tinapay na handog at iba pa, may pitong kandelero ng ginto dun. Lahat kayo'y alam 'yan. Kita n'yo? May pitong kapanahunan ng iglesya. Ang pitong kapanahunan ng iglesya ang tinutukoy nun, liwanag. Ngayon kung mapapansin n'yo sa Apocalipsis 1, makikita natin si Jesus na nakatayo roon sa pitong kapanahunan ng iglesya, sa pitong kandelero, nung bumaling siya't nakita ang Isa na yaon na kawangis mismo ng Anak ng tao, nakatayo, nadadamitan nang ganoon. Ang Nobya 'yun na nakatayo sa may kandelero, na inilalarawan.

<sup>181</sup> Ngayon, sa Lumang Tipan, kukuha sila ng. . . isang kandila, at sisindihan 'yun, kukunin 'yung naunang kandila't sisindihan 'yung kasunod, sisindihan 'yung pangalawa, tapos mula dun ay sisindihan 'yung kasunod gamit 'yung nauna, nang paganoon, hanggang sa makumpleto nang buo ang pitong kandelero.

<sup>182</sup> Kung mapapansin n'yo, sa pasimula, nung magsimulang makipag-ugnayan ang Diyos sa mga Judio, haya't dumaan sila sa ginintuang panahon. At pagkatapos ang pinaka madilim na panahon ng pakikipag-ugnay sa mga Judio, na nagkaroon ang Diyos sa mga Judio, ay nung panahon ng paghahari ni Ahab. At kung mapapansin n'yo, sa pagbabasa roon patungkol sa mga

kapanahunan ng iglesia, Siya'y makikitungo sa ganun uli. Sabi Niya, ngayon, "Nung nagdaan," at sabi. . . Ngayon, doon mismo sa Madilim na Kapanahunan, labing-limang daang taon mismo, o nung panahon ni Ahab, dun ang una, at sa mga Judio. Yun ang pinaka madilim na panahon na nagkaroon sila, nung si Ahab ay ikasal kay Jezebel at nagdala 'yun papasok sa Israel ng pagsamba sa diyus-diyosan, at pinuwersa na ang lahat ng mga tao ay sumamba sa ano ni Ahab. . . o sa diyus-diyosan ni Jezebel. Naalala n'yo, nagsipagdala sila't, nagsipagtayo ng mga asera, at giniba ang mga dambana ng Diyos. At umiyak nang husto si Eliseo, haya't siya na lang daw ang "tanging isa," at ang Diyos ay may pitongdaan pa pala na di pa kailanman lumuluhod kay Baalim. Naaalala n'yo ba? Yun ang tipo ng hinirang na Iglesyang lalabas. Nakikita n'yo ba dun? Nakikita n'yo ba ang pagkaka-ayon nun?

<sup>183</sup> Ngayon, sa iglesyang ito, kung mapapansin n'yo sa unang iglesia, ang unang iglesia, ang iglesia ng Efeso, ay isang dakila ngang iglesia. Sabi Niya, "May liwanag, pa kayo." At kung mapapansin n'yo, bawat iglesia, unti-unting dumidilim, nang dumidilim, nang dumidilim, hanggang makarating sa Tiatira. Tapos, heto na ang labing-limang daang taon. Haya't papunta na sa kabilang panig, "At ika'y may kaunti na lang na liwanag. Pagningas mo ang taglay mo, o kung hindi'y maaalis ang iyong kandelerero." At pagkatapos ay dumating sa kapanahunan ng iglesyang Filadelfia, at pagkatapos sa kapanahunan ng iglesyang Laodicea.

<sup>184</sup> Ngayon, heto ang maganda rito. Oh, grabe! Gustung-gusto ko nga ito, Kapatid na Smith. Kita n'yo, tingnan n'yo po ito. Ngayon, sa kapanahunan ng iglesyang ito, habang tumutuloy tayo. . . Ngayon masdan n'yo ito. Ang unang kapanahunan ng iglesia ay ang Efeso, ang kapanahunan ng iglesyang Efeso. Ngayon, ang bawat isa sa mga kapanahunang iglesia na 'yun, hanggang sa makarating dun sa labing-limang daang taon na 'yun, kung mapapansin n'yo. . . Basahin n'yo ito pagdating n'yo sa tahanan n'yo ngayong gabi, kung may oras kayo, o bukas ng umaga, bago kayo pumunta sa simbahan, 'yung una, ika-2, at ika-3 kabanata ng Apocalipsis. Makikita n'yo roon, bawat isa sa mga kapanahunang iglesia, sabi Niya, "May kaunti kang kalakasan, at di mo itinakuwil ang Pangalan Ko," hanggang sa makarating Siya roon sa labing-limang daang taon ng Tiatira, ang Madilim na Kapanahunan. Tapos tumugaygay Siya roon sa kabilang panig, at nagsabi:

. . . ikaw ay may *pangalang* ikaw ay nabubuhay, pero ikaw ay *patay*.

<sup>185</sup> At heto, na wala ni isa sa ibang mga kapanahunan na ito ng iglesia, 'yun man o ang kapanahunan ng iglesyang Filadelfia, ang nakatamo sa Pangalan na 'yun uli. Di na kailanman natamo ang Pangalan na 'yun uli, dahil lumabas na 'yun nung mga

panahon na ito. Ngayon, oh, heto nga na mailalatag natin sa kanila ang huwad nilang mga katuruan ngayon, hayan mismo, ipakita sa inyo na isa 'yung ina, ang iglesyang Katoliko, ang ina ng lahat, kung papaanong siya'y "ina, hiwaga, Babilonia." At 'yun, tingnan n'yo, itong iglesyang kapanahunan dito nung siya ay lumitaw, mayroon pa siya noong kaunting liwanag, tapos siya'y nasadlak pa na padilim, nang padilim, tapos siya'y pumasok sa pagiging isang organisasyon dun, sa labing-limang daang taon na ito. At heto nga na paglabas niya, ay hindi na Iglesya ng Panginoong Jesus Cristo, kundi Iglesyang Katoliko na mismo. Bilang ano ang paglabas ni Luther? Bilang iglesyang Lutheran. Bilang ano mismo ang paglabas ng Baptist? Bilang iglesyang Baptist. Haya't hindi na sa Kanyang Pangalan, hindi na sa Kanyang Pangalan; iba nang pangalan, "may pangalan kayo." "Yamang walang ibang pangalan ang ibinigay sa silong ng Langit na sukat ninyong ikaligtas, tanging ang Pangalan lamang ni Jesus Cristo." "May pangalan kayo na ikinabubuhay ninyo, pero kayo nga'y patay," ganyan ang denominasyon na 'yun.

<sup>186</sup> "Oh, Presbyterian ako," at patay ka! "Oh, Baptist ako," at patay! Mabubuhay ka lamang sa pagkabuhay kay Cristo Jesus. Tama. Ang mga huwad n'yong pagbabautismo, sa tubig, huwad na pagbabautismo; pawisik-wisik, pabuhos-buhos, sa halip na paglulubog; ginagamit ang "Ama, Anak, at Espiritu Santo," sa halip na Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo. Hayan nga ang mga huwad na bagay na 'yan na rumaragasa, sinasabi nga ng Biblia, na kagaya ng pagdaluyong nito nang malakas sa abot ng makakaya nito. At samantalang heto tayo na hinahayaan natin 'yan kasama sila, "Buweno, *ganito* kasi ang paniniwala Rito ng iglesya ko." Pero *Ito* ang sinasabi ng Biblia. Kita n'yo? Walang ganyan. Walang ganyang bagay.

<sup>187</sup> Haya't wala kahit saan man sa Biblia na inilabas nila ang dila nila't tumanggap ng banal na Eukarista, at iinumina ng pari 'yung alak at tatawagin 'yung Espiritu Santo. Wala kailanman sa Biblia na nakipagkamay sila't iniabot ang kanang kamay ng pakikisama, at tinawag 'yung Espiritu Santo. Wala kailanman na may tumayo't nagsabi, "Ngayon mananampalataya na ako," at natanggap ang Espiritu Santo. Kung ganoon, o disin sana'y ganito ang pagkabasa ng Mga Gawa 2, "At nung dumating na mismo ang Araw ng Pentecostes, sa daan ay dumarating ang isang Romanong pari, at ang kanyang kulyar ay nakatupi nang paganoon-at-paganito. Darating siya, magsasabi, 'Lahat kayo'y ilabas n'yo ang inyong dila ngayon at tanggapin ang banal na Eukarista, ang unang komunyong.'" Hindi ba't disin sana'y ganoon ang pagkabasa ng Mga Gawa 2?

<sup>188</sup> Buweno, maging kayo na mga Protestante ay ganoon ding kalala. Babaling pabalik at magsasabi, "Ngayon lalapit kami sa inyo na mga Methodist; patungan n'yo sila ng kanang kamay, o,



iabot n'yo sa kanila ang kanang kamay ng pakikisama, at anim na buwan kayong oobserbahan kung kayo nga'y karapat-dapat na." Saan n'yo mababasa 'yan sa Mga Gawa 2? Kita n'yo? Saan n'yo nahalukay 'yan? Kita n'yo?

<sup>189</sup> Ang sabi Nito, "Nung sila'y nangagkatipon sa isang dako, sila'y magkakalakip!" Walang lumitaw na obispo't ginawa 'yung *ganito*, at walang lumitaw na pari't ginawa 'yung *ganito*, "Bagkus isang ugong ang dumating galing sa Langit na gaya ng isang humahagibis na malakas na hangin, at pinuno Nito ang buong bahay na kinauupuan nila." Sa ganoong paraan nga nila Ito natanggap, siyanga, po, bilang isang humahagibis na malakas na hangin na nanggagaling sa Kaluwalhatian. Hindi galing sa kung anong daan o kung anong denominasyon.

. . . ikaw ay *may pangalang* ikaw ay nabubuhay, pero ikaw ay *patay*.

<sup>190</sup> Kita n'yo, 'yang mga kredo't denominasyon n'yo ay naging pangharang pa mismo na itinataboy ang Diyos, hanggang sa, "Naniniwala kami sa *ganito*, at naniniwala kami na ang mga araw ng mga himala'y lipas na." Bulaang propeta pihado ang magsasabi ng ganyan. Bulaang propeta pihado ang magsasabi sa inyo, na, "Makipagkamay lang kayo at matatanggap n'yo na ang Espiritu Santo." Bulaang propeta pihado ang magsasabi sa inyo, "Natanggap n'yo na ang Espiritu Santo nang kayo'y manampalataya." Bulaang propeta pihado ang magsasabi sa inyo, "Kinakailangan n'yong mabuhusan o mawisikan sa halip na mabautismuhan." Bulaang propeta pihado ang magsasabi sa inyo na "mabautismuhan kayo sa pangalan ng Ama, Anak, at Espiritu Santo," samantalang wala namang ganoong Kasulatan sa Biblia. Siyanga. Walang Kasulatan sa Biblia na nagsasabi na kayo'y mabautismuhan, kung saan may nabautismuhan kahit kailan, na haya't sa Pangalan lamang ni Jesus Cristo. Tanging, ang mga alagad lang ni Juan; at sila man ay kinailangan nilang lumapit, para mabautismuhan uli, sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo, para makamit ang Espiritu Santo. Tama. Ngayon, di po 'yan doktrina ng Jesus Only. Alam ko ang doktrina ng Jesus Only. Hindi 'yun 'yun. Ito'y Doktrina ng Biblia. Siyanga.

<sup>191</sup> Pero hayan nga kayo. Anong ginagawa n'yo dun? Hayan kasi ang nanay n'yo. Hayan ang nanay ng mga kredong 'yan.

<sup>192</sup> Ngayon, tugaygayin n'yo pabalik sa Biblia at sabihin sa'kin kung mayroon bang kahit sino ang nawisikan. Methodist, Presbyterian, Katoliko, sige't sabihin n'yo nga sa akin kung saan na may isang taong nawisikan kahit kailan, sa Biblia. Sabihin n'yo nga sa akin kung saan may nabuhusan man kahit kailan, sa Biblia, para sa ikapagpapatawad ng kasalanan. Sige po't banggitin n'yo. May mahahanap ba kayo? Kung mayroon, lumapit kayo sa akin, tapos lalakad ako ryan sa kalsada na may karatula sa likod ko, at ang nakalagay, "Isang bulaang propeta!

Mali ako.” O, sige’t kung may mahahanap kayo na sa isang dako man sa buong Biblia kung saan may nabautismuhan sa pangalan ng Ama, Anak, at Espiritu Santo, na paraan ng walumpung porsiyento sa inyo sa pagbabautismo. Hanapan n’yo ako ng kahit isang Kasulatan man lang kung saan may nagbautismo sa ganung paraan, at maglalagay ako ng karatula sa likod ko, “huwad na propeta,” at lalakad ako sa kalsada na nakalagay ’yun sa akin nang *paganito*. At sige’t ipakita n’yo sa akin kung saan may isa man na nabautismuhan, sa bagong Iglesya, na di dumulog at mabautismuhan muli, sa . . . di nga basta sa pangalan ni “Jesus” lang, bagkus sa Pangalan ng ating Panginoong Jesus Cristo. Hayan nga. Tingnan n’yo kung hindi ba’t ganoon ’yun.

<sup>193</sup> At, heto, ano ’yun? Siya’y ina ng mga patotot. Ano ang nagbunsod sa kanya para maging patotot? Ano ang nagpaging patotot sa kanya? Ang doktrina niya! Ano ang nagpaging patotot sa kanila? Ang doktrina niya!

<sup>194</sup> At ’yan ang dahilan kung bakit hindi tayo nagpapaubaya sa mga denominasyon nila’t dogma nila. Wagas tayo sa Biblia. Di ko masasabi kung gaanong kainam n’yo Itong naipapamuhay, pero Ito ang itinuturo sa inyo, ano’t anuman. Siyanga. Nasa sa inyo ’yan. Di ko maibubunsod kayo na maipamuhay Ito. Ang magagawa ko lang ay sabihin sa inyo ang Katotohanan. Yan ang dahilan kung bakit di tayo isang denominasyon. Di ko—di ko maaatim na marungisan ang ating sarili na bababa tayo sa ganyang klaseng bagay, na ipagpipilitan ang isang uri ng kung anong dogma. Mas nanaisin kong tahakin ang daan ng ilan na mga kinamuhian dahil sa Panginoon. Mas nanaisin kong maging malinis at dalisay sa harapan mismo ng Salita at ng Diyos, at titinding dun at magsasabi, “Walang mantsa ng dugo ng tao sa aking damit.” Yan ang dahilan kung bakit nananatili tayo sa Branham Tabernacle. Yan ang dahilan kung bakit di tayo Assemblies. Yan ang dahilan kung bakit di tayo Oneness. Yan ang dahilan kung bakit di tayo Jesus Only. Yan ang dahilan kung bakit di tayo Methodist. Yan ang dahilan kung bakit di tayo Baptist. Munting—munting tabernakulo lang tayo rito. Wala tayong denominasyon na anuman. Malaya tayo, kay Cristo. Yan ang dahilan kung bakit nananatili tayo sa ganitong paraan na kinapapanindigan natin. At sa tuwina’y pinagpapala tayo ng Diyos, tinutulungan tayo ng Diyos.

<sup>195</sup> Ngayon, masasabi namin sa inyo kung bakit kami nagkokomunyon, masasabi namin sa inyo kung bakit kami naghuhugasan ng paa, kung bakit hindi namin pinapayagan ang mga miyembro na gawin ’yun kung alam namin na sila’y nasa pagkakasala. Yan ang dahilan kung bakit, nitong huling dalawa o tatlong sanlinggo, ay dumadalaw-dalaw ako sa isang miyembro’t sa isa pa, kung saan may kaunti kayong mga di pagkakaunawaan na paikot-ikot, din. Sa pagbisita, may isa na ayaw makipag-usap sa isa pa, at masasalubong sa daan at heto

nga na ipapaling ang ulo palayo. Mahiya kayo, na sumasalo sa pinagpalang saro ng Diyos sa harapan ninyo, sa altar dito, at magtatawagan na kapatid na lalaki't kapatid na babae, tapos sa telepono'y magsisiraan sa isa't isa. Di kayo karapat-dapat na tawaging Cristiano kung ganoon kayo. Siyanga. Huwag kayong tumawag sa telepono; kung wala rin naman kayong mabuting sasabihin tungkol sa isang tao, mas mainam na huwag na lang kayong magsalita. Alalahanin n'yo, pananagutin kayo ng Diyos sa bagay na 'yan. Haya't kung ang ganyang uri ng espiritu ay nasa sa inyo pa, alam mo na di ka tuwid sa Diyos. Kung di mo ramdam . . .

<sup>196</sup> Kung mali 'yung tao, lapitan mo siya't makipagkasundo. Kung di kayo mapagkasundo, magsama kayo ng isa pa. Haya't di nakapagtataka kung bakit di madisiplina ng Diyos ang Kanyang Iglesya, ay dahil di n'yo ginagawa 'yun nang tama. Kaya sa halip na daanin n'yo sa telepono at magkukuwento tungkol sa isang tao, kung anong nangyari, at munting hinala at kung anu-ano pa, na pinagpapasa-pasahan nang ganoon. Sa halip na 'yan ang gawin n'yo, bakit di n'yo gawin ang sinasabi ng Biblia? Kung may kapatid na nagapi ng kasalanan, lumapit kayo sa kanya at tingnan n'yo kung maipagkakasundo n'yo siya. "Buweno, ngayon, pati kasi ako'y naagrabyado niya!" Di ko alintana anuman ang nagawa niya, puntahan at puntahan n'yo pa rin siya! Hindi Nito sinasabi na siya ang palapitin n'yo sa inyo. Kayo ang lumapit mismo sa kanya kung siya ang mali. Sasabihin n'yo, "Buweno, siya na nga ang may kasalanan. Dapat siya ang lumapit sa akin." Di ganyan ang sinasabi ng Biblia. Sinasabi ng Biblia na kayo ang lumapit sa kanya. Kung siya ang mali, lapitan n'yo siya.

<sup>197</sup> At ngayon kung di siya makinig sa iyo, haya't kumuha ka ng isa para sumama sa iyo, bilang saksi.

<sup>198</sup> At pagkatapos kung di pa rin siya mapapayag kahit may saksi na, mangyaring sabihin n'yo, "Ngayon isasama ko na ang pastor mo." Pagkatapos sabihin n'yo sa kanya, sabihin n'yo, "Sasabihin ko ito sa iglesya, at tatlumpung araw mula ngayon, kung ikaw kapatid ay di pa rin . . . Samantalang heto na ang kapatid na ito na may pagnanais nang makipagkasundo. Pero di mo pa rin gagawin. At kung di ka makikipagkasundo sa loob ng tatlumpung araw, haya't ano ang mangyayari? Di ka na isa sa amin."

<sup>199</sup> Sabi ng Biblia, "Kung di niya pakikinggan ang iglesya, ay ipalagay siya na isang pagano at isang publikano." Kita n'yo, hangga't ang kapatid na 'yun ay nasa ilalim ng proteksyon ng iglesya, siya'y may proteksyon ng Dugo ni Cristo. Yan mismo ang dahilan kung bakit di natin mapadaloy nang mainam ang iglesya sa paraang dapat sana. Ngayon, heto, *Ito* ang Doktrina ng Bap- . . . ng iglesyang Baptist, o ng Branham Tabernacle, kung inyo lang sanang gagawin. Kita n'yo, bakit di . . .

<sup>200</sup> Ipagpahalimbawa natin, sabihin na lang natin, dalawang lalaki, sabihin na lang natin na si Leo at ako. Ako nga ba dapat ang . . . At sasabihin ko, “Buweno, siya—siya naman ang naka-agrabyado sa akin.” Walang kaso nga ’yun. Ako ang dapat na pumunta sa kanya. Buweno, miyembro siya ng iglesyang ito. Siya—siya’y naging Cristiano. Sumasalo siya sa komunyong dito kasama ko sa harapan. At nabautismuhan kami sa Pangalan ng Panginoong Jesus. Lumakad nang tuwid, bilang magkapatid, sa harap ng bawat isa, pagkatapos may bagay na nangyari.

<sup>201</sup> Hindi naman ’yung tao mismo. Siyamnampung porsiyento madalas na ang diyablo ’yun na dumako roon sa pagitan ng mga tao. Hindi ’yung tao mismo. Ang diyablo nga. At habang hinahayaan n’yo ang diyablo na gawin ’yan, mas nakakasama sa kapatid mo. Ganoon nga.

<sup>202</sup> Buweno, kung may bagay na di maganda sa pagitan ni Leo at ako; atin nga ’yung aayusin. At kung kayo ang makakakita na may bagay na mali, tungkulin n’yo na lumapit, at magsabi, “Kayong dalawa’y pumunta rito at upuan ito. Aayusin natin ito.” Ngayon, pagkatapos, sa pagpunta niya roon, at malaman na niya, pagkatapos, heto na nga kami. Sasabihin ko, “Buweno, unang-una, kung di kami—di kami magka sang-ayunan, kung ganun idulog mo sa iglesya parang ganoon.”

<sup>203</sup> At pagkatapos basta’t—basta’t wala kayong gagawin na makadadagdag pa dun, hayan nga, na ang Dugo ni Jesus Cristo ay proteksyon sa aming dalawa. Kita n’yo? Pero heto nga na—na kung ’yung matandang kanser na ’yun ay magdulot ng isa pang kanser, at ’yung kanser na ’yun ay magdudulot ng isa na namang kanser, haya’t ang kabuonan ay magkakasakit, damay-damay lahat, ang buong iglesya. Pagkatapos darating ka sa punto na pagpunta mo ng simbahan, at ganoon ka kalamig, na animo’y kakailanganin n’yo ang tagapangasiwa ng kalinisan na durugin ang mga namumuong pagyeyelo, bago puwede nang makapasok ang kongregasyon. Ngayon, alam n’yong ganoon ’yun. At hayan ang kalamigan! Kapag may umupo sa tabi mo, alam n’yo, at wala kang imik. “Buweno, espirituwal naman tayo dati.” Buweno, ano kayang nangyari? Maayos naman dati, aba’y anong nangyari? Kita n’yo, inilalayo ka ng kasalanan mo. At pananagutin ka ng Diyos dahil diyan, kapatid. Ngayon sige’t itutuwid ko ito.

<sup>204</sup> Wala sa akin ang suliranin, wala kay Leo ang suliranin; nandun sa diyablo na pumagitna sa amin. Ganoon nga. Haya’t ituwid n’yo ’yan. Puntahan mo ang kapatid. Kung di siya makikinig, o kung di ako makikinig, kung sinuman, ay idulog n’yo sa iglesya. Kung di siya magpupunta para mapagkasundo sa iglesyang ’yun nang tatlumpung araw, kung ganoon siya’y wala na sa ilalim ng proteksyon ni Jesus. Nawaglit natin siya. Ganoon nga. Pagkatapos antabayanan n’yo ang mangyayari. Itagubilin n’yo sa Diyos ang pagdidisiplina. Huwag n’yo nang panghimasukan pa. Nagawa n’yo na ang pinaka mainam na

maaari n'yong gawin. Hayan nga't itagubilin n'yo siya sa Diyos nang kaunti; Kanya ngang isusuplong siya sa diyablo. Ang kapatid nga'y mapagtatanto niya pagkatapos. Kung hindi, ang buhay niya ay magiging maiksi.

<sup>205</sup> Naalala n'yo ba sa Biblia, noong may isang kapatid dun na di maituwid sa Diyos? Ilan ang nakakaalala sa tagpong 'yun? Nakatira siyang kasama ang kanyang nanay-nanayan, at di nila siya maituwid. Sabi ni Pablo, "Ibigay siya sa diyablo, para sa ikawawasak." Makikita n'yo, sa may Ikalawang Mga Taga-Corinto, na naituwid siya.

<sup>206</sup> May kapatid nga ako, isang mainam na kaibigan, sige po't babanggitin ko sa inyo ang pangalan niya, isa siyang kapatid na mangangalar. Haya't ang kapatid na mangangalar na ito, ang pangalan niya ay Kapatid na Rasmussen. Marami sa inyo na mga ministrong nakaupo rito, sa gabing ito, ang pangalan niya ay nandiyan sa mga papel n'yo. Sa inter-denominasyon sa Chicago. At tingnan n'yo. May anak siyang lalaki, ministro, at naghanap at nakapangasawa ito ng isang babaing Katoliko, at nagsimula siyang lumihis. At unti-unti nilang ginagawa 'yung *ganito*, *ganoon*, at kung *ano pa*, at—at anupa't lahat; nasadlak sa gulo. At ang tatay niya'y pinuntahan siya, sabi, "Ngayon tingnan mo, anak, manunumbalik ka ba na maipagkasundo?"

Sabi, "Tatay . . ."

Tinawag niya ang iglesya nila na mga grupo ng mga holy-roller, ang kanyang tatay. Sabi ng tatay, "Ngayon, tingnan mo, itutuwid mo ba ang bagay na ito sa iglesya?"

<sup>207</sup> Sabi niya, "Ngayon, tatay, kayo po ang tatay ko, at ayaw ko pong palakihin pa itong bagay na ito sa inyo." Buweno.

<sup>208</sup> Nagpunta ang tatay at nagdala ng isa sa mga diyakono at para pumunta sa bahay nung anak. Sabi—sabi, "Wesley, gusto kitang makausap." Sabi, "Itutuwid mo na ba ang bagay na ito sa iglesya?" At matipid lang sa pagsagot 'yung anak. Sabi, "Alalahanin mo, Wesley, ako ang pastor ng iglesya. Tatay mo ako, pero gagawin ko kung ano ang sinasabi ng Diyos na dapat gawin. Binibigyan kita ng tatlumpung araw para maituwid sa iglesya, o kung hindi'y ititiwalag ka namin mula sa Presensya ng Diyos. Oo't sarili kitang anak; pero heto ang Tagapagligtas ko." Sabi, "Mahal kita. At alam mo na mahal kita, Wesley. Ngayon nga mismo'y kaya kong mamatay alang-alang sa iyo. Pero kinakailangan mong ikaw mismo'y dumulog nang may pagtutuwid sa Salita ng Diyos. Kita mo?" Sabi niya, "Ako ang pastor. Ako ang pastol ng kawan na iyon. Anak man kita, o sino ka man, kinakailangan mong mailinya sa Salita ng Diyos. Dahil kung hindi mo gagawin, haya't di ako karapat-dapat na maging Kanyang pastol."

<sup>209</sup> Grabe, ganoon po ang isang tunay na pastor. Ganoon ang isang tunay na lalaki. Hindi ba't ganoon din ang iniisip n'yo? Isa

'yung tunay na lalaki. Sinabi niya talaga 'yun sa anak niya. "At kahit masaktan pa ang anak niya," sabi niya. Haya't sinabi niya, "Ano? Sino ba ang maaatim mong masaktan, ang tao, o saktan ang iyong Tagapagligtas? Kaya," sabi niya, "pagkatapos tumuloy kami." At sabi, "Hindi raw niya gagawin. At kaya kami... Sinabi ko sa iglesya."

<sup>210</sup> Sabi niya, "Ang sarili kong anak, na si Wesley, tumanggi siya na pakinggan ako, sa bagay na ito. Tumanggi siya na pakinggan ang diyakono. At kayo'y saksi rito, Kapatid na *Ganito-at-ganoon?*"

"Opo, saksi ako."

"Buweno. Alas otso, sa susunod na Linggo, apat na linggo mula ngayon, kung di pa rin niya ituwid 'yun sa iglesya, ating isusuplong siya sa diyablo, para sa ikawawasak ng laman. Ang Kanyang Dugo, ang Dugo ng... ni Jesus Cristo, at ng iglesyang ito, ay wala nang proteksyon sa kanya."

<sup>211</sup> At dumating ang gabing 'yun. Habang nakatayo sa pulpito, sabi, "May dalawang minuto na lang siya." Dumating 'yung mismong oras. Sabi niya, "Ngayon, sa aking anak, na si Wesley Rasmussen... ipinaalam na sa kongregasyong ito, sa Iyo, Diyos na Makapangyarihan sa lahat: Ginawa na namin ang lahat ng magagawa namin, batay sa Iyong mga Salita at tagubilin ng Iyong—Iyong Anak, na aming Tagapagligtas, haya't ang anak ko'y umalis sa amin. Amin na ngayong, isinusuplong ang aking anak na ito, at sampu ng iglesyang ito na kasama ko, ibibigay siya sa ika-... sa diyablo, sa ikawawasak ng kanyang laman, nang sa gayon ang kanyang kaluluwa ay maligtas." Yun lang ang sinabi. Walang nabanggit na iba, nang sanlinggo o dalawa, o marahil isang buwan o dalawa.

<sup>212</sup> Isang gabi, ang abang si Wesley ay nagkasakit. At simula nung magkasakit siya, mas lumalala nang lumalala ang sakit niya. Tumawag siya ng doktor. Dumating ang doktor at ineksamin siya. Ang lagnat niya'y sandaan at lima ang taas. Di nga niya malaman kung saan niya nakuha 'yun. Palala nang palala ang sakit niya. Sabi ng doktor, "Iho, di ko alam kung anong nangyari sa iyo." Hindi na niya alam ang gagawin. Sabi, "Tatawag tayo ng espesyalista." Tumawag sila ng espesyalista, at 'yung espesyalista'y pumunta roon. Dinala nila siya sa ospital, ineksamin siya't, lahat na. Tapos sabi, "Di ko masabi sa iyo. Ang lalaki'y parang nasa—nasa bingit na ng kamatayan." Nakatayo roon ang asawa niya, umiiyak, haya't lahat na. At naroon ang mga anak niya na nakatayo sa palibot ng higaan at sa buong paligid nang paganoon. Sabi ng doktor, "Yayao na siya. Siyanga." Sabi, "Ang pulso niya't paghinga, bumababa nang bumababa ito."

<sup>213</sup> Sabi niya, "Tawagin n'yo si tatay." Oh, siyanga. Ganoon ang tamang dapat gawin. Siyanga. "Tawagin n'yo si tatay." At

ang tatay niya'y tumakbo sa ospital, talagang kumaripas, para makita siya. Sabi niya, "Tatay, di ko na kaya, pero alam kong maririnig ng Diyos ang sasabihin ko. Itatama ko na ang lahat. Itatama ko na ang lahat. Oo, itatama ko na po." Siyanga, po, kapatid. Mismo roon ang paghinga niya'y bumalik sa normal.

<sup>214</sup> Tapos nung sumunod na Linggong 'yun, tumayo siya sa harapan ng iglesya. Sabi niya, "Nagkasala ako sa harapan ng Diyos, sa harapan ng iglesyang ito. Tumanggi akong pakinggan ang mga sinasabi ng pastor. Tumanggi ako—tumanggi ako na pakinggan ang diyakono rito." Tapos sabi, "Humihingi ako sa iglesyang ito na patawarin ako sa kasamaan na nagawa ko na gaya nun." Sabi, "Kinaawaan ng Diyos ang buhay ko." Hayan nga't sinasabi ko sa inyo, tumuwid siya mismo. Oo. Yun ang dapat n'yo mismong gawin, kita n'yo. Kita n'yo? Inyong, kung gagawin n'yo lang ayon sa pamamaraan ng Diyos! Kita n'yo?

<sup>215</sup> Ngayon, kita n'yo, ang ginagawa kasi natin, nagdadaos tayo ng pagtitipon ng lupon, tapos sasabihin natin, "Buweno, ngayon, pananatilihin ba natin si. . ." Di ko sinasabi na ganyan sa tabernakulo, pero ang tinutukoy ko ay tayo mismo na mga Protestante. Haya't nagdadaos tayo ng pagtitipon ng lupon, at, "Ano ang masasabi n'yo kay Jones? Ano sa palagay n'yo ang dapat na gawin natin sa kanya? Sa palagay ko mas pinagiging mainam na miyembro niya ang Methodist kaysa sa'tin." Hayan nga kayo. Yan, 'yan nga'y mali. Yan ang dahilan kung bakit di tayo sumusunod sa kanilang mga tradisyon. Na may obispo, na ang tawag natin (o ng iba. . . ano nga uli, 'yung tawag n'yo sa kanya? 'yung mataas na lalaki ng distrito sa Pentecostal na iglesya? "presbitero ng distrito")—siya nga'y tatawagin para siyasatin ang ikinikilos ng taong 'yun.

<sup>216</sup> Sinasabi na mismo ng Biblia kung ano ba ang dapat nating gawin. Yan ang dahilan kung bakit di tayo nakikipamatok sa kanilang mga denominasyon. Pinapanatili nating malaya tayo sa bagay na 'yun. Amen. Di naman kayo nagagalit sa'kin, tama ba? Huwag kayong magagalit. Buweno. Naku't makakatanggap ako marahil ng ilang nag-aatikabong mga katanungan bukas ng gabi. Pero, buweno, ayos lang 'yun. Kita n'yo? Alalahanin n'yo. Alamin. . .

<sup>217</sup> Sasabihin ko ito ngayon. Kayo po rito na nanggaling sa iba't ibang mga iglesyang denominasyon, sa denominasyon n'yo, haya't, kapatid, di ko sinasabi na di kayo Cristiano. Di ko sinasabi na 'yang denominasyon n'yo ay di kalugud-lugod ang libo-libong mga Cristiano riyang. Ang sinisikap kong ipangusap dito'y ang rason kung bakit di kami denominasyon. Dahil, di ko maaatim na tumayo sa ganoon. Hindi, kailanman. Tunay na di ko maaatim. Haya't pinagpipilitan nilang sabihin sa inyo kung ano ang dapat n'yong gawin. Kung Diyos ang tumawag sa akin para ipangaral ang Ebanghelyo, kung ganoon ay ipangangaral ko Ito sa paraan na sinabi sa akin ng Diyos na gawin. Ganoon

po mismo, sa paraan na nasusulat dito sa Bibliang ito. Kung di nakalinya Rito, kung ganoon ay . . . Hahatulan ako ng Diyos sa bagay na 'yun. Pero kung nakikita ko—nakikita ko—nakikita ko na ang asong-lobo na parating, o ang kaaway na parating, pagkatapos bigo akong balaan sila, haya't ipagsusulit ko 'yun sa Diyos. Pero kung binalaan ko kayo, nasa sa inyo na ito. Kita n'yo?

<sup>218</sup> Alalahanin n'yo, “Doon sa huling mga araw, sa panahong mapanganib na darating, ang mga tao'y magiging maibigin sa kanilang sarili, mayayabang, mapagmalaki, mapagtungyaw.” Kita n'yo, mapagtungyaw, “Oh, mga grupo lang 'yan ng mga mangmang. Ang mga araw ng himala'y lumipas na. Walang ganyang bagay.” Siya'y abang huwad na propeta. “Ngayon, nakakatiyak kami na ang mga kababaihan namin ay kasing tatalino ng mga kalalakihan namin.” Di ko po 'yun kinontra, pero sinasabi mismo ng Biblia ng Diyos na ang babae'y huwag pahintulutan sa ibabaw ng pulpito. Yun—'yun nga'y sapat nang katibayan sa akin, kita n'yo. Siyanga. Buweno. Kita n'yo?

Tapos ang sabi pa'y, “Buweno, ngayon, ang aming mga denominasyon, napakarami naming maiinam na mga dumadalo gaya nga ng nariyan sa inyo sa tabernakulo.” Di po 'yan ang ipinupunto ko, bagkus Biblia na mismo ang kumokondena sa mga denominasyon. Siyanga. At, kaya, di ko sinasabi na wala kayong maiinam na mga miyembro sa iglesya n'yo. Mainam pa nga 'yan. Maiinam silang tao. Ilan sa pinaka maiinam na mga tao, nakakasalamuha ko ang mga taong ganito sa lahat ng mga 'yun, sa mga Katoliko man at sa lahat. Sa lahat, nakakatagpo ako ng maiinam na mga miyembro.

<sup>219</sup> Ngayon, kung papaano natin tutugaygayin ito ngayon, mga kaibigan, kung loobin ng Panginoon, sa mga susunod na aralin, marahil . . . Sige't ipapaalam ko sa inyo bukas ng umaga kung papasadahan natin ito bukas ng hapon o kung hindi na, kita n'yo, para mailahad po ito. Ang dahilan kung bakit sinisikap natin na magawa 'yan, ay gusto kong makadako sa isang punto ngayon. Ngayon, kung gusto n'yo pong magsama ng iba, kayo po'y kinalulugdan na gawin 'yun. Pero alalahanin n'yo ngayon, huwag—huwag po kayong basta pupunta para maghanap lang ng mapupuna. Magpunta kayo . . . Sa kongregasyon ko—ko po ito ipinapaalala, kita n'yo. Di ko po ito itinuturo sa labas ng kongregasyon ko rito, dahil 'yung labas ay katungkulan na ng ibang tao. Na, ang taong 'yun ay may pinapastulan din na mga kawan. At—at ako'y dito lang. . . [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]

<sup>220</sup> Pabalik nga sa Genesis, kung bubuklatin n'yo, at titingnan n'yo kung nasaan 'yun. Ngayon sige't babalik tayo sa Genesis, para masumpungan kung bakit ang isang ilehitimong anak ay di makapapasok sa kongregasyon ng Panginoon ng labing-apat na henerasyon. Na kung papaanong . . . Aabutin ng apatnaraang



taon upang ang kasalanan ay tuluyang mawaglit. Na ating masusumpungan kung papaanong ang—ang di pagkamatuwid ng mga magulang ay dumadalaw sa mga anak at sa mga anak pa, kung papaanong nagsimula 'yun sa Genesis, at tumugaygay.

221 At kayo . . . haya't makikita n'yo kung papaano 'yun, na dun pabalik sa pinaka una, na ang Diyos, bago itatag ang mundo, bago sumambulat ang isang atom, pabalik dun sa simula bago magkaroon ng isang liwanag na bulalakaw, haya't alam na ng Diyos ang bawat nilalang at lahat na lilitaw rito sa ibabaw ng lupa. Mayroon ba rito . . . Hindi n'yo nga kayang ipaliwanag kung ano ang salita na 'yun, at himayin 'yun, at sabihin kung anong ibig sabihin ng salitang “walang hanggan.” Para ngang itinutok n'yo ang kamera n'yo sa—sa walang hanggan. Sadya, sadya ngang tumutugaygay nang tumutugaygay, ganoon nga. Kita n'yo? Walang hanggan! At di natin kaya, sa pag-iisip natin na may hangganan, na maapuhap kung ano ang kayang isipin ng walang hanggang Kaisipan. Kita n'yo, di natin kayang gawin. Kayo, di n'yo 'yun kayang gawin. Kita n'yo? Pero kung aantabayanan n'yo, manghawakan sa Espiritu, mararamdaman n'yo 'yung pagsalimbay nun dun. At—at bumaling lang pabalik dito sa Kasulatan at makikita n'yo mismo ngayon, kita n'yo, na bago pa noon mailatag ang patatagan ng sanlibutan.

222 Ngayon, sinasabi ng Biblia na si Jesus Cristo ang Cordero ng Diyos. Ngayon pakinggan n'yo itong maigi, para, sakali mang may ilan sa inyo na wala na bukas, para mapakinggan ang pagtatapos nito. Sinabi ng Biblia na si Jesus Cristo ang Cordero ng Diyos, pinaslang mula pa nung itatag ang mundo. Tama po ba? Kailan Siya pinaslang? Mula pa nung itatag. Ang mundo, at ito'y binubuo ng kumpol nang mga sumambulat na mga atom, na may pumilas mula sa araw sa ibayo, haya't bago pa 'yun. Haya't, bago pa kumalas ang isang atom mula sa araw, kung 'yun ma'y bulalakaw na pumilas mula sa araw, na daang-bilyong-trilyong-trilyong makatriluyong taon bago pa lumitaw ang isang liwanag na bulalakaw, si Cristo nga'y pinaslang na. Kapag ang dakilang kaisipan ng Diyos ay lumagi sa isang bagay, tapos na 'yun. Nung sabihin ng Diyos na, “Magkaroon,” tapos na 'yun. Yun ma'y abutin ng daang bilyong taon, 'yun ay tapos na doon pa lang nung bigkasin Niya ito. “At noong ang Cordero'y pinaslang bago itatag ang sanlibutan,” haya't ang siya ring Biblia, ang siya ring Espiritu ang sumulat at nagwika mismo, “Na ang ating mga pangalan ay nalagay sa Aklat ng Buhay ng Cordero bago pa itatag ang sanlibutan.”

223 Kaya 'yung sumulat ng awiting 'yun na, “There's A New Name Written Down In Glory,” maganda ang intensyon niya, pero wala siya sa kasulatan. Kita n'yo? Ang pangalan na 'yun ay naisulat na sa Kaluwalhatian noong ang mundo . . . noong bago pa magsimula ang mundo. Noong mapaslang ang Cordero,

ang mga pangalan nati'y nakalagay na sa Aklat ng Buhay ng Cordero.

<sup>224</sup> Hayaan—hayaan n'yong ibaling ko kayo sa isang munting Kasulatan dito. Maaari po bang manatili lang kayo ng isang saglit? Dumating lang ito sa isip ko ngayon. Sige't sisikapin kong bumaling dun. Di ko lang alam kung kakayanin pa. At ngayon pasensya na po kung napapanatili ko kayo rito nang matagal, haya't binanggit ko sa inyo na aabutin ng hatinggabi; kung di naman nakakaantala. Pero gusto ko—gusto ko lang na—na kunin ito, isang Kasulatan na lang para dun.

Bumuklat po kayo kasama ko sa Aklat ng Mga Taga-Roma, at gusto kong basahin n'yo ito kasama ko. Ngayon, tingnan po natin, Mga Taga-Roma, hinahanap ko lang po, heto na po. Ngayon dumako tayo sa Mga Taga-Roma 8, at—at umpisahan natin sa ika-28 talata ng ika-8 kabanata ng Mga Taga-Roma. At nais kong basahin n'yo ito nang may pananalangin kasama ko ngayon. Pakinggan n'yo ito kung ano ang sinasabi ng Diyos dito ngayon.

*At nalalaman natin na ang lahat ng mga bagay ay nagkakalakip na gumagawa sa ikabubuti ng mga nagsisiubig sa Dios, sa makatuwid baga'y niyaong . . . mga tinawag alinsunod sa kaniyang nasa.*

*Sapagka't yaong mga nang una pa'y kaniyang nakilala, . . .*

<sup>225</sup> Maaari po ba . . . Basahin n'yo ito't sabayan ako? "Sapagkat yaong . . ."

*Sapagka't yaong mga nang una pa'y kaniyang nakilala, ay itinalaga naman niya (buweno) na maging katulad ng larawan ng kaniyang Anak, upang siya ang maging panganay sa maraming magkakapatid.*

*At yaong mga itinalaga niya, ay kaniyang tinawag naman: at ang mga tinawag, ay inaring-ganap naman niya: at ang mga inaring-ganap, ay niluwalhati din naman niya.*

<sup>226</sup> Talagang mula pa mismo sa pagkatatag ng mundo! Nung tumunghay ang Diyos sa . . . Ngayon, ang pamamalakad ng Diyos sa Kanyang tungkulin ay hindi 'yung parang, sasabihin, "Buweno, ngayon, Ako'y magpupunta para . . . Oh, ano nang gagawin natin ngayon?" Kita n'yo? Walang . . .

<sup>227</sup> Alalahanin n'yo, ang di-pagkamatuwid, ang kasalanan, ay pagkamatuwid na binaluktot. Walang kakayahan ang diyablo na lumikha. Ang bawat isa ba, lahat ba'y, nauunawaan 'yan? Turo't aral 'yan dito sa iglesya. Walang kakayahan ang diyablo na lumikha. Ang magagawa lang niya'y baluktutin ang nilikha ng Diyos. Ngayon, ano ang pamamaluktot? Heto, lahat naman kayo'y mukhang nasa wastong gulang na, halos lahat. Sige't

pakinggan n'yo ito. Mga kasal na tayo. At kayo na mga kasal nang kalalakhian at kayo na mga kasal nang kababaihan ay namumuhay mismo kasama ang kanya-kanya n'yong asawang lalaki at asawang babae, at ang mga kababaihan ay nananatili mismo na animo'y di sila . . . Haya't sila'y turing na mga birhen, basta't nananatili kayong tapat sa asawa n'yong lalaki. Tama. Ngayon, legal po 'yan at nasa batas, at 'yan mismo ang tama. Itinalaga 'yan na magkaganoon ng Diyos. Pero kung magawa rin ng ibang babae ang ginagawa ng asawa mong babae; pero sa isa lang sa kanila, ikaw ay matuwid sa tingin ng Diyos; at ang siya ring gawa pero sa ibang babae, ika'y may kahatulan sa harap ng Diyos, ukol sa kamatayan. Ano 'yun? Pagkamatuwid na binaluktot, kita n'yo, binaluktot mismo ang pagkamatuwid. Ngayon, ang diyablo kasi'y di niya kayang lumikha, pero nababaluktot niya ang bagay na nilikha ng Diyos.

<sup>228</sup> Ano ba ang kasinungalingan? Katotohanan na binaluktot. May magsasabi halimbawa, "Oh, tingnan n'yo, Sabado ng gabi, alas nuwebe, oo, nasa Jeffersonville si Bill Branham," tama. "Nandun sa Antz's saloon, lasing," kasinungalingan. Ano 'yun? Ako'y nasa Jeffersonville. Totoo naman. Pero pagkamatuwid 'yun na binaluktot para maging kasinungalingan. Nakikita n'yo ba ang ibig kong sabihin? Kita n'yo, ang kasinungalingan ay tama na binaluktot. Dapat eksaktong sinabi kung nasaan ako. Ngayon, kung ang sinabi nun, "Sa simbahan, nangangaral," tama. Yun ay pagkamatuwid. Sinabi niya ang katotohanan. "Aba'y nasa bahay-inuman, naglalasing," kasinungalingan. Binaluktot; kita n'yo, katotohanang binaluktot. Nakikita n'yo ba ang ibig kong sabihin? Lahat ng di-pagkamatuwid ay pagkamatuwid mismo na binaluktot.

<sup>229</sup> Kamatayan, ano 'yun? Buhay, na binaluktot. Karamdaman? Kalusugan, na binaluktot. Ang dapat sana'y mainam ang lagay n'yo, at malakas kayo. Siyanga. Kung masakitin ka, ano 'yun? Ang kalusugan mo nga'y binaluktot. Kita n'yo? Yun nga 'yun mismo. Ano pa 'yun? Dati-rati batang-bata't, magandang mga kababaihan kayo; at malalakas, na matitikas na kalalakhian. Ngayon kayo'y nangungulubot na, tumatanda na. Ano po 'yun? Buhay, na binaluktot, kita n'yo, pero panunumbalik 'yun uli. Kita n'yo? Manunumbalik at manunumbalik nga. Pagpalain ang Pangalan ng Panginoon! Ipinangako mismo ng Diyos na ipanunumbalik 'yun. At kung papaano ngang kasigurado ito—ito (batid nga natin na narito ito), haya't kung gaano ngang kasigurado ito, ipanunumbalik at ipanunumbalik mismo ito ng Diyos. Ipinangako Niya 'yun at ipinanumpa pa mismo na 'yun ay gagawin Niya. Ganoon nga 'yun.

<sup>230</sup> Ngayon, paano, ano bang uri dapat tayo na mga tao? Ngayon pansinin n'yo kung papaano napangyayari ang mga bagay na ito. Ngayon, sila na sa una pa lang ay kilala na Niya, Kanyang tinawag; sila na tinawag Niya, Kanyang inaring-ganap sila.

Kailan? Bago pa itatag ang sanlibutan, bago pa magpasimula ang sanlibutan. Ngayon, kung kukunin natin ang Kasulatan na ito at patutunayan nang husto, aabutin tayo ng ilang oras para dun, pero di na natin—di na natin gagawin 'yan. Pero heto nga na ang lahat ng di-pagkamatuwid dito, at pagkamatuwid na binaluktot para maging di-pagkamatuwid. Yun ang ginagawa kasi ng diyablo.

Ngayon, pagdating n'yo sa edad ng pananagutan, at alam mo na ang mali at tama, ang dapat nga'y tumalikod ka mula sa pagkakamali mo. Dahil, isinilang ka sa kasalanan, inanyuan sa kasamaan, dumating sa sanlibutan na ang bukambibig ay kasinungalingan. Sapagkat kayo'y—kayo'y ipinanganak mismo dahil sa seksuwal na pagnanasa, at kaya naman kinakailangan n'yong maipanganak na muli, nang sa gayon ay tanggapin n'yo ang isang bagong Kapanganakan, upang pumasok sa Langit. Dahil, itong uri ng kapanganakan n'yo rito . . .

<sup>231</sup> Nakita n'yo kung saan malayong-malayo ang pagkalahis ng Jehovah Witness, dahil akala nila ang bagong Kapanganakan ay ang pagkabuhay na mag-uli nitong katawan? Kita n'yo, di ganoon. Kita n'yo? Kinakailangan na isang bagay 'yun na . . .

<sup>232</sup> Kayo, kayo nga'y narito sa espasyo ng panahon. At ang tanging bagay lang na Walang Hanggan ay isang bagay na wala itong pasimula ni wakas man. Anumang Walang Hanggan ay walang pasimula kailanman, anupa't walang katapusan mismo. Kita n'yo? Kaya kung kayo'y bahagi ng Diyos, 'yang Espiritu na nariyan sa inyo ay walang pasimula o kailanma'y hinding-hindi magtatapos, at kayo'y Walang Hanggan dahil diyan sa Espiritu na nasa inyo. Kita n'yo? Katulad ng—ng—ng pag-ibig na *Agapao*, pagkatapos bumaba 'yun sa pagiging pag-ibig na *phileo*, at pagkatapos bumaba sa pagiging pag-ibig na may pita ng laman. Haya't patuloy nga Iyon sa pagbaba nang pagbaba, nababaluktot sa bawat pagbaba hanggang sa maging kalipunan na lang ng sangkumpol na karumihan. Buweno, ang tanging paraan, bumaba si Jesus sa siya ring hagdan na 'yun, dito sa ibaba para hanguin at ipanumbalik patungo sa pinaka mataas na kalagayan, mula sa pinaka mababang kalagayan; mula sa kamatayan patungo sa Buhay, mula sa karamdaman patungo sa kalusugan, mula sa di-pagkamatuwid patungo sa pagkamatuwid. Kita n'yo? Siya'y nagpaging mula sa Pinaka Mataas tumungo sa pinaka mababa, nang sa gayon Kanyang madala ang pinaka mababa patungo sa Pinaka Mataas. Siya'y nagpaging ako nang sa gayon ako, sa pamamagitan ng biyaya Niya, ay mapaging Siya, isang tagapagmana ng Luklukan sa Kaluwalhatian. Nakikita n'yo ba ang ibig kong sabihin? Hayun ang mga bagay na 'yun.

Ngayon masdan. Doon-doon pa bago magpasimula itong mundong ito sa mga atom sa ibayo roon, noong makita mismo ng Diyos ang magaganap, doon nga'y nakita Niya kayo, nakita Niya

ako, nakita Niya ang bawat pulgas, ang bawat langaw, bawat palaka, bawat niknik. Lahat ng lilitaw sa lupa, nakita na Niya dun pa lang. Tunay, nakita na Niya.

<sup>233</sup> Ngayon, hindi nga Niya sinabi, “Isusugo Ko ang Anak Ko sa ibaba at itutulot Siya na mamatay, at marahil may ilang tao na maaawa sa Kanya. At magiging kaawa-awang kalagayan ’yun, kaya marahil may ilan na maliligtas dahil dun.”

<sup>234</sup> Haya’t pauna na Niyang nalalaman kung sinu-sino ang maliligtas! Siyanga, po. Sabi Niya, “Si Esau ay kinapopootan Ko, at si Jacob ay iniibig Ko,” bago pa man nila mapatunayan ang kani-kanilang sarili, dahil nakikilala na Niya kung ano sila noon pa man. Alam na Niya. Lahat ng bagay ay alam na Niya. Alam na Niya ang mga gagawin mo, bago ka pa ipinanganak, o bago pa man nagpasimula ang mundo.

<sup>235</sup> Ngayon tingnan n’yo. Gaya ng alam n’yo, isa akong—isa akong—isa akong mamamaril. Mahilig ako—mahilig ako sa mahahabang baril. At may babae sa Texas, sa palagay ko siya’y taga-Texas, na binilhan ako ng isang Swift, isang dos-beinte na Swift. Talagang gustung-gusto kong magkaroon nun. Gusto kong usisain ’yun. Isa ’yun sa pinaka malalakas na baril para sa pangangaso. Ang gamit nun ay beinte-dos na bala, kuwarenta’y otsong grano na bala. At puwede mo raw ikarga ’yun. Ngayon, sabi ng pabrika, “Mas mainam na huwag; delikado masyado.” Pero puwede mo raw ikarga ’yung bala na ’yun at itakda sa limang libong talampakan kada segundo, at kakayanin nun. Limang libong talampakan kada segundo, isang milya nga ’yun kada segundo. Sa madaling sabi, kahit may lawin na nakadapo, nang dalawang-daang yarda ang distansya. Babarilin mo ’yung lawin, makikita mo pa ’yung mga balahibo nun na lumilipad-lipad bago pa sumikad ’yung baril sa iyo. Kita n’yo? Haya’t, pero kung kukuha ka halimbawa, nung palapad na bahagi ng palito, at ikakarga mo ’yung pulbura mo, at magsasalin ka dun nang *ganoon* pang karami dun, tamang-tama lang na didikit ’yun sa palito; tapos babarilin mo ’yung groundhog na nakaupo sa kabilang dulo ng gusali rito, siya nga’y mauupo lang dun at mapapatitig sa iyo. Anong nangyari? Madudurog ’yung bala, masyadong mabilis kasi, hin- . . . At kahit maglagay ka ng sapin sa pagitan dito at doon, haya’t wala ka ngang makikita na kahit munting tira-tira na mahuhulog dun sa sapin. Manunumbalik kasi ’yun; hindi sa—sa pagiging abo, abo ng bulkan, kundi mas maliit pa dun. Manunumbalik nga ’yun sa pagiging orihinal na asido nun na bumubuo sa tanso at tingga na sangkap nun. Yun nga’y manunumbalik sa kung ano ’yun daang-bilyong taon ang nakararaan. Ngayon, heto halimbawa ang isang maliit na bala, kuwarenta’y otsong grano na bala na hawak ko kunwari sa kamay ko, at ilang segundo lang ay manunumbalik sa kung ano ’yun daang-milyong taon ang nakararaan. At kung ang mundo nga’y mananatili ng isa pang daang-milyong taon, ’yun nga’y

magiging bala uli, maaaring gawing bala muli, dahil 'yun nga'y mag-aanyong tanso uli.

<sup>236</sup> Ngayon tingnan n'yo nga ang ginawa ng Diyos, at heto nga na iibigin n'yo talaga Siya. Mangyari ngang uuwi kayo, at sa kinaumagahan medyo atrasado na kayo natulog. At—at inyo—at inyo talaga Siyang mamahalin nang higit-higit kahit kailan. Ngayon, ang Diyos ay isang Kontratista. Ilan ang nakakaalam n'yan? Isa Siyang Tagapagtayo. Buweno. Pakinggan n'yo itong maigi. Ngayon, ang Diyos dun noon, o, gaya ng sabi. . . Ngayon kukunin natin ang ideya ng mga kronolohista patungkol dito. Ang Diyos, daang-bilyong taon ang nakaraan, nung Kanyang lalalangin ang mundo, buweno, sinimulan Niya 'yun. Ngayon, mayroon na nga Siyang . . . May ideya na Siya sa isip Niya.

<sup>237</sup> Ngayon sasabihin n'yo, “Kung ganoon Siyang kadakila, Kapatid na Branham, papaanong napahintulutan Niya ang diyablo na gumawa ng kasalanan?” Buweno, alam na Niya, bago pa ginawa ang diyablo, na ito'y susulpot na isang diyablo. Luwalhati! Ngayon talagang nararamdaman kong napupuspos ako. Oh, grabe! Alam na Niya, bago pa magkaroon ng diyablo, na ito'y magiging diyablo. Ngayon itatanong n'yo, “Ano nga bang mayroon?” Sasabihin n'yo, “Bakit Niya pinahintulutan ito na maging diyablo?” Haya't upang mapatunayan na Siya ay Diyos. Yun ang dahilan kung bakit ginawa Niya 'yun. “Bakit may di-pagkamuwid? Bakit?”

<sup>238</sup> Ano ba ang nauna, Tagapagligtas o makasalanan? Ano ang nauna? Tagapagligtas. Ano ang nauna, Tagapagpagaling o tao na may sakit? Bakit pinahintulutan pang magkaroon ng isang makasalanan? Dahil ang katangian Niya'y isang Tagapagligtas. Kung walang makasalanan, hindi Siya makikilala bilang isang Tagapagligtas. Hallelujah! Magagawa nga Niya na ang lahat ng mga bagay ay uminog sa palibot ng Kanyang kaluwalhatian. “Masasabi ba ng magpapalayok. . . O, masasabi ba ng palayok sa magpapalayok, 'Bakit ganito ang pagkakagawa mo sa'kin?’” Sino ba ang nandun sa paikutan? Sino ba ang may hawak sa malagkit na putik? Sa kaninong kamay ito naroon? Sabi ni Pablo, “Oh, hangal, hindi ba't sinabi Niya na itataas Niya si Faraon para sa mismong kadahilanan na 'yun?” Tunay. Alam na Niya. Bago pa man magkaroon ng mundo, alam na Niya kung magiging ano ang bawat ano. At haya't itinulot Niya na magkaroon ng kasalanan, para mahayag Siya na Tagapagligtas. Itinulot Niya na magkaroon ng karamdaman, para mahayag Siya na Tagapagpagaling. Itinulot Niya na magkaroon ng poot, para mahayag Siya na Pag-ibig. Tunay, ginawa nga Niya. Siya ay Diyos, at 'yun ang mga katangian Niya. At marapat lamang na may mga bagay Siya para ihayag ang mga katangian Niya.

<sup>239</sup> Papaano n'yo malalaman kung may gabi, papaano n'yo malalaman kung mayroong ganun? Kung panay liwanag ng umaga, papaano n'yo malalaman na may gabi? Mayroong gabi,

para mapatunayang may liwanag sa umaga. Tunay, mayroon. Amen. Nakita n'yo na kung anong ginawa Niya?

<sup>240</sup> Pero nung naroon Siya noon, bago itatag ang mundo, bago Niya kunin ang matandang araw na ito at painugin 'yun sa palibot ng matandang bituwin na ito na naabutan natin ngayon sa buhay natin, itong daigdig, tapos inanyuan Niya 'yun dito sa tabi nung araw, at inilagay sa palibot ng araw. Sabi, *heto* ang araw. Inanyuan Niya 'yun sa bahagi *rito*, at isinabit doon nang daang-bilyong taon. Ano 'yung nililikha Niya? Ilang mga gas. Bumaling Siya rito sa kabilang bahagi naman *dito*, lumikha Siya ng iba pa. Ano 'yung nililikha Niya roon? Ilang potash. Bumaling Siya sa kabilang bahagi *rito*, at ano 'yung nililikha Niya roon? Lumilikha ng ilang calcium. Ano 'yung nililikha Niya? Nililikha Niya kayo at ako. Ano 'yung nililikha Niya? Katulad nga sa isang kontratista na inilalatag niya 'yung lahat ng mga dos-por-kuwatro niya't mga dos-de-otso niya, panlatag niya, panggilid niya, haya't alam nga niya kung ilang gusali ang itatayo niya mismo. At binubuo nga tayo ng labing-anim na elementong sangkap ng lupa, at nililikha Niya tayong lahat, at inilalatag tayo roon bago pa magkaroon ng sanlibutan. At Kanyang. . . Siguro'y hugis bilohaba pa nung panahon na 'yun; di ko alam kung ano. Anong dahilan at lumilikha Siya ng ginto, at tumbaga, at tanso, at tubig, at lahat ng mga bagay na 'yun? Siya kasi'y Kontratista. Kanya marahil. . . Ang Tagapagtayo, inilalatag nga Niya ang lahat doon sa abang, na ang lahat ay tinabas na't hinubog na mismo. Nung magawa na Niya lahat, nung una nga'y isang malakas na malaking pagsabog lang ng bulkan. Ibinunsod Niya na 'yung matatandang mga bulkan ay humudyat sa pagkulo nang daang-milyong taon, para gumawa ng calcium. Ano 'yun? Bahagi mo.

<sup>241</sup> At pagkatapos, bago magkaroon ng isang tuldok man ng buhay sa ibabaw ng lupa, ang mga katawan nati'y nakahimlay na rito. Hallelujah! Bago pa magkaoon ng isang patak man ng tubig sa ibabaw ng lupa, naroon na tayo na nakahimlay rito. Nung si Adan ay lumakad nang paroo't parito sa halamanan ng Eden, naroon na ako't nakahimlay rito. Amen. Siyanga, po. Oh, luwalhati! Nung ang mga Kerubin, ang mga tala sa umaga'y magkakalakip na nag-awitan, at ang mga anak ng Diyos ay sumigaw sa galak, nakahimlay na ako rito na naghihintay lang sa hininga ng buhay na dumating. Narito na ako. Nilikha Niya ako rito, inilatag na ang katawan ko rito. Siyanga, po. Kung hindi, saan 'yun galing? Huh? Papaano 'yun napunta rito? Ang Diyos nga'y inilatag na ito rito. Ginawa na mismo ng Diyos. Binubuo tayo ng labing-anim na elementong sangkap: petrolyo, potash, at kosmikong liwanag, at kung anu-ano pa. Kita n'yo, nakahimlay na tayo noon pa man dito.

<sup>242</sup> Pagkatapos anong nangyari? Pagkatapos nga'y sinabi ng Diyos sa Espiritu Santo, haya't isasalaysay lang natin nang pa-

simbolo, “Ngayon humayo Ka, at makipagniig Ka na may pag-ibig sa daigdig. Dahil, Ako’y pag-ibig, at Ika’y gawang galing sa Akin, kaya ngayon humayo Ka’t makipagniig na may pag-ibig sa daigdig.” At ’yung malaking Espiritu Santo, kung atin ngang ipapalagay, ay lumabas doon; haya’t isinasalarawan lang natin ngayon. Di saktong ganoon mismo. Dahil, ang Espiritu Santo at ang Diyos ay ang siya ring parehong paglayon, siya ring parehong paglayon, Persona. Pasensya na po. At sabihin na lang natin na Kanyang iniladlad ang Kanyang mga pakpak sa palibot ng daigdig, Siya’y nagsimulang lumimlim. Ano ’yung lumimlim? Katulad nga ng isang inahing manok sa mga manok niya, kumukurukok, nakikipagniig nang may pag-ibig, “Kuk, kuk, kuk.” Oh!

<sup>243</sup> “Oh buhay, lumitaw ka!” Siya nga’y sumigaw. Tumingin Siya sa paligid. “Ang ninanais Ko’y kagandahan sa lupang ito. Lumitaw ka, liwanag!” Hayan nga mismo ang Espiritu Santo na kumikilos. At nung magawa na Niya, napatingin ako; heto nga na parating, may langitngit na pumilas pababa ng burol sa ibayo, haya’t lumitaw dun ang ilang calcium na bumubuhos, at humahalo roon sa potash. Ano ang inilaladlad nun? “Buhay, lumitaw ka!” Tapos may munting bulaklak ng Pagkabuhay na idinungaw ang ulo nito mula sa ilalim ng bato. “Dali, Ama, Iyo ngang pagmasdan ’yun.”

<sup>244</sup> “Kay inam. Sige’t magpatuloy Ka lang sa paglimlim.” Siya nga’y lumimlim para palitawin ang mga bulaklak. Pinalitaw Niya ang lahat ng mga halaman. Pinalitaw niya ang buhay ng hayop. Lumitaw ang mga ibon na lumilipad mula sa alabok. Di katagalan, lumitaw ang lalaki’t babae; lumitaw ang tao, at ang tao ay nagkalakip na lalaki’t babae. Hindi po binabae, siyanga. Haya’t, hayan nga sa kanya, may espiritung ukol sa babae.

<sup>245</sup> Kung kukuha ka nga ng isang lalaki na sobrang lambot, siya nga’y ayos lang, tama ang pagkakabalanse, pero may kung ano na mali sa kanya. At kung kukuha ka ng isang babae, na hilig na magputol ng kanyang buhok at magsuot ng pares ng overall, at tutungo roon, at, “Pagpalain ang Diyos, sinasabi ko nga sa inyo!” May kung anong bagay na mali. Ang babae kasi’y nasa kanya ang espiritung ukol sa babae, at ang lalaki nama’y nasa kanya ’yung ukol sa lalaki. Alam natin ’yan. At alam na alam n’yo ’yan. Tama ba ’yun na ang babae, ipagpipilitan niya, na umakto na gaya ng isang lalaki?

<sup>246</sup> Aba’y, nakaupo ako isang beses, dati akong naging tanod dito sa reserbasyon, at nakaupo ako noon sa bus at sumampa ako roon sa sasakyan at tinatapik ko ang isang babae sa binti niya, gamit ang kamay ko, nakikipag-usap ako sa kanya, at di ko man lang alam na babae pala ito. Nakasuot kasi siya nung cap na gamit ng welder, at may malalaking pares ng goggles na parang *ganoon*, at nakaupo ako sa likod, at may ikinukuwento siya tungkol sa isang trabaho na katatapos lang. Sabi niya, “Alam



mo,” at sabi niya, “at nung kagabi nga,” talagang brusko ang kilos ng babae, naninigarilyo pa. Sabi niya, “Nung kagabi nga, sinasabi ko sa’yo, nadulas ’yung lalaki, sa ibabaw nung bagay na ’yun. Napabulalas na lang ’yung lalaki, ‘Naku!’ Hayun siya’t tuluy-tuloy na dumausdos pababa roon.” Sabi, “Grabe’t noon pa lang yata ako humagalpak nang ganoong sobrang tawa.”

<sup>247</sup> At natawa rin ako, alam n’yo, nang *paganoon*. Sabi ko, “Naku, iba rin talaga, ano?” Nakaupo dun nakikipag-usap nang paganoon. At kung di niya tinanggal ’yung nasa ulo niya’t umiling-iling, at mahahalata mo sa itsura ng buhok niya, na babae pala siya. Doon pa lang ako nakaramdam ng sobrang panliliit sa sarili ko sa buong buhay ko. Sabi ko—sabi ko, “Babae ka pala?”

Sabi ng babae, “Aba, oo naman!”

<sup>248</sup> Sabi ko, “Pasensya na po.” Wala pa kasi akong nakikitang ganoon. Ngayon, ’yun, totoong nangyari po ’yun.

<sup>249</sup> May nakita akong karatula nung isang araw, na para ngang natuwa ako kahit paano. Napakalaki nung karatula’t, sabi, “Mga binibini handa nang magsuot ng damit.” Sa isip-isip ko, “Purihin ang Diyos dahil diyan.” Kita n’yo? Pero, nalaman ko, na kung anong uri pala ’yun ng damit na gawa na nila, alam n’yo. Akala ko—akala ko ang mga binibini’y pinagsusuot na talaga ng marapat na damit. Akala ko nga. Sabi, “Mga binibini handa nang magsuot ng damit.” Sabi ko, “Purihin ang Diyos dahil diyan. Mainam ’yun. Haya’t, tunay ngang pinasalamatan ko ang Panginoon dahil diyan.” Pero, kita n’yo, kung anong uri lang pala ’yun ng damit na gawa na nila, kung ano ngang uri. Katawa-tawa nga, di po ba, lalo na sa bansang ito? Buweno.

<sup>250</sup> Pagkatapos nung lumitaw si Adan. At si Adan nga’y parang malungkot sa kanyang pag-iisa, kaya kumuha ang Diyos ng isang tadyang mula sa tagiliran ng lalaki at ginawa si Eba, na kakambal na likha mula sa orihinal na produkto para sa lalaki. Ginawa ng Diyos. . . Kinuha ng Diyos ang espiritung ukol sa babae mula kay Adan, at inilagay ’yun sa babae, ang espiritung ukol sa pag-ibig, may kalikasang babae, mabait, maamo. At iniwan ng Diyos na manatili ang espiritung ukol sa lalaki kay Adan. Ngayon, kung may bagay na iba, may pagbabaluktot kung saan. Ngayon, at heto nga na ang dalawa na ’yun ay isa.

<sup>251</sup> At sige’t magpakita lang tayo nang kaunting pagsasadula rito bago tayo magtapos. Heto’t dumarating. . .Heto, si Adan nga’y nakaalalay kay Eba sa bisig nito at naglalakad sila roon. Talaga pong gustung-gusto ko ang kuwentong ito. At sila nga’y naglalakad-lakad doon, alam n’yo. Tapos sabi ni Eba, “Oh, mahal, mayroon ka palang ganyan?”

“Oo, pinangalanan ko ’yan.”

“Pero anong tawag mo riyan?”

“Yan ang kabayo. Uh-huh.”

“Ano naman ’yun?”

“Yan naman ang baka. Uh-huh.”

“Ikaw ang nagpangalan?”

“Oo. Uh-huh.”

252 “Ano naman ang tawag mo dun, sa dalawang ’yun na nakadapo roon na ang ulo nila’y nakasandal sa isa’t isa?”

“Lovebird ang tawag diyan.”

253 “Oh, ganoon pala. Ganoon pala.” At nagpatuloy pa. “At ano naman itong narito?”

“Ang tawag ko diyan, *ganoon*, at ito naman dito.”

254 At, “Oh, ganoon pala. Uh-huh. Ang ganda.” Tapos may umatungal na leon. “Ano naman ang tawag mo roon?”

“Leon ’yun.”

“Ano naman *ito*?”

“Tigre ’yan.”

255 At, oh, parang. . . “Oh, ganoon pala.” Parang mga kuting, alam n’yo, at ngumingiyaw-ngiyaw.

256 Tapos, kaunting sandali pa, tumingin ang babae sa paligid. Sabi niya, “Mahal, tumingin ka roon, lumulubog ang araw. Oras na para manambahan.”

Alam n’yo, may kung anong bagay nga kapag lumulubog na ang araw, may pagnanais kang sumamba. Kung di man kayo makapunta sa simbahan sa gabi, may pagnanais ka talaga na pumasok sa isang silid, magbasa ng Biblia. Ilan ang may pagnanais na gawin ’yung ganoon, na dumulog nang mag-isa? Kita n’yo? Nasa kaibuturan talaga ng tao na gawin ’yun. Marapat lamang na gawin n’yo ’yun.

“Oras na para manambahan.”

257 Ngayon, di nila sinabi kailanman, “Ngayon, sandali lang ngayon, ngayon, si Jones kasi’y kaanib sa Assemblies, at kaanib naman tayo sa. . .” Hindi po, di ganoon ang pangyayari noon, haya’t nagtungo lang sila roon. Wala silang gusaling-simbahan, ni kumportableng upuan na maupuan nang ganoon. Nagtungo lang sila roon sa ilalim nung mataas na malaking katedral ng kakahuyan, at lumuhod.

258 At ’yung Halo ay nakapailanlang dun sa mga palumpon. Kita n’yo? Nauulinigan ko nga ang isang Tinig na nagsasalita’t ang sabi, “Natuwa ba ang Aking mga anak sa lupa, ngayong araw na ito, na ibinigay ng Panginoon n’yong Diyos sa inyo?”

259 “Opo, Panginoon, natuwa kami ngayong araw na ito.” “Hindi ba, mahal?”

260 “Oo. Oo, mahal, natuwa tayo.” “Panginoon, lubos-lubos po kaming nagpapasalamat sa Iyo. Ngayon hihimlay na po ako sa pagtulog.” Kita n’yo? At iniusli ng lalaki ang malapad niyang braso’t, ang babae nga’y dumantay roon, sa bisig ng lalaki, at kanyang pinahiga na ang tigre at ang leon, at ang lahat para matulog na; haya’t payapa mismo.

261 Pagkatapos ang Diyos nga’y bumaba’t isinama Niya, oh, ang isang grupo ng mga Anghel, si Gabriel, ang Kanyang mga likha sa Langit. Haya’t nanaog sila’t humakbang-hakbang sila nang patiyad at banayad lang papasok sa silid tulugan, kita n’yo, nagbantay sa paligid. Sabi ni Gabriel, “Halika po, Ama. Halika po rito. Halika po. Tingnan dito. Heto siya. Heto, dito natutulog ang Iyong mga anak haya’t nakahiga sila rito.”

262 Ilan po sa inyo ang ugali na magtungo sa tabi ng highaan, kayo na mga nanay, kayo at kasama pa n’yo si tatay, at inyo ngang pinagmamasdan si munting iho, at munting iha, tapos nagbubulungan sa isa’t isa, “Hindi ba’t—hindi ba’t kamukha mo siya, sa anggulong *ito* at sa anggulong *iyon*?” Nasubukan n’yo na ba ’yun? Hayan nga’t, maraming beses na nagpupunta ako at sinasabi ko kay Meda, magsasabi patungkol kay Joseph. Sasabihin niya, “Bill, nakuha niya ’yung malapad na noo mo.”

263 “Oo nga. Pero, Meda, nakuha naman niya ang malalaki niyang mata sa iyo.” Bakit? Bahagi kasi siya ng aming bu- . . . Siya’y bunga ng aming—aming pagsasama.

264 Ngayon, pagkatapos sabi ng Ama, masasabi ang ganun din sa situwasyon na ’yun. Sabi, “Alam Mo. . .” At sabi ni Gabriel, “Alam Mo po, siya nga’y kawangis Mo.” Ganyan nga ang itsura ng Diyos; tingnan n’yo ang sarili n’yo. Ganyan nga ang itsura ng Diyos. Kawangis n’yo Siya. Kayo’y mga supling Niya. Ilan ang nakakaalam n’yan? Kita n’yo?

265 Ngayon masdan. Ano ang pinakamababang anyo ng buhay? Palaka. Ano ang pinakamataas na anyo ng buhay? Tao. Tunay. At ano ang pinakamataas na anyo? Haya’t tumugaygay nga mula sa pinakamababa, pataas, mula sa isang palaka patungo sa *ganito* at sa *ganoon*, at patungo sa ibon, hanggang, sa iba’t iba pa, sa matataas na anyo ng buhay, hanggang sumapit sa pinakamataas na anyo na mararating nun, na anupa’t nilikha ’yun sa larawan mismo ng Diyos. Hayan nga. At ang babae’y di nilikha sa larawan ng Diyos, bagkus sa larawan nung lalaki. Kita n’yo?

Ngayon, ngayon, hayan sila. At pinagmasdan sila ng Diyos, sabi, “Oo, kalugud-lugod ang kanilang—kanilang itsura.”

266 Ano ’yun, kapatid? Di nga sila mamamatay. Nagsimula nga sa unang sandakot na calcium, at unang potash, at kung anu-ano pa’t nagpasimula sa ganun. Hindi ba’t kalugud-lugod ’yun? Pero umeksena nga ang kasalanan at pinapangit ang larawan. Ngayon, ang Diyos ba’y . . . Ano’t hinayaan ’yun ng Diyos? Bakit

Niya ipinahintulot na magkaganoon gaya nga sa ipinapangusap natin kanina? Ipinahintulot Niya 'yun nang sa gayon ay Kanya mismong mapatunayan na Siya'y Tagapagligtas. Kanya ngang ipinahintulot. Ipinahintulot Niya na magkaroon ng sakit, nang sa gayon mapatunayan Niya na Siya'y Tagapagpagaling. Ipinahintulot Niya na magkaroon ng kamatayan, nang sa gayon mapatunayan na Siya ay Buhay. Kita n'yo? Ipinahintulot Niya na ang lahat ng masasamang bagay na ito'y mangyari, nang sa gayon mapatunayan na Siya'y mabuti, kung ano mismo Siya. Tayo'y . . .

<sup>267</sup> Lagi n'yo ngang nababanggit ang pag-awit ng kuwento ng pagtutubos! Aba'y, kapatid, sa pagdating ni Jesus, itong—itong Iglesya nga'y tatayo roon sa ibayo sa pinaka hangganang gilid nitong mundo at aawit ng mga kuwento ng pagtutubos, sa oras na 'yun na ang mga Anghel ay magyuyuko ng kanilang ulo, dahil di nila nalalaman at ating sinasambit doon. Buweno, di kasi nila naranasan na mapahamak maligaw. Hindi nila alam ang ating pinagdaanan. Pero tayo nga'y alam na alam natin ang pakiramdam ng napahamak naligaw at matagpuan. Oh, tayo nga'y abot-abot ang pagsigaw ng mga papuri sa Kanya sa oras na 'yun! Di Siya Tagapagligtas para sa kanila. Di naman nila kailangan ng anumang pagliligtas. Di Siya Tagapagpagaling sa kanila. Hindi. Maluwalhati! Di Siya—di Siya Buhay sa kanila. Tunay ngang hindi. Di kasi nila naranasang maging patay sa pagkakasadlak sa kasalanan at mga paglabag. Pero tayo'y naranasan natin, at tayo'y pinaging buhay. Hayan nga tayo. Ano kaya ang sasabihin natin, sa paghubad natin ng putong, “Oh, ikaw si *Rev. Ganito-at-ganoon*”? Hindi, hindi, hindi, hindi, hindi. Lahat kasi ng kaluwalhatian ay itatagubilin sa Kanya! Ganoon nga. Hayan nga. Pagkatapos ay isasaysay natin ang kuwento kung papaano tayo nagtagumpay. Mauunawaan natin 'yun nang mas mainam sa pagtugaygay at sa pagtugaygay.

<sup>268</sup> Pagkatapos, pagkatapos nga roon, pagkatapos ay ano ang nangyari? Basta na lang ba sinabi ng Diyos, “Buweno, siguro'y sisirain Ko na lang itong lahat ng potash Ko at calcium. Tatal pumangit na ito”? Hindi, hindi. Alam Niya kasi na magiging ganoon 'yun.

Ngayon, ngayon, kung nilikha ako ng Espiritu Santo sa kung ano nga ako, at kumakain ako ng pagkain at inilalagay ko 'yun sa katawan ko, at heto ako na pumupunta 'yun sa katawan ko't pinagiging ano ako ngayon. Ngayon, gayong, sa una ako'y nilikha sa isang anyo. Bawat larawan na nakita ng Diyos, bago itatag ang sanlibutan, ay sumapit sa hustong gulang, umiral na magka-anyo. Kita n'yo? Iniluwal nga 'yun ng babae, gaya ng sinabi Niya na mangyayari; sa kasunod naman, nagbuhat mula sa Diyos. Nagbuhat 'yun sa panahon na 'yun, sa pamamagitan ng babae; nagbuhat ngayong panahon na ito, sa pamamagitan naman ng Lalaki. Kita n'yo? Iniluwal nung panahon na 'yun, sa

pamamagitan ng seksuwal na pakikipagniig; nagbuhat naman sa panahon ngayon sa pamamagitan ng binigkas na Salita ng Diyos. Kita n'yo?

<sup>269</sup> Kaya, ngayon, may bagay bang makasasama sa akin? Wala, po. Walang makasasama sa atin. Sabi ni Pablo, "Maging sa mga bagay man sa kasalukuyan, mga bagay na parating, sakit, kamatayan; walang makapaghihiwalay sa atin mula sa pag-ibig ng Diyos na nakay Cristo." Walang bagay na makapag hihiwalay sa atin.

<sup>270</sup> Gaya ng naikuwento ko na. Heto po't limang hibla na lang ng buhok ang layo ko sa pagiging ganap na kalbo, siyanga. At akin ngang sinusuklay ang mangilan-ngilan na 'yun dito di pa katagalan, sabi ng maybahay ko, "Billy, halos kalbo ka na."

Sabi ko, "Pero wala akong naiwaglit maski isa sa kanila."

Sabi niya, "Nasaan na kung ganoon?"

<sup>271</sup> Sabi ko, "Nandun nga sila sa dako bago ko sila makuha?" Kita n'yo? "Nandun sa dako bago ko sila nakuha."

Ngayon, may isang beses, sandaang taon ang nakalilipas, na ang mga buhok na ito'y wala rito mismo, anupa't narito ang mga ito noon sa alabok. Tama ba? Pagkatapos nang mga halos limampung taon ang nakalilipas, nagsimula silang mapunta sa ulo ko. Saan sila nanggaling? Mula sa alabok. At ngayon sila nga'y bumabalik lang sa kung saan sila nanggaling noon. Tama po ba? Wala sila noon, pagkatapos narito, at ngayon ay wala na naman uli. Ano 'yun? Ano ang nagpaging sa kanila kung ano nga ba sila? Ang Diyos! Hayan nga Siya. May ipininta Siyang larawan, sabi, "Ganito ang itsura na nais Ko sa kanya."

<sup>272</sup> "Oh Kamatayan, nasaan ang iyong tibo? Libingan, nasaan ang iyong pananagumpay?" Siguro'y maililibing n'yo ako isa sa mga araw na ito mula rito. Di ko alam. Pero, kapatid, di ako patay. Sinasabi ko sa inyo. Hindi, po. Oh!

Babangon tayo! (Hallelujah!)

Babangon tayo!

Sa umaga ng muling pagbangon,

Sa panahon na ang rehas ng kamatayan ay mapuputol,

Babangon tayo, (Hallelujah!) babangon tayo!

Walang makahahadlang sa akin mula sa pagbangon. Wala ngang sapat na bilang ng diyablo sa buong impyerno ang makahahadlang sa akin sa pagbangon. Wala ngang sapat na ano mang bagay sa kung saan ang makahahadlang sa akin sa pagbangon. Taglay ko ang pangako ng Diyos. Taglay ko ang Espiritu Santo. Taglay ko ang Zoe, ang Walang Hanggang Buhay ng Diyos, na nakahimlay rito. Ang matandang patay na katawang ito'y nagmula roon, at nilimliman ako ng Diyos para

palitawin mula sa lupa. At kung Kanya nga akong nalimpliman noon na mapalitaw mula sa lupa . . .

<sup>273</sup> Nung sumapit nga ako sa edad na nakakaintindi na ako, ngayon, sa tuwing may naririnig akong pagtunog ng kampana ng simbahan, may Bagay na nangungusap sa akin, nung munti pa lang akong batang paslit. May Anghel na nangusap sa akin mula sa palumpong, sabi, “Huwag kang iinom ng alak kahit kailan o maninigarilyo man. May ipagagawa Ako sa iyong gawain. Huwag mong dudungisan ang iyong katawan, o ikaw ay pupuslit na may kasamang babae at iba pang bagay. Ikaw, may bagay Ako na ipagagawa sa iyo pagtanda mo.”

“Sino Ka po? Sino Ka po?”

<sup>274</sup> “Malalaman mo rin kalaunan.” Makalipas ang panahon, heto nga Siya na dumating. Nakapailanlang Siya dun nung may binabautismuhan ako. Ipinakita Niya ang Kanyang Sarili. Kanya ngang ipinahayag ang Kanyang Sarili. Tumugon Siya. Nakita ko Siya na nakatayo roon, sa lahat ng dako, saan man ito.

<sup>275</sup> Kaya papaano n’yo mapapangatwiranan, samantalang Siya mismo ang gumawa kung ano ako, nang wala akong ginawang pagpipili . . .? Haya’t di nga ako ang bumaling doon at nagsabi, “Ngayon, Charlie Branham, pakasalan mo si Ella Harvey at ako’y iluwal n’yo sa mundong ito.” Hindi, po. Wala nga akong ginawang pagpili roon. Diyos ang gumawa nun.

At kung ginawa Niya ako kung ano ako, na wala akong ginawang pagpili; papaano pa kaya, nung ang Espiritu Santo’y dumako para lumimplim sa akin, anupa’t tanging masasabi ko, “Opo, Panginoon, Ikaw ang aking Manlilikha. Iniibig Kita, at tinatanggap Kita bilang aking Tagapagligtas!” Papaano n’yo nga ako mapapanatili sa alabok? Hindi nga maaari, kapatid. Di maaari.

<sup>276</sup> Hindi inanyuan ng Diyos ang isang piraso man ng calcium na ito, o potash, o anupamang iba, na mauuwi lang sa—sa wala. “Lahat ng ibinigay sa Akin ng Ama, bago itatag ang mundo, ay lalapit sa Akin.” Whew! Pakiramdam ko nga’y gusto kong sumigaw; sa totoo lang po. “Lahat ng ibinigay sa Akin ng Ama, haya’t wala ni isa sa kanila ang mawawaglit, bagkus Akin nga itong ibabangon muli sa pagkabuhay na mag-uli.” Maririnig ko Siya na tatawag, sa oras na lalapit ako sa Kanya. Papaano nga nila ako mapapanatili sa alabok ng lupa? Wala ngang sapat na mga manlilibing sa buong mundo na maisisiksik ako sa lupa gamit ang pala, na mapapanatili ako sa alabok ng lupa. Ako’y babangon balang araw at tatayo sa wangis Niya, na nahugasan ng Dugo niya, ipinanganak sa Espiritu Niya! Hallelujah! Kahit akuin n’yo na ang lahat ng denominasyong gusto n’yo; ang akin ngang pipiliin ay si Jesus. Amen!

277 May lumapit sa aking ahente ng insurance noon. Si Wilmer Snyder, isang mabuti kong kaibigan. Sabi niya, “Billy, gusto kitang pagbentahan ng insurance.”

278 Sabi ko, “Mayroon na ako.” (Napatingin ang maybahay ko, na parang gusto niyang sabihin, “Ano’t nagsisinungaling ka, ikaw naman?”)

Sabi, “May insurance ka na pala?”

Sabi ko, “Oo, naman.”

Sabi, “Sa anong kompanya? Anong klase?”

279 Sabi ko, “Pinagpalang katiyakan, si Jesus ang tangan, oh, damang-dama ngayon pa lamang Banal na kaluwalhatian! Tagapagmana ng kaligtasan, sa Diyos mayroon nang katubusan, sa Kanyang Espiritu ay isinilang, sa Kanyang Dugo ay hinugasan.”

280 Sabi ng lalaki, “Mainam ’yan, Billy, pero di ka naman n’yan mailalagay sa libingan.”

281 Sabi ko, “Maihahango naman ako nito roon.” Hallelujah! Di ko na prinoproblema ang mailagay dun; ang mahango roon.

282 Kaya, heto’t kamit-kamit ko ang insurance na nagsasabi sa akin, “Dadalhin Ko. Lahat ng ibinigay sa Akin ng Ama ay Akin.” Di ko inaalala kung ano man ang nagawa ng tatay ko, kung ano man ang nagawa ng nanay ko, kung anu-anong bagay noon. “Lahat ng ibinigay sa Akin ng Ama ay magsisilapit sa Akin, at walang sinuman ang makalalapit maliban na palapitin siya ng Aking Ama.” Hallelujah! Bakit Niya sila pinalapit? “Pauna Kung nang nalalaman bago pa itatag ang sanlibutan. Noong Aking paslangin ang Cordero, pinaslang ko na rin siya kasama Niya.” Amen. “Itinalaga Ko na nung una ang Iglesya.” Ano ang may kamit ng pagtatalaga? Ang Iglesya. Papaano ka makapapasok sa Iglesya? “Sa pamamagitan ng isang Espiritu silang lahat ay binautismuhan sa iisang Katawan.” Alam na Niya, bago pa itatag ang sanlibutan, na tayo’y makakapasok. “At sila na nung una pa’y Kanyang nakilala, Kanyang tinawag. Sila na Kanyang tinawag, Kanyang inaring-ganap. Sila na Kanyang inaring-ganap, Kanyang niluwalhati na.”

283 Sa mga Aklat ng Diyos, tapos na Niyang ipinahayag na ako nga’y kakatagpuin Niya sa dako roon. Kaya walang malaking bilang ng mga diyablo ng impyerno ang makapupunta sa kung saang dako kundi ang hadlangan sila na makapunta roon, dahil sinabi na ’yun ng Diyos, at ’yun na ’yun. Kung daang-bilyong taon bago nabuo ang mundo, ang mga tala ng umaga’y nagsiawitang sama-sama’t ang mga anak ng Diyos ay sumigaw sa galak, bago itatag ang mundo, kita n’yo, bago pa mismo mata-. . . , at sila na mga Anghel at lahat dun ay tuwang-tuwa, sumisigaw dahil dun, bago pa itatag ang mundo, kaya papaano

ngang mapapanatili ako ng diyablo sa alabok ng lupa? Hindi nga maaari. Tama.

<sup>284</sup> Tingnan natin, ngayon. Malayang oras po ang mayroon ako, rito. Ang sabi'y dalawampung minuto na bago mag-alas onse. Ibig sabihin po'y dalawampung minuto bago mag-alas diyes pa lang. Tama ba, Kapatid na Wood? Siyanga po, dalawampung minuto bago mag-alas diyes. Ang lahat po ba'y masaya?

Oh, I feel like traveling on,  
I feel like traveling on;  
My Heavenly Home is bright and fair,  
And I feel like traveling on.

Oh, I feel like traveling on,  
I feel like traveling on;  
My Heavenly Home is bright and fair,  
And I feel like traveling on.

<sup>285</sup> Gusto n'yo ba ang mga lumang awiting gaya nun? Mayroon pa nga tayong isa pang luma noon na inaawit-awit natin dati, parang tungkol sa, "Biyaya't awa'y natagpuan ako. Doon ang Tala sa Umaga'y nagliwanag." Ano nga uli 'yun, Kapatid na babaing Gertie? Sige nga. Paano nga. . . . Ano nga uli 'yun, Kapatid na Neville? Basta, parang, "Biyaya't awa'y natagpuan ako. Doon ang Maliwanag na Tala sa Umaga'y ipinaaninag ang Kanyang. . . ? . . . sa palibot ko." Uh-huh. Oo. "Sa Krus." Sige't ibigay mo sa amin ang tipa nun, kapatid na babae, nung, *Near The Cross*. Inaanyayahan kita rito, Kapatid na Neville. Oh, gustung-gusto ko nga ang mga ito. Ilan ang talagang gustung-gusto itong mga luma't kinasihang mga awitin? Sa inyo na ang lahat ng patalon-talon-taas-baba n'yong mga boogie-woogie. Pero ito ang ibigay n'yo sa akin, "Dito sa dako na ito biyaya't awa'y natagpuan ako." Yun nga. Buweno, sige't nang marahan ngayon.

Jesus, keep me near the cross,  
There a precious fountain,  
Free to all, a healing stream,  
Flows from Calvary's mountain.

In the cross, in the cross,  
Be my glory ever;  
Till my raptured soul shall find  
Rest beyond the river.

<sup>286</sup> [Sinimulang ihiging ni Kapatid na Branham ang *Near The Cross*—Pat.] Oh, napaka ganda! Bulayin n'yo 'yun! Ano kaya kung walang Tagapagligtas? Ano kaya kung di natin taglay ang Salitang ito? Ano kaya kung di Niya kayo tinawag? Ano kaya kung di Niya kayo kilala noong una pa, at naroon kayo sa labas kasama ang iba pa sa sanlibutan ngayong gabi? Siya ba'y iniibig n'yo? Oh, naku! Huwag n'yo pong kalimutan ang mga gawain sa umaga, siyanga, nang alas nuwebe y media.



In the cross, in the cross,  
 Be my glory ever;  
 Till my raptured soul shall find  
 Rest beyond . . .

<sup>287</sup> Ngayon ibigay mo sa amin ang tipa ng *Room At The Fountain*. Heto po ang mainam na lumang awitin na ito, “May lugar sa may Bukal.” Ilang po ang nakakaalam nito? “Lugar, lugar, oo, may lugar, lugar sa may Bukal.” Sige’t sa pag-awit n’yo ngayon, tahimik lamang po na iabot ang kamay n’yo, sa katabi n’yo, at makipagkamay sa kapatid. Alam n’yo, may lugar po ngayon para sa lahat ng mga Methodist. May lugar para sa mga Baptist. May lugar para sa Pentecostal. May lugar para sa lahat na narito ngayon, sa may Bukal. Ilan po ang nakakaalam ng lumang awitin na ’yan? Oh, tunay alam n’yo nga. Ang ilan sa inyo’y matagal-tagal na rito ngayon, haya’t mainam na, lumang awiting Kentucky ito ngayon.

Room, room . . .

Makipagkamay po.

. . . yes, there is room,  
 There’s room at the Fountain for thee;  
 Room, room, yes, there is room,  
 There’s room at the Fountain for thee.  
 Oh, room, room, there’s plenty of room,  
 There’s room at the Fountain for thee;  
 Oh, room, room, yes, there is room,  
 There’s room at the Fountain for thee.

<sup>288</sup> Ngayon, may munting sorpresa po ako sa inyo. Lahat ng pinaka bagong mga pangangaral, at mga aklat, at lahat, may ibebenta po riyan sa likod ng simbahan, sa susunod na linggo, sa mga pagtitipon; mga teyp at lahat, at lahat po, na mainam ang pagkakalimbag. May ipupuwestong lamesa sa likod diyan sa likuran, sa isa sa mga silid. At ’yung mga limbag po, pinaka bagong mga pangangaral, at ilang mga maiinam na babasahin na orihinal na isinulat, na bagong mga limbag lang po, bagong edisyon, ipupuwesto ang mga ’yun dun, at sa—sa dulo ng gusali, sa susunod na Miyerkules ng gabi.

At umaasa nga tayo ng isang—isang mainam na panahon sa Panginoon. Pumunta kayo, isama po ito sa panalangin, ngayon. Ngayon, tawagan n’yo ang mga kakilala n’yo na may sakit at mga nagdadalamhati, sulatan n’yo sila ng liham kung maaari. Papuntahin n’yo sila rito. Atin lamang. . . Haya’t ang Diyos ay kikilos nang may kapangyarihan. At alam natin na gagawin Niya ’yan ngayon.

<sup>289</sup> At ngayon nilapitan ko nito-nito lang ang lahat ng kakilala ko, na may kung anong bagay. Na kung may kaunting bagay na dapat na maisantabi ngayon, alalahanin n’yo, nabanggit ko na sa inyo ito noon pa, na kailangan nating maituwid mismo. At

alam ko na alam n'yo na may ibang espiritu rito kaysa noon. Kita n'yo? Kita n'yo? Kita n'yo? Ganoon nga. Ngayon, huwag n'yo na itong papayagan pa. Inuutusan ko kayo mismo sa harap ni Jesus Cristo, na huwag na huwag n'yo na itong papayagan pa. Manatili kayo rito't ayusin, kita n'yo, siguraduhin n'yong ang lahat ay plantsadong-plantsado mismo't magpatuloy. Kayo po'y kapatiran. Kailanma'y hindi ang kapatid n'yong lalaki o kapatid n'yong babae ang may gawa ng kamalian na 'yan; ang espiritu po 'yun ng diyablo na sumisingit doon. Kita n'yo, siya nga'y palundag-lundag kung saan-saan. At patawarin n'yo ang kapatid na lalaki o kapatid na babae, at mabatid na si Satanas 'yun na sumisingit. Kung may kuwestiyonableng pakiramdam kayo, dali-dali n'yong alisin 'yun mula sa inyo, kita n'yo, dahil magdudulot 'yun ng kabulukan sa inyo. Oo, magdudulot nga. Kaya, sikapin n'yong lumayo mula sa ganoon. Lagi n'yo pong alalahanin.

There's room, room, plenty of room,

May lugar para sa mga Methodist, may lugar para sa mga Baptist, may lugar para sa Presbyterian. May lugar para sa lahat.

Room, room, yes, there is room,  
There's room at the Fountain for thee.

<sup>290</sup> Ilan po ang nakakaalala rito sa luma nating awitin ng pagpapauwi, ito po?

Dalhin mo lagi ang Pangalan ni Jesus,  
Puno ng lumbay at lungkot na musmos;  
Ito'y magbibigay sa iyo ng galak at ginhawa,  
Dalhin mo Ito saan ka man magpunta.

Kung puwede ka lang sanang manatili pa sa amin, Kapatid na Jeffreys, ikaw at si Kapatid na babaing Jeffreys, at ang mga kalalakhian, at lahat sila.

At sa Pangalan ni Jesus ay yumuko,  
Sa Kanyang paanan ay manikluhod; (Oh, ang ganda!)  
Hari ng mga hari sa Langit atin Siyang puputungan,  
Kapag ang ating lakbayin ay dumating na sa kalubusan.

Dalhin mo lagi ang Pangalan ni Jesus,  
Dalhin mo Ito bilang Kalasag sa araw na ito;  
Oh, kapag papalapit nang papalapit ang temtasyon,  
Sambitin mo lang sa panalangin ang Banal na Pangalang iyon.

Oh, gustung-gusto ko nga 'yun. Hindi ba't kayo nga rin? Ang kahanga-hangang Pangalan na 'yun ni Jesus! Ngayon, tayo po'y tumayo na ngayon, habang aawit tayo ngayon. Sige.

Take the Name of Jesus with you,  
Child of sorrow and of woe;  
It will . . . ( . . . ? . . . )

Oh how sweet!  
Hope of earth and joy of Heaven;  
Precious Name (Oh precious Name), Oh how  
sweet!  
Hope of earth and joy of Heaven.

<sup>291</sup> Ibang-iba talaga sa pakiramdam. Sige't iyuko na natin ang ating mga ulo ngayon, at, tumaimtim nang gusto, itaas natin ang isa nating kamay. Sabihin:

At the Name of Jesus bowing,  
Falling prostrate at His feet,  
King of kings in Heaven we'll crown Him,  
When our journey is complete.

Precious Name, Oh how sweet!  
Hope of earth and joy of Heaven;  
Yes, precious Name, Oh how sweet!  
Hope of earth and joy of Heaven.

<sup>292</sup> Habang nakayuko pa sa sandaling ito ang ating mga ulo, sabihin natin . . . [Sinimulang ihiging ni Kapatid na Branham ang *Take The Name Of Jesus With you*—Pat.]



*BAKIT HINDI TAYO ISANG DENOMINASYON?* TAG58-0927

(Why Are We Not A Denomination?)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Sabado ng gabi, Septiyembre 27, 1958 sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2020 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS

P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.

[www.branham.org](http://www.branham.org)

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS  
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)